# SURBEY NG
# KASAYSAYAN NG IGLESIA 2

A.D. 1517-2000

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall D. McElwain

Karapatang-ari © 2023 Shepherds Global Classroom

Isinalin sa Tagalog mula sa Ikatlong Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba’t-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Nilalaman

Pangkalahatang-Pananaw sa Kurso ........ 5

Mga Pangunahing Kaganapan sa Kasaysayan ng Iglesia ........ 7

1. Ang mga Nauugnay sa Gobyerno na Repormista A.D. 1517-1618 ........ 13

2. Iba pang Repormasyong Gawain A.D. 1525-1648 ........ 29

3. Rationalismo at Revival A.D. 1648-1789 ........ 49

4. Revival at mga Misyon A.D. 1789-1914 ........ 69

5. Ang Paghahangad sa Kabanalan A.D. 1835 – Kasalukuyan ........ 87

6. Isang Panahon ng Pagbabago Ang Ika-20 Siglo ........ 105

7. Mga Aral mula sa Kasaysayan ng Iglesia ........ 125

Mga Mungkahing Babasahin ........ 135

Tala ng mga Takdang-Aralin ........ 138

# Pangkalahatang-Pananaw sa Kurso

Ang kursong ito ay nagbibigay ng pambungad na surbey sa kasaysayan ng iglesia simula A.D. 1517-2000.

**Istraktura ng Aralin**

Kung pag-aaralan ito bilang isang grupo, salit-salitan ninyong basahin ang materyales. Maaari kayong huminto sa pagbabasa kapag may mga bagay na gustong talakayin. Bilang namumuno sa klase, tungkulin mo na panatilihin ang talakayan ayon sa paksang inyong pinag-aaralan sa materyales. Makakatulong kung mayroong limitasyon ng oras sa bawat talakayan.

Sa tuwing marating ninyo ang tanda na►, hayaang talakayin ng mga mag-aaral ang katanungan. Mahalagang ipakita kung paanong ang pag-aaral ng kasaysayan ng Iglesia ay napapanahon sa kalagayan ng simbahan ngayon. Halos karamihan sa mga **tatalakaying mga tanong** sa kursong ito ay hinihiling ang mga mag-aaral na i-ugnay ang kanilang mga natutunan sa kasaysayan sa kanilang kasalukuyang kalagayan. Mahalagang may sapat na oras para sa talakayan. Kung hindi ninyo ito gagawin, maaaring mabigo ang mga mag-aaral na i-ugnay ang kanilang pag-aaral sa kasaysayan sa kasalukuyang pangangailangan ng simbahan.

Mayroong itinakdang **proyekto sa kurso** para sa mga mag-aaral. Bilang namumuno sa klase, maaari mong matulungan ang mga mag-aaral na matagumpay na tapusin ang kurso kung palagi mo silang paalalahanan na gawin ang proyekto. Ang mga alituntunin para sa proyekto ng kurso ay nasa huling bahagi ng una at huling aralin.

Dagdag sa proyekto ng kurso, bawat aralin ay naglalaman ng **mga takdang aralin**. Ang takdang aralin ay dapat na gawin matapos ang aralin. Ibibigay ng mga mag-aaral ang kanilang natapos na gawain sa namumuno ng klase sa susunod na pagkikita para sa bagong aralin. Kung hindi nagawa ng isang mag-aaral ang isang aralin at ang mga takdang aralin nito, maaari niya itong tapusin sa ibang pagkakataon. Subalit, dapat na hikayatin ng tagapamuno ang mga mag-aaral na tapusin ang mga gawain ayon sa itinakdang oras upang mas marami pa silang matutuhan sa klase. Mayroong tsart na ibinigay sa likod na bahagi ng kurso upang maitala ang mga natapos na takdang aralin ng mga mag-aaral.

Mayroong pitong aralin para sa kursong ito. Bawat aralin ay tumatalakay sa malawak na paksa na mangangailangan ng 3-4 na oras. Kung maikli ang oras ng inyong pagtitipon, gawin ninyong dalawang sesyon ang bawat aralin. Gugulin ninyo ang 5 minuto para sa pagbabalik-aral sa mga mahahalagang puntos ng nakaraang aralin at magbigay rin kayo ng dagdag na sandali na mai-presenta ng mga mag-aaral ang mga sagot sa kanilang mga takdang-aralin.

# Mga Pangunahing Kaganapan sa Kasaysayan ng Iglesia[1]

**1517-1648 Ang Repormasyon**

**1516** Inilathala ni Erasmus ang Bagong Tipan sa wikang Griego.

**1517** Isinulat ni Martin Luther ang tinaguriang *Ninety-five Theses*.

**1525** Ang mga Anabaptists ay pinalayas mula sa Zurich.

**1525** Isinalin ni William Tyndale ang Biblia sa wikang Ingles hango sa wikang Griego.

**1536** Namatay na martir si William Tyndale ng dahil sa pagsasalin ng Biblia sa wikang Ingles.

**1534** Inalis ng Parlyamento ang simbahan ng Inglatera mula sa ilalim ng pamamahala ng Santo Papa.

**1536** Isinulat ni John Calvin ang aklat na *The Institutes of the Christian Religion*.

**1545-1563** Inilunsad ng Simbahang Romano Katoliko ang Konseho sa Trent (Kontra-Repormasyon)

**1563** Nailathala ang aklat na *Foxe's Book of Martyrs*.

**1610** Ang mga tagapagturo na tutol sa doktrina ng Calvinismo ay ibinuod ang mga doktrina ng Arminianismo sa *Five Articles*.

**1611** Ang King James Version ng Biblia ay nailathala.

**1618** Ang katuruang prinsipyo ng Calvinismo ay pinagtibay sa Synod of Dort.

**1618-1648** Tatlumpung Taong Digmaan

**1648-1789 Panahon ng Kaliwanagan**

**1648** Tinapos ng kasunduang pangkapayapaan sa Westphalia ang Tatlongpung Taong Digmaan.

**1678** Inilathala ni John Bunyan ang kanyang aklat na *Pilgrim's Progress*.

[1] Mga Pinagkunan:
Earle E. Cairns, *Christianity through the Centuries* (MI: Zondervan, 1996), 28-29
"Timeline: Important Dates in A.D. Christian History," Crosswalk.com, Oktubre 22, 2014, http://www.crosswalk.com/who-is-jesus/beginning-of-the-christian-church/timeline-important-dates-in-ad-christian-history-11542876.html (Hinango noong Mayo 14, 2021).

**1703-1791** Ang buhay ni John Wesley

**1720s-1740s** Ang tinaguriang Great Awakening sa Amerika

**1733** Nagsimula ang misyonerong gawain sa Moravia.

**1738** Nagsimula ang revival ng Methodist sa Inglatera.

**1780** Nagsimula sa Inglatera ang Sunday School.

**1784** Binuo ang Kapulungan ng mga Methodist.

**1789-1799** Ang Rebolusyong Pranses

**1789-2000 Ang Modernong Panahon**

**1794** Itinatag ang London Missionary Society na may mga misyon sa Afrika at sa kapuluan ng Timog Pasipiko.

**1790-1840** Ang ikalawang Great Awakening

**1793-1834** Si William Carey sa India

**1833** Pinawalang bisa sa Imperyong Britanya ang gawain ng pang-aalipin.

**1854-1905** Si Hudson Taylor ay pumunta sa Tsina.

**1855** Si D.L. Moody ay naging Kristyano

**1859** Inilathala ni Charles Darwin ang kanyang aklat na, *Origin of Species*.

**1864** Si Samuel Ajayi Crowther ay nahirang bilang kauna-unahang Afrikanong Anglikano na obispo.

**1865** Itinatag ni William Booth ang Salvation Army.

**1905-1910** Ang pandaigdigang revival (ay nagsimula sa Wales)

**1910** Hinikayat sa Edinburgh Missionary Conference ang pagsusulong ng pandaigdigang pag-eebanghelyo.

**1914** Simula ng World War I

**1934** Itinatag ni Cameron Townsend ang Wycliffe Bible Translators na may layuning isalin ang Biblia sa bawat wika ng mga tao sa mundo.

**1941** Ang National Association of Evangelicals ay naitatag.

**1947** Natuklasan ang Dead Sea Scroll.

**1949** Sinimulan ni Billy Graham ang kanyang ebanghelistikong gawain sa iba't ibang panig ng mundo.

**1950** Lahat ng mga misyonero ay napilitang umalis sa Tsina.

**1974** Ang unang Lausanne Congress para sa Pandaigdigang Ebanghelisasyon

**1978-1988** Ang International Council on Biblical Inerrancy ay nagpahayag ng kanyang ebanghelikal na doktrina tungkol sa Biblia.

# Mga Pangunahing Tao sa Kasaysayan ng Iglesia[2]

**Asbury, Francis** (1745-1816): Ang Methodistang obispo na isinugo ni John Wesley sa America noong 1771. Matapos ang taong 1784, siya at si Thomas Coke ay naging kapwa tagapamahala ng simbahang Methodist sa Amerika.

**Barth, Karl** (1886-1968): Isang theologian na nagsabi na ang pananampalataya ay maaari pa ring maging totoo kahit na ito ay taliwas sa lohikal na kaisipan. Hindi niya sinundan ang pananaw ng mga German na theologian na naniniwalang ang Pananampalatayang Kristiyano ay ilohikal.

**Calvin, John** (1509-1564): Isang repormistang Pranses na tumira sa Geneva. Isa sa mga pangunahing pinuno noong panahon ng Repormasyon.

**Carey, William** (1761-1834): Isang Ingles at Baptist na misyonero na naging halimbawa at tagapagtaguyod ng Protestanteng gawain ng pagmimisyon. Siya ay tinaguriang "Ama ng Modernong Pagmimisyon."

**Cranmer, Thomas** (1489-1556): Isang arsobispo ng Canterbury na sinikap na itaguyod ang mga prinsipyo ng Repormasyon sa Inglatera. Nakibahagi siya sa pagbuo ng *Book of Common Prayer*. Siya ay sinunog at naging martir sa ilalim ng paghahari ni Queen Mary.

**Crowther, Samuel Ajayi** (1806-1891): Ang unang Aprikanong Obispo na Anglikano.

**Edwards, Jonathan** (1703-1758): Isang Amerikanong theologian at pinuno ng tinaguriang Great Awakening. Siya ay tinaguriang pinakamahusay na theologian ng America'.

**Erasmus of Rotterdam** (c. 1469-1536): Isang iskolar na Romano Katoliko na nagpahayag ng kanyang mga puna sa Simbahang Katoliko. Noong 1516, inilathala niya ang kauna-unahang Bagong Tipan sa wikang Griego. Ang teksto na ito ay nagbigay ng batayang Biblia para sa mga Protestanteng repormista.

**Graham, Billy** (1918-2018): Ang pinakakilalang ebanghelikal na mangangaral ng ika-20 siglo.

**Gregory Nanzianzus** (329-389): Isa sa mga theologian at pinuno na nanguna sa paglaban sa maling katuruan ng Arianismo.

---

[2] Mga Pinagkunan:
+ *The Oxford Dictionary of the Christian Church*, E. A. Livingstone, editor, 3rd edition (Oxford University Press, 1997)
+ *Dictionary of Christianity in America*, Daniel G. Reid, et al., editors. (InterVarsity Press, 1990).
Layunin ng talaang ito na mabilis na makapagbigay sa iyo ng sanggunihan tungkol sa mga taong pag-aaralan sa kursong ito. Ang mga karagdagang detalye tungkol sa mga pangalang ito ay tatalakayin sa mga susunod na aralin. Hindi kinakailangang pag-aralan ng mga mag-aaral ang talaan na ito.

**Huss, John** (c.1372-1415): Isang pastor at propesor sa Prague na nagpalaganap ng katuruan ni John Wycliffe'. Hinatulan siyang sunugin bilang bulaang mangangaral.

**Ignatius of Loyola** (c. 1491-1556)**:** Isang Katolikong monghe na nagtatag ng gawain ng mga Jesuita (Society of Jesus) at sinubukang pukawin ang malalim na espirituwalidad sa Simbahang Romano Katoliko.

**Latimer, Hugh** (c. 1485-1555): Isang Ingles na Protestanteng repormista at obispo na hinatulang sunugin sa ilalim ng paghahari ni Queen Mary noong 1555.

**Lewis, C.S**. (1898-1963): Isang kilalang tagapagtanggol ng Kristiyanismo ng ika-20 siglo. Dati siyang atheista na naging Kristiyano at naging mahusay na mangangaral ng ebanghelyo.

**Luther, Martin** (1483-1546): Isang German na monghe na siyang nagpasimula ng Protestanteng Repormasyon sa pamamagitan ng pagsusulat ng kanyang *Ninety-Five Theses*. Isinalin niya ang Bagong Tipan tungo sa wikang German at naging pinuno ng Repormasyon sa bansang Germany.

**Newton, John** (1725-1807): Isang Ingles na Ebanghelikal na ministro at manunulat ng mga himno na tumulong sa pagsulong ng kalayaan ng mga alipin. Siya mismo ay isang mangangalakal na nagbebenta ng mga alipin bago siya naging Kristiyano.

**Ridley, Nicholas** (c. 1500-1555). Isang Ingles na Protestanteng repormista at Obispo sa London. Hinatulan siyang sunugin sa ilalim ng paghahari ni Queen Mary noong 1555.

**Simons, Menno** (1496-1561): Isang pinuno ng Anabaptist. Dati siyang pari ng Simbahang Romano Katoliko. Nahikayat siya sa katuruan ng Repormasyon ngunit may ibang pananaw hinggil sa pinanghahawakang katuruan ng mga Gobyerno na Repormista tungkol sa bautismo, paggamit ng dahas, at katangian ng Iglesia.

**Spener, Philip Jacob** (1635-1705): Isang German na Lutheran na ang isinulat na aklat hinggil sa espirituwal na buhay ay naging pundasyon para sa gawain ng mga Piestista. Itinatag niya ang Unibersidad ng Halle noong 1694 bilang sentro ng katuruang Pietismo at pagsasanay sa gawain ng pagmimisyon.

**Taylor, Hudson** (1832-1905): Ang tagapagtatag ng China Inland Mission. Siya ang nagpalaganap ng ebanghelyo sa iba't ibang panig ng Tsina.

**Townsend, Cameron** (1896-1982): Ang tagapagtatag ng Wycliffe Bible Translators.

**Tyndale, William** (c. 1494-1536): Isang Ingles na repormista na siyang nagsalin at naglathala ng kauna-unang kumpletong mga aklat ng Biblia sa wikang Ingles. Hinatulan siyang mamatay ni Haring Henry VIII.

**Wesley, Charles** (1707-1788): Isang manunulat ng awitin na kumatha ng higit 6,000 mga himno.

**Wesley, John** (1703-1791): Ang nagtatag ng gawain ng Methodist at pinuno ng ebanghelikal na revival sa Inglatera.

**Whitefield, George** (1714-1770): Isang Ingles na ebanghelista na ang mga gawain ng revival ay naghatid ng espirituwal na pagbabago sa Amerika at Inglatera.

**Wilberforce, William** (1759-1833): Miyembro ng Parlyamento sa Inglatera na nagsumikap ng mahigit 30 mga taon upang maipasa ang batas na magpapawalang bisa sa gawain ng pang-aalipin. Ang batas ay tuluyang naipasa noong 1833.

**Zinzendorf, Count Nicolaus Ludwig von** (1700-1760): Ang pinuno ng mga Moravian sa Herrnhut. Binigyang diin niya ang pananampalatayang nagbibigay ng personal na katiyakan at gabay. Maimpluwensya siyang tao sa larangan ng pandaigdigang pagmimisyon.

**Zwingli, Ulrich** (1484-1531): Isang Swiss na Protestanteng repormista. Kumpara kay Luther, iba ang kanyang pananaw pagdating sa katangian ng Banal na'Hapunan ng Panginoon.

# Aralin 1
# Ang mga Nauugnay sa Gobyerno na Repormista A.D. 1517-1618

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Makilala ang mga pangunahing pinuno ng mga Nauugnay sa Gobyerno na Repormasyon.

(2) Maunawaan ang mga magkakaibang teolohikal na tradisyon na nabuo mula sa Repormasyon.

(3) Ipaliwanag ang limang "Lamang" na mga pangungusap mula sa Repormasyon.

(4) Mabigyan ng pagkakaiba ang katuruan ng Calvinismo at Arminianismo.

## Pambungad

*Repormasyon* ang kataga na ginagamit para sa isang partikular na yugto sa kasaysayan na kung saan maraming mga simbahan at mga mananampalataya ang nagtangkang maghatid ng pagbabago sa Simbahang Romano Katoliko, ngunit sa bandang huli ay nagpasyang humiwalay. Ang yugtong ito ay tinatawag ring Protestanteng Repormasyon. Ang mga pinuno ng Repormasyon ay tinawag na Repormista. Ang mga Kristiyanong sumunod sa paniniwala ng mga Repormista ay tinawag na Protestante. Di tulad sa Simbahang Romano Katoliko, ang simbahang Protestante ay may maraming denominasyon at ministeryo na hindi nagsasama-sama sa iisang organisasyon. Ang mga simbahang Protestante ay may iba't ibang pangalan o katawagan.

### Biblia at ang Repormasyon

Ang Biblia ay isinalin sa wikang Latin ni Jerome noong 405. Ang edisyon na iyon ng Biblia ay tinawag na Vulgate. Ang layunin ng pagsasalin ay upang ihatid ang Biblia sa karaniwang wika ng mga tao. Subalit, ginawang opisyal na Biblia ng Simbahang Romano Katoliko ang Vulgate at patuloy itong ginamit kahit na sa panahong marami ng mga tao ang hindi na nagbabasa ng Latino. Nangangahulugan ito na ang simbahang Katoliko ay nagkaroon ng kontrol sa kung ano talaga ang nilalaman at sinasabi sa Biblia. Bunga nito, ang taong bayan ay walang kakayahan na suriin ang simbahan o lipunan gamit ang Biblia. Ayon kay Martin Luther, hindi siya nakakita ng Biblia noong siya ay bata pa.

Inilathala ni Erasmus ang una at pang-iskolar na edisyon ng Bagong Tipan sa wikang Griego noong 1516. Sa kanyang pambungad, hinikayat ni Erasmus ang pagsasalin ng Biblia tungo sa karaniwang mga wika ng mga tao. Dulot nito, si Martin Luther at ang iba pa ay nagpasyang isalin ang Bagong Tipan ni Erasmus tungo sa iba't ibang wika ng mga tao. At

habang ang Biblia ay naibibigay sa publiko, hindi na mapigilan ng Simbahang Romano Katoliko ang paglaganap ng mga biblikal na katuruan. Ang Repormasyon kung gayon ay naitatag sapagkat nabuksan ang pinto tungo sa Salita ng Diyos.

► Talakayin ang mga sumusunod na tanong:

- Sa iyong bansa, sino ang mga mayroon ng mga Biblia na mababasa sa kanilang sariling wika?
- Paanong ang mga mananampalataya ay tumutugon sa suplay o sa kakulangan ng Biblia ayon sa kanilang sariling wika?
- Paanong ang suplay o kakulangan ng Biblia ay nakakaapekto sa mga simbahan?
- Anong uri ng mga hadlang ang pumipigil sa mga tao na personal na mabasa at mapakinggan ang Salita ng Diyos?

**Bahagi ng Himno ni Luther**
**Hango sa Awit 130**

"Pag-ibig at biyaya mo lamang ang may kapangyarihan
Na pawiin ang aking mga kasalanan;
Walang bisa ang anumang itinuturing na sariling kabanalan
Upang wakasan ang kakila-kilabot na pang-aalipin ng kasalanan.
Sa harapan mo ay walang sinumang makapagyayabang,
Lahat ay dapat na manginig sa iyong matinding kautusan
Kami ay mabubuhay sa iyong awa lamang.

Nakita ni Luther ang Awit 130 bilang buod ng Lumang Tipan para sa ebanghelyo. Ipinapakita rito ang ating matinding kasalanan at ang dakilang biyaya ng Diyos.

Paglipas ng dalawang daang taon, narinig ni John Wesley ang Awit 130 na inaawit sa isang panambahan. At mismong sa araw na iyon ay naging Kristyano siya.

### Mga Pinuno ng Repormasyon

Sina Martin Luther, Ulrich Zwingli, at John Calvin ay itinuturing na mga Nauugnay sa Gobyerno na Repormista sapagkat binigyang diin nila ang organisasyunal na istraktura at kapangyarihan ng isang gobyernong Kristiyano na ipatupad ang mga prinsipyong Kristiyano sa lipunan. Sa susunod na aralin, pag-aaralan natin ang iba pang repormasyong gawain na naganap noong ika-16 at ika-17 mga siglo.

## Si Martin Luther at ang Repormasyon

Bagamat ang mga sanhi ng Repormasyon ay bumabalik sa ika-12 siglo, si Martin Luther (1483-1546) ang siyang nakilala bilang nagsimula ng kilusang Repormasyon. Habang pinag-aaralan ni Luther ang Bagong Tipan sa wikang Griego, natuklasan niya ang tunay na mensahe ng ebanghelyo. At sa loob ng ilang mga taon, ang Repormasyon ay lumaganap sa iba't ibang panig ng Europa.

May apat na katanungan ang sentro sa Repormasyon.[3] Ang mga kasagutan ni Luther sa mga katanungang ito ay nagpapakita ng pangunahing mensahe na binibigyang diin noong Repormasyon.

[3] Hango kay Bruce L. Shelley, *Church History in Plain Language*, 3rd edition (USA: Thomas Nelson, 2008), 238.

1. Paano maliligtas ang isang tao?
2. Saan nakabatay ang espirituwal na awtoridad?
3. Ano ang Iglesia?
4. Anong uri ng buhay ang nakalulugod sa Diyos?

**Kaligtasan**

**Paano maliligtas ang isang tao?** Ang sagot ng Simbahang Romano Katoliko, "Ang isang tao ay maliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya *at* mabubuting gawa." Bahagi sa mabubuting gawa na ito ang katapatan sa katuruan ng simbahan at mga rituwal nito.

Nasa gitna noon si Luther ng bagyo at malalakas na pagkidlat, nang si Luther nangako na kung iingatan siya ng Diyos mula sa mga mapanganib na kidlat na iyon, siya ay aanib sa isang monasteryo. Siya ay naging monghe sa edad na 22. Naging masigasig siya sa anumang tuntunin sa monasteryo. Halos masira niya ang kanyang kalusugan ng dahil sa mahabang pag-aayuno at di pangkaraniwang mga gawain. Patotoo ni Luther, "Kung mayroon man na pwedeng makarating sa langit sa pamamagitan ng pagiging isang monghe, ako yun." Gaya ni Pablo sa Filipos 3:4-6, sinubukan ni Luther na tanggapin siya ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang sariling pagsusumikap, sa halip na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

Subalit isang araw habang isinasagawa niya ang rituwal ng panambahan, napaghinuha at naunawaan ni Luther na ang buhay niya ay puno ng kasalanan. Kaya noong 1510, naglakbay siya patungo sa Roma sa pag-asang matatagpuan roon ang kapayapaan ng kaluluwa na kanyang hinahanap. Subalit, natagpuan niya roon na ang mga pinuno ng simbahan (na namumuhay sa kasalanan) ay nagsasagawa ng mga rituwal ng panambahan na walang espirituwal na sigasig. Sinabi niya sa kanyang sulat, "Ang Roma na minsa'y kilalang pinakabanal na lungsod ay naging malala na sa kasalanan."

Pakiramdam ni Luther ay nabigo ang simbahan na siya ay tulungan. Kaya nagsimula siyang maghanap na sagot sa katanungan, "Paanong ang isang makasalanan ay magiging matuwid sa harapan ng banal na Diyos?" Nabasa niya sa aklat ng Roma ang ganito, "Sapagkat dito ang katuwiran ng Diyos ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya; gaya ng nasusulat, 'Ngunit ang taong matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya'" (Roma 1:17). Dito ay natagpuan niya ang isang kahanga-hangang katotohanan na "sa pamamagitan lamang ng biyaya at habag ng Diyos ay aariing-ganap ang tao sa pamamagitan ng pananampalataya." Mula sa talatang ito ay naunawaan ni Luther na ang "katuwiran ng Diyos" ay hindi lamang hinihingi ng Diyos, kundi kaloob ng Diyos.

Sinagot ng mga Repormista ang tanong na, "Paano maliligtas ang isang tao" sa pamamagitan ng tugon na, **"Tayo ay nagiging matuwid o napapawalang-sala dulot**

**ng biyaya at sa pamamagitan lamang ng pananampalataya."** Ang mga Repormista ay nakilala sa mga prinsipyong **biyaya lamang** at **pananampalataya lamang.**

Ang doktrina ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya ay may tatlong sangkap na kataga:

***Pagpapawalang-sala*** ay ang pagpapahayag na ang isang makasalanan na nagsisi sa kanyang mga kasalanan ay ginawang matuwid sa harapan ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagpapawalang-sala, tayo ay tinatanggap ng Diyos na para bang hindi tayo nagkasala sa kanyang harapan.

***Dulot ng biyaya lamang*** ay nangangahulugan na wala tayong anumang gawa na makapagbibigay sa atin ng kaligtasan. Ang kaligtasan ay hindi sa pamamagitan ng *biyaya **at** mga gawa*. Ang kaligtasan ay hindi sa pamamagitan ng *biyaya **at** pagsang-ayon ng simbahan.* Ang kaligtasan ay dumarating sa pamamagitan lamang ng biyaya sapagkat inako ni Jesus ang ating makasalanang kalagayan.

***Sa pamamagitan ng pananampalataya lamang*** ay nangangahulugan na tinatanggap natin ang kaloob ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananalig sa mga pangako ng Diyos. Wala tayong anumang gawa na magdudulot ng kaligtasan; sa halip, ang kaligtasan ay walang bayad na kaloob ng Diyos. Ito ay tinatanggap natin sa pamamagitan ng pananampalataya sa mga pangako ng Diyos.[4]

Ang doktrina ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan lamang ng pananampalataya ay pundasyong katuruan ng Protestanteng Repormasyon. Ipinangaral ng mga Repormista na walang anumang pwedeng idagdag sa pananampalataya upang makamit ang pag-aaring ganap. Sa kanyang huling sanaysay ay isinulat ni Luther ang ganito, "Tayo ay mga pulubi. Iyan ang totoo." Ang pangungusap na ito ay hindi nangangahulugan ng kawalang pag-asa; ito'y kapahayagan ng kagalakan na dahil sa biyaya, dinirinig at sinasagot ng Diyos ang iyak ng isang pulubi.

► Paano mo ipapaliwanag sa tatlong uri ng tao ang doktrina ng pagpapawalang-sala na dulot ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya?

- Sa isang Romano Katoliko na naniniwala na siya ay napawalang-sala sa pamamagitan ng simbahang Katoliko
- Sa isang di-mananampalataya na naniniwala na siya napawalang-sala sa pamamagitan ng mabuting pamumuhay
- Sa isang nagdadalamhating makasalanan na naniniwalang hindi siya karapat-dapat napawalang-sala

---

[4] Para sa higit pang kaalaman tungkol sa doktrina ng pagpapawalang-sala dulot ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, tingnan ang kurso sa Shepherds Global Classroom na pinamagatang *Roma.*

## Espirituwal na Awtoridad

**Saan nakabatay ang espirituwal na awtoridad?** Ang sagot ng Simbahang Romano Katoliko, "Lahat ng espirituwal na awtoridad ay matatagpuan sa Simbahan sa Roma na pinamumunuan ng Santo Papa."

Noong 1513, inaprubahan ng Santo Papa na si Leo X ang pagtitinda ng mga katibayang papel na di umano'y nagbibigay ng kapatawaran sa kasalanan at upang sa pamamagitan nito'y matapos niya ang ipinapatayong Basilika ni San Pedro. Sa kanyang pangangaral ay ipinangako ng isang German na monghe na si Johann Tetzel, na sinumang bibili ng nasabing katibayang papel ng kapatawaran ay magiging "higit na malinis pa kaysa kay Adan bago siya bumagsak sa pagkakasala." Bilang tugon, isinulat ni Luther sa kanyang *Ninety-Five Theses* ang isang detalyadong talaan ng mga puntos na mariing tumututol sa pagtitinda ng katibayan ng kapatawaran. At ayon sa kaugalian ng panahong iyon, ipinaskil ni Luther sa pintuan ng simbahan sa Wittenburg ang kanyang mga mungkahing pananaw na maaaring talakayin sa publiko. Tumugon si Johann Eck, na isang Romano Katolikong theologian, at inakusan si Luther na nagtuturo ng kabulaanan.

Hindi nais ni Luther na umalis sa Simbahang Katoliko; ang nais niya'y magkaroon ng pagtutuwid sa mga kamalian na nasa loob ng simbahan. Gayunma'y ang kanyang patuloy na pag-aaral ng Biblia ay unti-unting naghatid sa kanya na tutulan ang mga katuruan ng Simbahang Katoliko. Nang binasa niya ang Bagong Tipan sa wikang Griego, nakita niya na ang panawagan ni Jesus tungkol sa **pagsisisi** ay hindi nangangahulugan na dapat mong parusahan ang sarili o kaya'y gumawa ka ng mga relihiyosong rituwal para sa iyong mga kasalanan, na gaya ng ipinapahiwatig sa kataga ng Latin Vulgate. Nakita ni Luther na ang *pagsisisi* ay nangangahulugan ng pagbabago ng puso at isip. Kaya tinutulan ni Luther ang turo na minamaliit ang hinihingi ng kabanalan ng Diyos bilang pagsasagawa ng rituwal lamang. Ayon sa turo ni Luther, binababago ng biyaya ng Diyos ang ating buong pagkatao.

Di nagtagal, natuklasan rin ni Luther na ang Biblia ang siyang dapat na ilagay na mataas kaysa sa simbahan. Sa kanyang pakikipagdebate kay Eck, mariing ipinahayag ni Luther ang prinsipyo ng Repormasyon, "Hindi magagawa ng simbahan o maging ng Santo Papa na itatag ang mga katuruan ng pananampalataya. Ang mga ito ay dapat na magmula sa Biblia." Ang prinsipyo ay ipinahayag sa katagang "Biblia lamang." Ang mga Protestante ay naninindigan sa prinsipyong walang anumang awtoridad ang maaaring tumayo ng higit sa Banal na Kasulatan. Pinapangalagahan ni Luther ang mga isinulat ng mga kilalang mananampalataya sa kasaysayan ng Iglesia, ngunit nakita rin niya na ang ganap na **espirituwal na awtoridad ay nasa Banal na Kasulatan at hindi sa Romano Katolikong Simbahan**.

Noong 1521, ipinatawag si Luther sa imperyal na hukuman na nasa ilalim ni Charles V, na siyang tinaguriang Holy Roman Emperor. Sa korte na ito ay humarap si Luther upang ipahayag ang mga kamalian na kanyang isinulat. Ngunit muling ipinahayag ni Luther ang

kanyang paninindigan sa kapamahalaan ng Biblia. Sinabi niya, "Ako ay nasa ilalim ng kapamahalaan ng Biblia at ang aking budhi ay naka-angkla sa Salita ng Diyos."[5]

Sa kanyang tugon kay Luther, ang imperyal na kalihim na naroroon ay nangatwiran, "Kung hahayaan natin na sinumang sumalungat sa konseho ng simbahan at sa kinagisnang paniniwala nito ay dapat na (sagutin) sa pamamagitan ng Biblia, ang Kristiyanismo ay mawawalan ng katiyakan."[6] Pananaw ng mga opisyales na Katoliko na ang indibidwal na pagbabasa ng Biblia ay maghahatid ng kaguluhan.

► Kung ang bawat Kristiyano ay hahayaan na ipaliwanag ang Biblia para sa kanyang sarili, paano kaya makakamit ang pagkakaisa sa Iglesia?

### Ang Iglesia

**Ano ang iglesia?** Ang sagot ng Simbahang Romano Katoliko, "Ang tunay lamang na iglesia at ang tanging pinagmumulan ng kaligtasan ay ang simbahan na pinamumunuan ng Roma."

Noong bumisita si Luther sa Roma noong 1510 at nakita niya ang makasalanang pamumuhay ng mga obispo at kardinal roon, naunawaan niya na ang Simbahang Romano Katoliko ay tumalikod na mula sa katotohanan ng Diyos. At sa kanyang patuloy na pag-aaral ng Biblia, natuklasan niya na sa pamamagitan ng pananampalataya, ang mga indibidwal na mga mananampalataya ay maaaring direktang lumapit sa Diyos na hindi kinakailangan ang pamamagitan ng mga pari at rituwal ng simbahan. Sa kanyang sulat, ikinatuwiran ni Luther na hindi hinayaan ng Simbahang Romano Katoliko ang mga mananampalataya na magkaroon ng bukas na daan tungo sa Diyos. Subalit ayon sa turo ng mga Repormista, "ang lahat ng mga mananampalataya ay mga pari na tinawag ng Diyos upang maghatid ng mga espirituwal na handog sa Kanya." **Ang iglesia ay binubuo ng lahat ng mga tunay na mananampalataya**.

Ang ganitong pananaw ni Luther sa simbahan ay nakaapekto sa kanyang mga susunod pang katuruan. Tinanggihan niya ang katuruan ng Romano Katolikong simbahan tungkol sa dami ng mga rituwal na kinakailangan. Tanging ang bautismo at Banal na Hapunan ng Panginoon ang kanyang tinanggap bilang biblikal. Parehas niya ring ibinibigay sa kongregasyon ang tinapay at alak, sa halip na tinapay lamang, na gaya ng ginagawa ng Simbahang Katoliko nang panahong iyon.

### Matapat na Pamumuhay Kristiyano

**Anong uri ng buhay ang nakalulugod sa Diyos?** Ang sagot ng Simbahang Romano Katoliko, "Tanging ang mga monghe at pari ang siyang ganap na namumuhay ng deboto

---

[5] Hango kay Mark A. Noll, *Turning Points,* 3rd edition (MI: Baker Academic, 2012), 146.
[6] Dapat tandaan na bagamat kinikilala ni Luther na ang Biblia ang siyang ganap na awtoridad sa lahat ng bahagi ng buhay, hindi niya itinuro na lahat ng tao ay may pantay na awtoridad sa pagpapaliwanag ng Banal na Kasulatan. Si Luther ay may mataas na paggalang sa mga sinaunang kredo at sa pag-aaral ng mga teksto sa wikang Hebreo at Griego. Ang maingat na pag-aaral ng Biblia ay mahalaga para kay Luther at sa iba pang Repormista.

para sa Diyos." Naniniwala silang ang mga ordinaryong manggagawa na mayroong pamilya ay hindi maaaring maging banal at matuwid.

Ayon kay Luther, **ang mga Kristiyano ay tinatawag na paglingkuran ang Diyos *sa anumang trabaho.*** Lahat ng kapaki-pakinabang na hanapbuhay ay pinagpapala ng Diyos. Lahat ng mga Kristiyano ay tinatawag na mamuhay ng may buong pagsunod sa Diyos. Hinikayat rin ni Luther ang mga ministro na mag-asawa at noong 1525, pinakasalan niya ang dating madre na si Katherine von Bora.

Ipinangaral ni Luther na ang mga mabubuting gawa ay bunga, hindi bukal o sanhi ng espirituwal na buhay. "Ang mga mabubuting gawa ay hindi nagpapabuti sa isang tao, subalit ang mabuting tao ay gumagawa ng mga mabubuting gawa." Sa madaling salita, para sa mga Repormista, ang buhay Kristiyano ay hindi pagsusumikap na makamit ang kaligtasan sa pamamagitan ng sariling gawa, kundi pagsasagawa ng mabuti bilang **masayang pagtugon sa kaligtasan**.

"Marami ang napa-isip na simple at madaling bagay ang pananampalatayang Kristiyano…Ito ay dahil sa hindi talaga nila ito nararanasan."

- Martin Luther

Ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi layunin ng paglagong Kristiyano. Sa halip, ang isang mananampalataya na pinawalang-sala na ay nagsisimula sa proseso ng pagiging isang disipulo na naghahatid ng pagbabago sa lahat ng bahagi ng kanyang buhay. Si Dietrich Bonhoeffer, ay isa sa pinakasikat na Lutheran ng ika-20 siglo. Nagbigay siya ng babala tungkol sa maling pananaw sa biyaya: yaong ideya na mayroon raw matatanggap na kapatawaran kahit na walang pagsisisi sa mga kasalanan. Ayon sa kanya, ang ganitong "biyaya" ay "biyaya na walang diwa ng pagiging isang disipulo; biyayang walang krus…"

Hindi plano ng Diyos para sa mga mananampalataya na umiwas sa lipunan at mamuhay na parang monghe. Hindi niya plano na mamuhay ng makamundo ang Kristiyano. Sa halip, tinawag ng Diyos ang mga Kristiyano na mamuhay na sumusunod sa kanyang Salita sa anumang lugar at oras na kanilang kinalalagyan.

► Sa mga simbahang kilala mo, anong uri ng tao ang itinuturing na pinakabanal at espirituwal? Ano ang mga biblikal na katangian ng isang makaDiyos na tao?

► Gamit ang memorya, ilista ang apat na katanungan na naging sentro ng Repormasyon? Sa 1-2 pangungusap, ibuod ang sagot ng mga Repormista sa mga tanong na ito.

### Mga Naging Epekto ng Katuruan ni Luther

Ang hangarin ni Luther ay ang magkaroon ng repormasyon sa loob ng Simbahang Romano Katoliko at hindi ang bumuo ng panibagong simbahan. Subalit noong 1521, pinagbawalan ng Simbahang Romano Katoliko si Luther at inakusahan siya na nagtuturo ng bulaang doktrina. Hindi nagtagal, ang Repormasyon ay lumaganap sa buong Germany at sa iba pang panig ng Europa. Sa loob ng 10- linggo noong 1521, isinalin ni Luther ang buong aklat ng Bagong Tipan sa wikang German, at nagkaroon ang Biblia sa wika ng mga tao. Sa mga

sumunod na taon, isinalin rin niya ang mga liturhiya (ang mga nakasulat na bahagi ng panambahan) sa wikang German. Noong hindi pa niya ito ginagawa, ang panambahan sa simbahan ay idinaraos sa wikang Latin. Inilagay rin ni Luther ang pangangaral at pagtuturo ng Salita ng Diyos na siyang sentro ng panambahan, sa halip na ang mga rituwal ng simbahan.

Gayunpaman bilang isang tao, si Luther man ay mayroong nagawang pagkakamali sa kanyang ideya at pamumuno. May mga katuruan siya sa ibang mga usapin na hindi pa ganap na nalinang. Subalit, hindi maitatanggi na ang impluwensya ni Luther sa simbahang Kristiyano ay napakalaki. At bagamat may ibang mga dalubhasa at pinuno na tumulong sa pagpapaunlad at pagpapalaganap ng mga ideya ng Repormasyon, maraming mga mananalaysay ng simbahan ang naniniwla na si Luther ang siyang nagbigay ng matinding impluwensya sa Repormasyon.

| **Ang mga "Lamang" ng Repormasyon** | |
|---|---|
| *Biblia Lamang* | **Biblia Lamang** ang siyang ganap na awtoridad para sa buhay at doktrina. |
| *Biyaya Lamang* | **Biyaya Lamang** ang daan ng kaligtasan. |
| *Pananampalataya Lamang* | **Pananampalataya Lamang** ang siyang paraan upang matanggap ang kaligtasan. |
| *Cristo Lamang* | Si **Cristo Lamang** ang siyang nagkaloob ng ating kaligtasan. |
| *Kaluwalhatian ng Diyos Lamang* | Bilang mga mananampalataya, inuukol natin ang lahat ng bahagi ng ating buhay at pamumuhay para sa **Kaluwalhatian ng Diyos lamang.** |

**Ang Paglaganap ng Ebanghelyo – Dumating ang Mabuting Balita sa Caribbean**

Noong ika-16 at ika-17 siglo, ang pinaka-aktibong gawain ng pagmimisyon ay pinamumunuan pa rin ng Simbahang Romano Katoliko.

May ilang Europeanong bansa na nagsugo ng kanilang mga sundalo at kolonista upang magpalawak ng teritoryo sa iba pang panig ng mundo. Minsan, may mga pari na pumupunta sa mga bagong teritoryo na ito upang maglingkod sa kanilang mga ipinadalang mga kababayan roon at para na rin mangaral sa mga katutubo ng kolonyang iyon. Minsan, hindi makatarungan ang pagtrato na ginagawa ng mga Europeano sa mga katutubo at minsa'y nagsasagawa sila ng pang-aalipin. Gayunpaman, maraming mga misyonero ng Simbahang Romano Katoliko na masasabing may tunay na pagmamahal sa Diyos at hangad na ipalaganap ang ebanghelyo. Kapansin-pansin na ang tunay na espirituwalidad ay madalas na makikita sa mga misyonero at lokal na mga pari ng Simbahang Katoliko kaysa sa mga opisyales na nasa Roma.

Ang isang halimbawa ng isang Katolikong misyonero na tunay na nagmamahal sa Diyos at nagmamalasakit sa mga tao ay si Bartolomé de las Casas (1484-1566). Sa edad na 18, itinalaga niya ang sarili sa pagmimisyon at pagpapalaganap ng ebanghelyo. Noong 1502, dumating siya sa isang isla na ngayon ay tinatawag na Haiti at Dominican Republic.

Naging kaugalian ng mga sumasakop na Espanyol na magkaroon ng mga alipin mula sa mga katutubo ng isang bansa; nagkamali sila na tawagin ang mga ito na Indian. Para sa mga Espanyol, ginawa raw nila ito upang maituro sa mga katutubo ang pananampalatayang Kristiyano. Subalit nakita ni las Casas ang kalupitan at kawalang katarungan sa sistemang ito. Kaya siya'y naging tagapagtanggol ng mga katutubo at nagawa niyang hikayatin ang gobyerno ng Espanya na ipasa ang batas na magtatanggol sa mga katutubo. Dahil rito, siya ay binansagang "Tagapagtanggol ng mga Indian."

Ang mga liham ni Casas ay nagpapakita na ang kanyang mga ginawang pagtatanggol ay bunsod ng kanyang paninindigang Kristiyano. Tulad ni William Carey paglipas ng tatlong siglo, nakita ni Casas na ang pagmamahal sa Diyos ay nangangahulugan ng pagmamahal sa kapwa. Ang ganitong pagmamahal ang siyang gumabay ng kanyang pananaw sa mga panlipunang polisiya.

► Paanong ang iyong paninindigang Kristiyano ay nakakaapekto sa iyong pananaw sa kapwa? Maaari ka bang makapagbigay ng mga partikular na halimbawa kung paanong ipinapakita ng iyong simbahan ang pagmamahal sa kapwa sa inyong lipunan? Ano ang ilang mga kaparaanan na ang ebanghelyo ay gumawa ng pagbabago sa kalagayan ng mga tao sa inyong lipunan?

## Si Ulrich Zwingli at ang Swiss na Repormasyon

Si Ulrich Zwingli[7] (1484-1531) na taga-Switzerland ay kasabay na nabuhay ni Martin Luther sa panahong din iyon. Si Zwingli ay naordinahan sa edad na 20 at nagpastor sa Glarus sa loob ng 10 taon. Noong 1518, siya ay tinawag na magpastor sa Zurich, Switzerland. Sa Zurich, si Zwingli ay namuno ng repormasyon tulad ng pamumuno ni Luther sa Germany. Ayon kay Zwingli, natuklasan niya ang katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pag-aaral ng Biblia at hindi mula kay Luther.

Tinangkilik ni Zwingli ang pagsasalin ng Biblia tungo sa wika ng mga tao. Pinalitan niya ang mga tradisyunal at rituwal na panambahan ng pagsambang nakatuon sa sentralidad ng Biblia. Noong Enero 1, 1519, pinasimulan ni Zwingli ang serye ng mga sermon sa buong Bagong Tipan. Ang mga taong nakaugaling makinig ng mga liturhiya sa wikang Latin (ang nakasulat na bahagi ng panambahan) ay sa wakas nakarinig ng malinaw na kapahayagan ng Salita ng Diyos. Ang eksposisyon ng Biblia (maingat na pagtuturo ng mga nasusulat sa Biblia) ay mahalaga para sa mga Repormista.

---

[7] Ang pangalan ni Zwingli ay madalas bigkasin na Huldrych Zwingli.

Mayroong dalawang pangunahing pananaw si Zwingli na iba kay Luther. Ang isa ay may kinalaman sa **Banal na Hapunan ng Panginoon**. Bagamat tinutulan ni Luther ang paniniwala ng Simbahang Romano Katoliko na ang tinapay at alak ay nagiging literal na katawan ni Cristo sa oras ng pagdiriwang ng Hapunan, naniniwala naman si Luther na si Cristo ay pisikal na nananahan sa mga sangkap ng komunyon. Si Zwingli ay hindi naniniwala sa pananaw ng mga Katoliko at ng mga Lutheran pagdating sa komunyon. Nakita niya ang Banal na Hapunan bilang pag-alaala o sagisag lamang ng kamatayan ni Cristo.

Ang ikalawang pagkakaiba ay may kinalaman sa **aplikasyon ng Biblia**, bagamat bawat pinuno ay naniniwala na ang Biblia ang kanilang mataas na kapamahalaan.

Naniniwala si Luther na anumang bagay na hindi ipinagbabawal sa Biblia ay maaring gamitin sa pagsamba. Sa kabilang banda, naniniwala si Zwingli na anumang bagay na hindi partikular na inuutos sa Biblia ay bawal. Ang magkaibang pananaw na ito ay naghatid ng malaking pagkakaiba sa panambahan. Si Luther ay naghatid ng iba't ibang gawi sa pagsamba, gaya ng paggamit ng pipe organs, pagkakaroon ng koro, at mga bagong himno. Kabaligtaran nito, inalis ni Zwingli ang organ sa simbahan sapagkat hindi siya makakita ng talata na nagpapahintulot ng paggamit nito sa pagsambang Kristiyano. Sa ganito ring dahilan, hindi pinahintulutan ni Zwingli ang paggamit ng mga kandila, mga estatwa, at instrumental na musika sa mga Swiss na simbahan.

► Saglit na sagutan ang mga katanungang ito. Ano ang ugnayan na mayroon sa pagitan ng turo ng Biblia at ng mga gawi ng pagsamba sa iyong simbahan? Ang iyo bang simbahan ay napapasunod ng isa sa dalawang pananaw na ito kapag gumagawa ng kapasyahan pagdating sa gawi ng pagsamba?

- Anumang bagay na hindi ipinagbabawal ng Biblia ay maaaring gamitin sa pagsamba.
- Anumang bagay na hindi partikular na inuutos ng Biblia ay bawal gamitin sa pagsamba.

Ang pagkakaiba sa pagitan ni Luther, Zwingli, at iba pang tulad nila ay naghatid ng iba't ibang denominasyon sa loob ng Protestantismo. Sa halip na mayroong isang Protestanteng simbahan, nagkaroon ng maraming mga simbahan na may mga natatanging mga katuruan at gawi.

### Si John Calvin at ang Nabagong Teolohiya

Si John Calvin (1509-1564) ay sumunod sa yapak ng mga Repormasyong prinsipyo ni Luther at sumang-ayon sa kanya sa mga sagot sa apat na katanungan – na ating tinalakay sa simula ng aralin na ito.

Si John Calvin ay isang matalinong mag-aaral sa Unibersidad ng Paris, kung saan doon ay natutunan niya ang mga ideya ng Repormasyon. Ang kanyang pagsuporta sa mga prinsipyo ng Protestantismo ay naghatid sa kanya na sumalungat sa mga opisyales, at dahil rito'y tumakas siya patungo sa Switzerland. Sa Switzerland, inilathala ni Calvin ang kanyang maimpluwensyang aklat na *Institutes of the Christian Religion.* Ang kanyang ginawang pagpapatingkad o rebisyon sa aklat ay umabot ng halos 25 taon. Nagsulat rin siya ng mga komentaryo sa maraming aklat ng Biblia.

> "Kung ang pinakadakilang talata ni Luther ay
> 'Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya,'
> Ang pinakadakilang talata naman ni Calvin ay,
> 'Mangyari ang iyong kalooban, Dito sa lupa tulad ng sa langit.'"
>
> -Bruce Shelley,
> *Church History in Plain Language*

Noong 1536, si Calvin ay nanirahan sa Geneva, Switzerland na taglay ang opisyal na titulong "Propesor ng Banal na Kasulatan." Ang Geneva ay naging sentro para sa mga Protestante na naglalakbay mula sa iba't ibang panig ng Europa upang matutunan ang teolohiya ni Calvin. Si Zwingli ay may malaking impluwensya sa mga bahagi ng Switzerland na nagsasalita ng German; ang malakas na impluwensya naman ni Calvin ay nasa mga bahaging nagsasalita ng Pranses. Ang mga Presbyterian na mga simbahan at ilang mga simbahan na gumagamit ng katagang *Reformed* bilang pangalan ng kanilang simbahan ay bumabalik sa theologian na Pranses bilang kanilang ugat at pinagmulan.

Sa lahat ng bahagi ng katuruan ni Calvin, binigyang diin niya ang dakilang soberanya ng Diyos. Hinggil sa kaligtasan, naniniwala si Calvin na pinili na ng Diyos kung sino ang maliligtas at kung sino ang hahatulan. Pagdating sa gobyernong sibil, naniniwala siya na dapat sikapin ng iglesia na itatag ang kaharian ng Diyos dito sa lupa.

Sina Luther at Calvin ay may magkaibang paniniwala tungkol sa relasyon ng iglesia at ng estado. Para kay Luther, ang pamahalaan ay may kapangyarihan, sa pamamagitan ng mga pinuno nito, na magpasya kung ano ang relihiyon na para sa bawat rehiyon. Subalit ang turo ni Calvin na ang sibil na gobyerno ay walang awtoridad sa iglesia, gayunma'y dapat na gabayan ng iglesia ang mga namumuno sa gobyerno.


Tinangka at sinikap ni Calvin na isaayos ang istraktura ng Geneva bilang isang Kristiyanong lipunan. Bagamat sa isang pagkakataon ay nagawa siyang palayasin ng kanyang mga kaaway mula sa lungsod na ito sa loob ng tatlong taon, subalit muli siyang nakabalik sa kanyang espirituwal na pamumuno sa siyudad na ito at namuno rito hanggang sa araw ng kanyang kamatayan. Ipinag-utos niya na ang bawat mamamayan ng lungsod ay dapat magpahayag ng pananampalataya. Nagbigay rin siya ng edukasyon para sa lahat ng tao. At kapag ang mga tao ay hindi namumuhay ng alinsunod sa Biblia, hindi niya sila pinapapasok at binibigyan ng bahagi sa simbahan.

Habang itinuring ni Luther ang pamahalaan na isang makapangyarihan, tutol naman si Calvin sa ganap na kapangyarihan ng mga pinuno ng gobyerno. At sa sumunod na henerasyon, tututulan ng mga Calvinist ang makakapangyarihang monarkiya sa Europa. Sa

Pranses, nilabanan ng mga Calvinist Huguenots ang monarkiyang Katoliko. Sa Netherlands, ang mga ministeryong Calvinist ay nag-rally at nag-anyaya sa mga bansa na ibagsak ang pamamahala ng Katolikong Espanya. At sa Scotland, matagumpay na napigilan ni John Knox ang isang Reyna na tinaguriang "Bloody Mary" na gustong ibalik ang bansa sa Katolisismo.

►Inisip nina Luther at Calvin na ang gobyerno at iglesia ay dapat na magkaisa sa kanilang awtoridad upang magkaroon ng mga Kristiyanong mamamayan. Paanong ang iyong lipunan ay naiiba? Ano sa palagay mo ang dapat na maging relasyon ng gobyerno at simbahan?

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Mong Makikilala: Jacobus Arminius



Si Jacobus Arminius (1560-1609)[8] ay isang Dutch theologian na humamon sa ilang katuruan ni Calvin. Ayon sa turo ni Calvin, ang Diyos ay lumikha ng mga taong tatanggap ng kaligtasan at mga taong hahatulan. Ang doktrinang ito ay nagtuturo na ang Diyos ay nagpasya na, bago pa lang maganap ang Pagbagsak nina Adan at Eva, kung sino ang maliligtas at kung sino ang mapapahamak.

Si Arminius ay nag-aral sa ilalim ng pagtuturo ni Theodore Beza na siyang humalili kay Calvin bilang pinuno ng simbahan sa Geneva. Paglipas ng panahon, nagsimulang tanungin ni Arminius ang ilang mahahalagang aspeto ng teolohiya ng Calvinismo, habang naglilingkod siya bilang pastor sa Amsterdam.

Habang pinag-aaralan niya ang Roma 7, nakumbinsi si Arminius na **ang mananampalataya ay maaaring mamuhay na malaya mula sa makasalanang pagnanasa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.** Sa tulong ng pananaw ng mga sinaunang tagapagturo sa iglesia, nakita ni Arminius na ang Roma 7 ay larawan ng isang hindi naipanganak muli na tao. Ang di-naipanganak muli na tao ay pinukaw ng Banal na Espiritu at mayroong "pagnanais na gumawa ng mabuti subalit walang kakayahan na ito ay isakatuparan" (Roma 7:18). Nagpapatuloy pa rin siya sa paggawa ng kasalanan bagamat nalalaman niyang mali iyon. Subalit ang pagbabago ay matatagpuan sa Roma 8:1-2; "Ngayon nga'y wala nang kahatulan sa mga na kay Cristo Jesus. Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay na na kay Cristo Jesus ay nagpalaya sa atin mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan."

At nang makarating siya sa Roma 9, nagsimulang tanungin rito ni Arminius ang katuruan ni Calvin hinggil sa ginawang pagpili ng Diyos sa simula't-simula pa lang kung sino ang maliligtas at kung sino ang mapapahamak; na kung saan sa turong ito ay sinasabi na walang anumang paraan upang mabago ang itinakdang kapalaran ng isang tao. Tinutulan ni Arminius ang ideya na ang isang lubos na mapagmahal na Diyos ay magkakait ng biyaya

---

[8] Imahe: "British Library digitised na imahe na hango sa pahina 512 ng 'Algemeene geschiedenis der Vaderlands...'", hinango mula sa British Library https://www.flickr.com/photos/britishlibrary/11018029026, "Walang sinasabing restrikyon sa karapatang-aralin."

sa sinuman. Naniniwala si Arminius na ang biyaya ay walang bayad at para sa lahat ng tao. Kaya ipinasya niyang paniwalaan na sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo, ginawang posible ng Diyos para sa lahat ng tao ang makapagsisi, sumampalataya sa ebanghelyo, at magtamo ng kaligtasan.

Itinuro ni Arminius na ang desisyon na ginawa ng Diyos hinggil sa kaligtasan ay isang "walang hanggan at mapagbiyayang panukala kay Cristo, na kung saan ipinasya niya ang pagpapawalang-sala at kupkupin ang mga mananampalataya at bigyan sila ng buhay na walang hanggan…" **Ang Diyos ay nagpasya na iligtas ang sinumang sasampalataya** (Juan 3:16).

Subalit ang mga Calvinist ay naniniwala na dahil sa makasalanang kalikasan ng tao, hindi magawa ng tao na piliin ang kaligtasan maliban na kontrolin ng Diyos ang kanilang mga kalooban. Ayon sa maraming Calvinist, ang katuruan ni Arminius ay tumatanggi sa kapangyarihan ng orihinal na kasalanan at nagbibigay sa tao ng kapangyarihan na makamit ang kaligtasan. Subalit hindi itinatanggi ni Arminius ang orihinal na kasalanan. Sa halip, itinuro niya na ang biyaya ng Diyos ay nananaig sa kapangyarihan ng orihinal na kasalanan at nagbibigay sa bawat tao ng posibilidad na piliin ang kaligtasan.

Sina Calvin at Arminius ay kapwa may malaking impluwensya sa mga katuruan ng mga modernong simbahan. Halimbawa, ang Simbahan sa Inglatera ay bumuo ng isang kredo na tinaguriang *Westminster Confession of Faith* batay sa mga katuruan ni Calvin. Ang Presbyterian na simbahan ay sumusunod sa mga katuruan ni Calvin. Samantala, ang mga orihinal na simbahang Methodist ay sumusunod naman sa mga katuruan ni Arminius, bagamat may ilang mga Methodist na simbahan ngayon na tumatangging sila ay Arminian. Maraming Baptist na simbahan naman ay nagtataglay ng mga doktrina na masasabing nasa pagitan o gitna na dalawang doktrinal na pananaw na ito.

| Calvinismo | Arminianismo |
|---|---|
| **Ganap na Walang Ugnayan.** Ang tao ay ganap na walang ugnayan at walang kakayahan na tumugon sa biyaya ng Diyos hanggang hindi binubuhay ng Diyos ang kanilang espiritu. | Wala tayong kakayahan na tumugon sa Diyos sa sarili nating kakayahan, subalit ang Diyos ay nagbibigay ng kakayahan sa tao na tumugon sa ebanghelyo. |
| **Walang Kondisyon na Paghirang.** Pinili na ng Diyos mula pa lang sa walang hanggan kung sino ang maliligtas. Ang Diyos ay hindi nagbigay ng biyaya sa mga taong hindi niya ipinasyang maligtas. | Panukala ng Diyos mula sa walang hanggan na iligtas ang lahat ng sasampalataya kay Cristo. |

| | |
|---|---|
| **Limitadong Pagtubos.** Ang kamatayan ni Cristo ay nagkaloob ng katubusan para lamang sa mga ipinasya ng Diyos na maligtas. | Si Cristo ay namatay para sa lahat ng tao. |
| **Di-Mapipigilang Biyaya.** Ang mga taong pinili ng Diyos na maligtas ay walang kakayahan na tanggihan ang kanyang biyaya. | Ang Diyos ay nagbibigay ng kakayahan sa tao na magsisi at sumampalataya, subalit hindi pinipilit ng Diyos ang kanilang kalooban. |
| **Pagsisigasig ng mga Mananampalataya.** Silang mga niligtas ng Diyos ay magpapatuloy hanggang wakas; hindi sila mahuhulog mula sa kalagayan ng biyaya. | Ang pinal na kaligtasan ay naka-angla sa pagpapatuloy ng isang mananampalataya kay Cristo. |

► Paano mo susuriin at titimbangin ang paniniwala ng mga Calvinist at Arminian sa biblikal na paraan at pananaw? Ano sa palagay mo ang epekto ng bawat paniniwala sa gawi at pagsasakatuparan ng ministeryo?

### Konklusyon: Mga Lakas at Kahinaan ng Gobyerno na Repormasyon

Bawat ebanghelikal ay dapat na magkaroon ng malalim na pasasalamat sa mga mga Repormistang Nauugnay sa Gobyerno. Sa pamamagitan ni Martin Luther, muling nakamtan ng mga mananampalataya ang magalak sa mga biblikal na katuruan tungkol sa pagpapawalang-sala na dulot ng biyaya at sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa pamamagitan ni Ulrich Zwingli, ang ebanghelikal na simbahan ay natutong gumalang sa maingat na pagtuturo ng Biblia. Sa pamamagitan ni John Calvin, tayo ay pinapaalalahanan tungkol sa kahalagahan ng doktrina ng soberanya ng Diyos. Tunay na ginamit ng Diyos ang mga Repormista upang muling pukawin at ibangon ang kanyang Iglesia mula sa maraming siglo ng pagkakalubog.

Subalit, ang pag-aaral sa buhay ng mga Repormista ay nagpapaalala rin sa atin na ang Diyos ay gumagamit ng mga di-perpektong tao. Ibinalik ni Martin Luther ang pagbibigay diin sa pagpapawalang-sala na dulot ng biyaya at sa pamamagitan ng pananampalataya, gayunma'y nabigo siyang maunawaan ng lubos ang nagpapabagong kapangyarihan ng biyaya upang gawing banal ang isang mananampalataya. Ang paggamit ni Zwingli ng puwersang militar upang itaguyod ang Protestantismo sa mga rehiyong Katoliko ay batay sa kanyang maling pagkakaunawa kung paano papalaganapin ang kaharian ng Diyos. At bagamat si John Calvin ay dapat na igalang sa kanyang mataas na pananaw sa kadakilaan at kapangyarihan ng Diyos, madalas naman niyang di mapansin at di mapaglaan ng turo ang pag-ibig ng Diyos para sa **lahat** ng tao.

Ang aral ay ito: Dapat na lagi tayong bumalik sa Salita ng Diyos bilang ating ganap na awtoridad. Walang sinumang tagapagturong tao na hindi nagkakamali. At bagamat dapat na matuto tayo mula sa tradisyon at mga dakilang tagapagturo sa nakaraan, ang atin pa ring ganap na awtoridad ay ang Biblia. Ito ang dahilan kung bakit binigyang diin ng mga Repormista ang prinsipyo ng Biblia lamang. Ang Banal na Kasulatan ang siyang dapat na maging ganap na awtoridad natin pagdating sa doktrina at pamumuhay.

## Aralin 1, Mga Takdang Aralin

(1) Gamit ang memorya, isulat ang limang "Lamang" na pangungusap ng Repormasyon. Para sa bawat pangungusap, magsulat ng karagdagang dalawang pangungusap na ipinapaliwanag kung bakit ito mahalaga. Ano ang problema na sinasagot ng mga repormista nang binuo nila ang bawat pangungusap?

(2) Pumili ng apat sa mga tanong-pantalakayan sa araling ito at magsulat ng 1-2 talata para sa bawat isa.

(3) Sa iyong isusulat, ipakita mo ang pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga turo ng Calvinismo at Arminianismo.

(4) Magbigay ng dalawang partikular na mga aral na matututunan mula sa buhay ng bawat pinuno ng simbahan. Maaari mo itong ibahagi sa klase sa susunod ninyong pagkikita.

- Martin Luther
- Ulrich Zwingli
- John Calvin
- Jacobus Arminius

## Proyekto ng Kurso

Ang iyong tagapagturo ang magbibigay ng takdang petsa para sa proyekto sa kurso. Magpapasa ka ng 6-8 na pahina hinggil sa paglaganap ng Kristiyanismo sa iyong bansa o sa kinabibilangan mong lipunan. Ang papel na ito ay naglalaman ng tatlong bahagi:

1. Ang kwento ng pagdating ng ebanghelyo sa iyong mga kababayan
2. Isang pagsusuri sa kalakasan ng simbahan sa iyong pamayanan
3. Isang pangitain o hangarin para sa pagpapaunlad at impluwensya ng simbahan sa susunod na 20 taon

Kung aaprubahan ng inyong tagapamuno, maaari mong gawin ang paghahanda ng papel na ito na kasama ang iyong kaklase.

# Aralin 2
# Iba pang Repormasyong Gawain
# A.D. 1525-1648

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan ang paninindigan ng mga Radikal na Repormista.

(2) Mabalikan ang kasaysayan ng Protestanteng teolohiya sa Inglatera.

(3) Maunawaan ang layunin ng Counter-Reformation.

(4) Maunawaan kung paano nabuo ang mga denominasyon ng mga simbahan pagkatapos ng Tatlumpung Taong Digmaan.

## Pambungad

Bagamat ang mga Gobyerno na Repormista ang pinakakilalang mga pinuno ng Repormasyon, hindi lamang sila ang mga aktibong Repormista noong ika-16 at ika-17 siglo. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang ilang mga di-kilalang mga gawain na nabuo sa loob ng siglong ito.

Pag-aaralan natin ang mga Radikal na Repormista na naniwalang hindi lubusang naiwaksi ng mga Gobyerno na Repormista ang mga gawain ng Simbahang Romano Katoliko. Matutuhangyan natin ang simula ng Repormasyon sa bansang Inglatera, isang uri ng gawain na malaki ang pagkakaiba sa Repormasyon na naganap sa kontinente ng Europa. Makikita rin natin ang gawain ng repormasyon sa ***loob*** ng Simbahang Romano Katoliko bilang tugon sa Repormasyon. At sa bandang huli, matutunghayan natin ang pagsulpot ng mga denominasyon sa loob ng Protestantismo.

## Ang mga Radikal na Repormista

Sa Aralin 1, pinag-aralan natin ang mga Gobyerno na Repormista na sina Luther, Zwingli, at Calvin. Natunghayan natin na higit pang mga hakbang ang ginawa ni Zwingli kumpara kay Luther; na sa pagdating sa usapin ng pagsamba, *tanging* ang mga gawi ng pagsamba na inuutos sa Biblia ang maaaring gawin. At sa pamamagitan ng pagtanggi sa anumang mga gawi na hindi inuutos sa Biblia, sinubukan ni Zwingli na ipakita sa Zurich, Switzerland ang para sa kanya’y Kristiyanismo ng Bagong Tipan. Subalit dalawa sa malapit na tagasunod ni Zwingli na sina Conrad Grebel at Feliz Manz ang naniwalang hindi pa rin maituturing na malapit sa Kristiyanismo ng Bagong Tipan ang mga Swiss na simbahan. Ang mga taong ito ang siyang binansagang “Radikal na mga Repormista.”

Nagkaroon ng maraming uri ng mga Radikal na Repormista. May iba na nagbigay pansin sa mga bagong espirituwal na mga kapahayagan at tumanggi sa lahat ng tradisyon ng simbahan. May grupo naman na tinalikuran ang mga pangunahing katuruang Kristiyano ng dahil sa kanilang paghahanap ng bagong mga espirituwal na kapahayagan. Subalit, sa araling ito, pag-aaralan lang natin ang Radikal na mga Repormista na nabuo mula sa Swiss na simbahan. Nagturo sila ng mga paniniwalang nagpasimula ng gawain at tradisyon ng mga Anabaptist/Mennonite.

Bagamat sila ay tinatawag na mga Repormista, marami sa mga Radikal na Repormista ay naniwalang kulang pa rin ang nagawa ng Repormasyon. Ang totoo niyan, may iba sa kanila na naniwalang ang Lutheran na simbahan ay isang anyo pa rin ng Simbahang Romano Katoliko. Kaya sa halip na maghatid ng pagbabago sa umiiral na simbahan, ang mga Repormistang ito ay kusang-loob na umalis at lumabas mula sa umiiral na mga organisasyon ng panahong iyon, upang bumuo ng simbahang ayon sa iglesia ng unang siglo.

Ang mga prinsipyong marka ng mga Radikal na Repormista sa Swiss na Simbahan ay ang mga sumusunod:

- Paghihiwalay ng iglesia at gobyerno
- Bautismo ng Mananampalataya
- Pagdidisipulo
- Konsepto ng Iglesia
- Pagtanggi sa lahat ng karahasan

**Paghihiwalay ng iglesia at gobyerno**

Isa sa mga malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga Nauugnay sa Gobyernong Repormista at Radikal na mga Repormista ay ang relasyon sa pagitan ng iglesia at gobyerno. Ang mga Nauugnay sa Gobyernong Repormista ay naniniwala sa posibilidad ng Kristiyanong gobyerno at sa malapit na pagtutulungan ng iglesia at pamahalaan. Naniniwala sila sa konsepto ng estadong iglesia (tulad ng Lutheran sa Germany; Zwinglian sa Zurich; Calvinist sa Geneva).

Subalit ang relasyon sa pagitan ng iglesia at ng estado ay naging isyu noong ikinatuwiran ni Feliz Manz (sa Zurich) na ang Banal na Hapunan ay dapat na idaos ayon sa wika ng mga tao sa halip na sa Latin. Ipinaalam ni Zwingli ang usaping ito sa pamahalaan ng lungsod. Subalit hindi sumang-ayon si Manz at ang kanyang mga tagasunod sa hakbang na ito: sapagkat ito ay hindi usapin na hawak ng gobyerno, kundi isang biblikal na usapin.

Yamang ang Bagong Tipan ay hindi nagtuturo ng alyansa o pagsasanib sa pagitan ng Iglesia at estado, tinutulan ng mga Radikal na Repormista ang konsepto ng estadong iglesia na kung saan ang gobyernong-sibil ay nagpapatupad ng mga teolohikal na paniniwala. Gamit ang ganitong lohika at pangangatuwiran, tinutulan ng mga Radikal na Repormista ang sapilitang pagbibigay ng ikapu at ninais nilang magtatag ng mga simbahang may sariling pamamahala. Ayon sa mga Radikal na mga Repormista, ang tanging tungkulin at

kaugnayan lamang ng pamahalaan sa iglesia ay ang magbigay sa bawat mamamayan ng malayang konsensya. Ang ganitong malakas na pagtutol sa isang sentral na awtoridad ay nagpatuloy sa tradisyon ng tinaguriang free church sa Europa. (Ang *free church* ay denominasyon ng simbahan na humiwalay sa gobyerno.)

**Bautismo ng Mananampalataya**

Sa patuloy na paghahanap nina Grebel at Manz ng kasagutan sa Biblia, natuklasan nila na walang utos sa Bagong Tipan na bautismuhan ang sanggol. Walang matagpuan na basehan sa Biblia ang mga Radikal na Repormista para sa pagsasagawa ng bautismo sa sanggol. Ang kanilang alalahanin ay bunsod na rin ng dahilan na ang mga indibidwal na nabautismuhan noong sila ay sanggol pa ay maaaring mag-akala na sila ay ligtas, bagamat wala naman silang personal na relasyon kay Cristo.

Nang dahil rito, tinutulan ng mga Radikal na Repormista ang pagsasagawa ng bautismo sa mga sanggol, kundi gumawa lamang ng pagbabautismo matapos na ang isang indibidwal ay magpahayag ng kanyang pananampalataya kay Cristo. Binautismuhan pa rin nila ang mga matatandang mananampalataya kahit na ang mga ito ay nabautismuhan na noong sila'y mga sanggol pa lamang. Ito ang dahilan kung bakit sila nakilalang mga *Anabaptist*, na ang ibig sabihin ay, "*mga taong muling nagbabautismo*."

Ang isyu ng bautismo ang siyang naging pangunahing punto ng pagtatalo sa pagitan ng mga Radikal na Repormista at ni Zwingli. Noong ika-16 na siglo, ang bautismo ay itinuturing na higit pa sa patotoo ng pananampalataya o hinihinging kondisyon upang mapabilang sa isang simbahan. At dahil sa ang iglesia at estado ay may malapit na ugnayan, ang bautismo ang siyang naging daan upang ang isang bagong silang na sanggol ay ituring na kabilang sa isang lipunan. Subalit nang isinagawa ng mga Anabaptist ang bautismo sa mga mananampalataya, ipinakita nila ang malaking pagkakaiba ng pagiging kabahagi ng simbahan kumpara sa pagiging kabahagi ng lipunan.

► Ang mga sumusuporta sa pagbabautismo sa sanggol ay naniniwala na ang sinasabi sa Gawa 16:30-33 ay nagpapakita na ang mga bata sa Kristiyanong pamilya ay dapat na bautismuhan, kahit na wala pa silang kakayahan na magpahayag ng kanilang personal na desisyon ng pananampalataya. Subalit ang mga sumusuporta sa bautismo ng mananampalataya ay naniniwala rin na ang Gawa 2:38 at ang iba pang mga talata sa Biblia ay nagpapakita na ang bautismo ay para lamang sa indibidwal na nagpahayag kanyang pananampalataya. Basahin mo ang mga talatang ito at ibigay ang iyong sariling mga dahilan ng paniniwala, ito man ay panig para sa bautismo sa mananampalataya o sa pagbabautismo sa sanggol.

**Pagdidisipulo**

Ipinangaral ng mga Radikal na Repormista na ang Kristiyanismo ay higit pa sa doktrina, pagiging miyembro ng estadong iglesia, o kaya'y maging sa personal na saloobin at karanasan. Naniniwala sila na ang tunay na pagiging disipulo ay nakaugnay sa lahat ng

aspeto ng buhay. At dahil rito, ang mga Radikal na Repormista ay nakilala sa kanilang paninindigan na isabuhay ang pananampalatayang Kristiyano sa panlipunang pangangailangan.

**Konsepto ng Iglesia**

Para sa mga Nauugnay sa Gobyernong Repormista, ang isang buong komunidad ay maaaring ituring na Lutheran o Calvinist anuman ang pribadong paniniwala ng isang indibidwal. Subalit ang mga Radikal na Repormista ay may ibang paniniwala. Naniniwala sila na ang simbahan ay grupo ng mga indibidwal na mga mananampalataya na tapat sa kanilang lokal na kongregasyon. Ang tunay na simbahan kung gayon ay hindi binubuo ng buong komunidad.

Mahalaga para sa mga Radikal na Repormista ang lokal na simbahan sapagkat ito ang komunidad na kung saan ang mga disipulo o alagad ay hinuhubog. Sa pamamagitan ng sama-samang pag-agapay, tinutulungan ng lokal na simbahan ay bawat mananampalataya na lumago sa wangis ni Cristo.

Naniniwala ang mga Radikal na Repormista na walang awtoridad ng tao (gobyerno man o relihiyon) ang may kontrol sa mga lokal na simbahan. (Bagamat sina Luther at Zwingli ay sumang-ayon rito sa umpisa, nagbago rin sa bandang huli ang kanilang isip.) Naniniwala ang mga Radikal na Repormista na bawat kongregasyon ay tuwiran o direktang nasa ilalim ng awtoridad ng Diyos. At dahil rito, ang mga desisyon ay dapat na gawin ng buong miyembro ng lokal na simbahan.

**Pagtanggi sa Lahat ng Karahasan**

Ang mga Anabaptist, tulad ng marami nilang tagasunod ngayon, ay nagturo na ang pag-ibig ng Kristiyano ay nagbabawal sa kanya na makibahagi sa anumang anyo ng pakikipaglaban. Bilang bahagi ng kanilang paninindigan na magkaroon ng ganap na pagsunod kay Jesus, determinado silang huwag labanan ang masamang tao (Mateo 5:39). Kapag sila ay sinasalakay, tumatanggi silang ipagtanggol ang kanilang mga sarili. At bagamat ang Simbahang Romano Katoliko at mga Protestante ay kapwa gumagamit ng militar na lakas upang ipagtanggol ang Iglesia, ang mga Radikal na Repormista ay nanindigan na huwag gumamit ng dahas.

► Dapat bang gumamit ang mga Kristiyano ng puwersa upang maniwala ang iba sa tamang doktrina at mamuhay ng ayon sa mga tuntuning Kristiyano?


►Tama bang ipagtanngol ng isang Kristiyano ang kanyang sarili laban sa taong nais manakit sa kanya?

Kay lungkot na ang kwento ng mga Radikal na Repormista ay nauwi sa pagkakabaha-bahagi sa pagitan ng mga kapwa Repormista. Noong 1525, si Zwingli ang tumatayong pastor pa rin sa Zurich, Switzerland. Ang lungsod na ito ay Protestante at bawat sanggol ay binautismuhan para maging bahagi ng simbahan.

Noong tumanggi si Felix Manz na bautismuhan ang kanyang bagong silang na sanggol, iniutos ng Konseho ng Lungsod na palayasin siya at ang kanyang mga tagasunod palabas ng lungsod. Kaya noong Enero ng 1525, ang unang kongregasyon ng Anabaptist ay naitatag sa nayon ng Zollikon, malapit sa lungsod ng Zurich. At noong Marso ng 1526, nagpatupad ng hatol ang konseho ng Zurich na sinumang matagpuan na muling magpabautismo ay lulunurin hanggang malagutan ng hininga.

Si Manz ay naging martir sapagkat hinatulan siyang lunurin noong Enero ng 1527. At sa pagpasok ng 1600, halos 10,000 na mga Anabaptist ay namatay bilang martir; madalas na ito ay kagagawan mismo ng mga Protestante. At sa paglipas ng panahon, ang mga Anabaptist ay naghanap ng bagong matitirhan sa Moravia, na kung saan nakatagpo sila ng mga pinuno na pinahintulutan silang isagawa ang kanilang mga paniniwala.

### Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Ninyong Makikilala: Menno Simons



Si Menno Simons[9] (1496-1561) ay naging pinuno ng mga Anabaptist sa isang kritikal na panahon sa kasaysayan ng Radikal na Repormasyon. Sa pagitan ng taong 1525, na kung saan ang mga Anabaptist ay pinalayas mula sa Zurich, at 1535, may ilang mga Anabaptist na nagsimulang magturo ng mga maling doktrina. At dahil tinanggihan nila ang awtoridad sa simbahan na labas sa lokal na kongregasyon, naging madali para sa mga bulaang tagapagturo na magkaroon ng mga tagasunod. May ilang mga pinuno na nagsimulang mangaral ng mensahe na naniniwala sa marahas na pagpapabagsak sa gobyerno. At noong 1535, ang Radikal na Repormasyon ay nalagay sa panganib na mawala ang katotohanan. Subalit dumating si Menno Simons ay sinagip ang mga Anabaptist mula sa mga maling katuruan.

Si Menno Simons[10] ay na-ordinahan bilang pari ng Romano Katoliko sa edad na 28. Bagamat siya ay pari, wala siyang alam sa Biblia. Ayon sa kanyang patotoo, “Natakot ako na kung babasahin ko ang Biblia, ililigaw ako nito!” Naglingkod siya bilang isang pari, subalit sa pagsapit ng gabi ay matatagpuan siyang nakikipag-inuman at nagsusugal.

Makalipas ang dalawang taon, nagpasya si Simons na simulang pag-aralan ang Biblia. At paglipas ng ilang taong pag-aaral, naunawaan niya na ang kanyang paniniwala sa Katolikong katuruan ay mali. Siya ay naging Protestante at nagsimulang mangaral ng mga doktrina nito sa kanyang pulpito sa simbahang Katoliko. Paglipas ng isang taon, nilisan niya ang simbahang Katoliko at nakisama sa mga Radikal na Repormista.

Alam ni Simons na ang mga Anabaptist ay kapwa kinalaban ng mga Katoliko at mga Protestante. Alam niya rin na marami sa mga Anabaptist ang sumusunod sa mga maling

---

[9] Mark Galli at Ted Olsen, *131 Christians Everyone Should Know* (Nashville, TN: Broadman & Holman Publishers, 2000), 166–168

[10] Imahe: “Meno simonis”, hango sa https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Meno_simonis.jpg, para sa publiko.

paniniwala. Gayunma'y sinimulang ituro ni Simons sa mga Anabaptist ang biblikal na doktrina. Sa loob ng 25 taon, naglathala siya ng mga babasahin para sa mga Anabaptist, nangaral sa iba't ibang lugar sa Germany at Netherlands, at tumulong sa pag-organisa ng gawain ng Anabaptist.

Halos ginugol ni Simons ang kanyang buhay sa kakatago. Ang emperador mismo ay nagbigay ng gantimpala sa sinumang makakahuli sa kanya. Ang totoo niyan, may isang tao na hinatulan ng kamatayan sapagkat pinatuloy niya si Simons sa kanyang bahay. Gayunpaman, tinanggap ni Simons ang mga pag-uusig bilang likas na bunga ng pagsunod kay Cristo. Ang sabi niya, "Kung ang Pinuno ay nagtiis ng pagpapahirap, dalamhati, hapis, at pasakit, paanong ang kanyang mga lingkod, mga anak, at mga kasapi ay aasa ng kapayapaan at kalayaan na may kinalaman sa kanilang katawan?"

Sinagip ni Simons ang Radikal na Repormasyon mula sa panganib ng heretikong katuruan at ibinalik ito tungo sa biblikal na pananampalatayang Kristiyano. Ang kanyang impluwensya ay napakalakas na marami sa mga Anabaptist ay binansagang Mennonites.

## Ang Repormasyon at Puritanismo sa Inglatera

### Ang Pulitikal na Simula ng Repormasyong Ingles

Hindi tulad ng Lutheran, Anabaptist, o Calvinist, ang Repormasyong Ingles ay nagsimula dahil sa pulitikal na isyu, hindi dahil sa doktrinal na katanungan. Ang ibang repormasyon ay nagsimula ng dahil sa mga isyu ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya, bautismo sa sumasampalataya, o kaya'y ng dahil sa partikular na pananaw hinggil sa soberanya ng Diyos. Subalit, ang Repormasyong Ingles ay nagsimula noong humiwalay si Haring Henry VIII mula sa Roma sapagkat may nais siyang gawing desisyon na hindi pinahintulutan ng Roma.

Matapos ang 18 taon ng pagsusumikap na magkaroon ng anak na lalaki na magiging kahalili niya, ninais ni Henry na hiwalayan si Catherine ng Aragon at pakasalan si Anne Boleyn. Subalit ng dahil sa pulitikal na dahilan ay tumanggi ang Santo Papa na pawalang-bisa ang kasal, kinumbinsi ni Henry ang mga pinuno ng Simbahang Ingles na pawalang-bisa ang kanyang kasal kay Catherine. Nang mangyari ito ay pinakasalan niya si Anne, at nagsilang ng isang anak na babae. At nang hindi nagawa ni Anne na magsilang ng anak na lalaki naglabas si Henry VIII ng paratang ng pangangalunya laban kay Anne. Pagkatapos nito ay pinakasalan naman niya si Jane Seymour, na pamamagitan niya ay nagkaroon ng anak na lalaki si Henry.

Matapos na ipagbawal ng Santo Papa ang kaugnayan ni Henry sa Simbahang Katoliko, hinikayat ng hari ang Parlyamento na ipasa ang tinaguriang 1535 *Act of Supremacy* na nagdi-deklara sa hari bilang pinuno ng Simbahan sa Inglatera. Dahil rito, nakapagbigay si Henry na relihiyong awtoridad (ang kapangyarihan na magtalaga ng mga obispo, magpasya ng mga doktrina, at mag-organisa ng mga kasulatan para sa panambahan) sa Arsobispo ng

Cantebury, si Thomas Cranmer. Gayunma'y sa ilalim ni Henry VIII, ang paghiwalay sa Roma ay pangunahing dulot lamang ng pulitikal na kadahilanan.

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Ninyong Makikilala: William Tyndale



Sa ating *Surbey sa Kasaysayan ng Iglesia 1,* binalikan natin ang buhay ni John Wycliffe, na siyang nanguna sa unang pagsasalin ng Biblia sa wikang Ingles. Ang kanyang ginawang pagsasalin ay kinopya sa pamamagitan ng sulat-kamay subalit hindi nailimbag. Si William Tyndale (1494-1536)[11] ang nakapaglimbag ng unang Biblia sa wikang Ingles.[12]

Si William Tyndale ay napakahusay sa mga lenggwahe. Kaya niyang makapagsalita ng pitong wika at makapagbasa ng matandang wika ng Hebreo at Griego. Gaya nina Luther, Zwingli, at ng marami pang iba, si Tyndale ay naimpluwensyahan ring malaki ng edisyon ng Bagong Tipan sa Griego na ginawa ni Erasmus. Sa kanyang pagbabasa ng Bagong Tipan, natuklasan ni Tyndale ang doktrina ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya.

Alam ni Tyndale na maraming mamamayan ang walang Biblia na nasulat sa kanilang sariling wika. At dahil rito, itinalaga niya ang sarili sa paghahatid ng Biblia sa mga karaniwang tao.

Matapos ang kanyang pag-aaral sa Oxford at Cambridge, humiling si Tyndale ng pahintulot na isalin ang Bagong Tipan sa wikang Ingles. Subalit tinanggihan siya ng kanyang obispo. Alam ni Tyndale na walang ligtas na lugar sa Inglatera upang magawa niyang isalin ang Bagong Tipan. Noong 1408, isang batas ang ipinatupad na nagbabawal sa pagsasalin ng Biblia tungo sa wikang Ingles; isa itong krimen na may parusang kamatayan.

Kaya naman, naglakbay si Tyndale sa Europa upang maghanap ng ligtas na lugar na kung saan magagawa niya ang trabaho ng pagsasalin. Hindi siya bumalik sa Inglatera. At matapos ang paglalakbay sa iba't ibang mga lungsod, si Tyndale ay nanirahan sa Worms, Germany at tinapos roon, taong 1525, ang unang salin ng Bagong Tipan sa wikang Ingles.

Nang ang kanyang salin ng Bagong Tipan ay ipinuslit patungo sa Inglatera, ipinag-utos ng arkobispo ng Cantebury sa mga kinauukulan na bumili ng kopya nito at sunugin. Ginamit ni Tyndale ang mga salaping nalikom upang makapaglimbag ng isa pang edisyon ng Bagong Tipan, na kung saan maaari niyang itama ang mga maling nagawa ng paglilimbag sa unang edisyon!

---

[11] Imahe: "Gulielmus Tyndall", Rijksmuseum, hinango sa https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Portret_van_Engelse_priester_en_theoloog_William_Tyndale_Gulielmus_Tyndall_Martyr_tibi_causa_necis_(titel_op_object),_RP-P-OB-26.648.jpg, para sa publiko.

[12] Mga Pinagkunan:
+ Mark Galli and Ted Olsen, *131 Christians Everyone Should Know* (Nashville, TN: Broadman & Holman Publishers, 2000), 349–350
+ John Woodbridge, *Great Leaders of the Christian Church* (Chicago: Moody Press, 1988), 201-205

Alam ni Tyndale na maaari siyang mamatay ng dahil sa pagsasalin ng Biblia na wala ang pahintulot ng simbahan. Subalit maliit na bagay lang ito para sa kanya kumpara sa kanyang panawagan na isalin ang Biblia sa wika ng kanyang mga kababayan. Ang sabi niya, "…Kung ang Diyos ay panig sa atin, di ba't hindi mahalaga kung sinuman ang kalaban natin, sila man ay mga obispo, kardinal, o santo papa...?" Mula sa Germany, si Tyndale ay nagtungo sa Antwerp, Belgium na kung saan nanahan siya doon ng siyam na taon. Doo'y mas lalo niyang pinabuti ang isinalin niyang Bagong Tipan at simulan na rin ang pagsasalin sa Lumang Tipan.

Ang pagsasalin ni Tyndale ay mahalaga sapagkat iyon ang unang pagsasalin na hango sa mga kasulatang Griego at Hebreo, at dahil na rin sa husay ng kanyang pagsasalin. Ang kanyang pagsasalin ang naging pundasyon para sa mga susunod pang mga pagsasalin ng Biblia sa wikang Ingles. At kahit na sa paglipas ng 100 taon, naging maimpluwensya pa rin siya sa mga kataga at pagkakaayos ng mga salita sa mga sumunod na pagsasalin.

Subalit noong 1535, si Tyndale ay trinaydor at inaresto ng dahil sa sala di-umano ng pagtuturo ng maling aral. At noong Oktubre 1536, dinala siya sa liwasang bayan na kung saan ay may krus na nakatayo. Nang tumanggi siyang talikuran ang kanyang mga turo, iginapos siya sa krus, sinakal, at sinunog.

Ang mga huling salita na binitiwan ni Tyndale ay isang panalangin. Ang sabi niya, "Panginoon, buksan mo ang mga mata ng Hari ng Inglatera." Ang kanyang panalangin ay tinugon sa paglipas ng ilang taon. Noong 1539, iniutos ni Henry VIII na bawat simbahan ay dapat na magkaroon ng kopya ng Biblia sa wikang Ingles at bigyan nito ang kanilang mga miyembro. Ang inaprubahang salin ay inilathala ni Miles Coverdale. Ito ang kauna-unahang nailimbag na edisyon ng Biblia sa Ingles. Gayunma'y dahil sa pagtutol ng hari, ang pangalan ni Tyndale ay hindi inilagay sa talaan ng mga tagapagsalin, ngunit marami sa mga pagsasalin ay batay sa salin ni Tyndale. At kung paanong ang pagsasalin ni Luther ay nagpasiklab ng Repormasyon sa Germany, gayundin naman, ang pagsasalin ni Tyndale ay may mahalagang papel na ginampanan sa Repormasyong Ingles.

## Ang Repormasyon at Puritanismo sa Inglatera (Pagpapatuloy)

### Ang Paglaganap ng Repormasyong Ingles

Sapagkat ang motibasyon ni Henry VIII ay primaryong pulitikal, at wala siyang pakialam sa mga doktrinal na isyu, dalawang mahalagang pagbabago lamang ang kanyang inaprubahan sa Simbahan ng Inglatera: (1) Ipinagbawal niya ang mga monasteryo at (2) matapos ang kanyang naunang pagtutol sa isinaling Biblia ni Tyndale, inaprubahan niya ito na gamitin sa mga simbahan.

> "Lakasan mo ang iyong loob, Ginoong Ridley at magpakatapang ka! Sa araw na ito ay magiging nagliliwanag na kandila tayo para sa Inglatera, na sa biyaya ng Diyos, ay hindi kailanman mauupos."
>
> -Pangungusap ng obispong si Latimer sa obispo na si Ridley habang sila ay sinusunog

Nang namatay si Henry noong 1547, ang kanyang 10 gulang na anak na si Edward VI ang humalili sa kanya sa trono. At sa ika-anim na taon ng paghahari ni Edward, inihatid ng grupo ng mga tagapayo ang Simbahang Ingles tungo sa direksyon ng Protestantismo. Ang Arsobispo ng Cantembury na si Thomas Cranmer ang nanguna sa repormang ito. Pinalitan niya ang panambahan sa Latin ng tinaguriang *Book of Common Prayer* na nasusulat sa wikang Ingles. Nagsulat rin siya ng buod ng mga doktrinal na paniniwala para sa Simbahan ng Inglatera na nakabatay sa Protestanteng mga prinsipyo.

Si Edward ay namatay noong 1553 at si Mary, na anak ni Catherine, na siyang unang asawa ni Henry ang naupo sa trono. Bilang isang debotong Romano Katoliko, si Mary ay tinaguriang "Bloody Mary" sapagkat ipinapatay niya ang halos 300 mga Protestante, kasama ang Arsobispong si Cranmer at ang mga sinunog na Obispong sina Ridley at Latimer.

Matapos ang kamatayan ni Queen Mary noong 1557, si Elizabeth I (anak na babae ni Anne Boleyn) ang siyang naupo sa trono. Sa loob ng kanyang 45taon na paghahari, ang Simbahan sa Inglatera ay naging Protestante at ang Biblia ay kinilala bilang isang ganap na kapamahalaan. Ang tinaguriang "Thirty-Nine Articles" ang naglatag ng katuruan ng simbahan ayon sa Protestanteng pamamaraan.[13] Gayunpaman, ang Simbahan sa Inglatera ay marami pa rin silang pinanatiling Katolikong gawi sa panambahan kahit ang kanilang doktrina ay pangprotestante. Ang layunin nila ay ang maghanap ng pwedeng pagkasunduan ng mga Protestante at Katoliko.

### Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Mong Makilala: Ang Martir na si Thomas Cranmer

Ang Obispong si Cranmer ay naging pinuno ng Repormasyong Ingles. Subalit, noong si Mary na isang Romano Katoliko ay naupo sa trono, tinangka niyang patayin si Cranmer kung hindi niya tatalikuran ang Protestanteng doktrina.

Nasaksihan ni Cranmer ang pagsunog kina Latimer at Ridley at sa marami pang iba na ipinapatay. Dahil sa takot, nagsulat siya ng ilang mga liham na nagsasaad ng kanyang pagtalikod sa Protestanteng doktrina. Gayunpaman, nagpasya pa rin ang hukuman na siya'y parusahan kahit na ginawa na niya ang ipinapagawa nila. Dagdag pa rito, hiniling nila kay Cranmer, na sa araw ng kanyang kamatayan ay basahin niya sa harap ng Unibersidad na Simbahan ng Oxford ang kanyang pahayag ng pagtalikod mula sa mga ebanghelikal na paniniwala. At noong Marso 21, 1556, pinatayo si Cranmer sa harapan ng maraming tao na naghihintay ng kanyang sasabihin. Sabik na hinintay rin ng kanyang mga kaaway ang kanyang pahayag ng pagtalikod.

Sinimulang basahin ni Cranmer ang pahayag na inaprubahan ng mga opisyales. Subalit gayon na lamang ang kanilang pagkagulat nang huminto siya at sinabi, "Ngayon ay nais kong sabihin ang isang malaking bagay na bumabagabag sa aking konsensya na higit pa sa

---

[13] Ang "Thirty-Nine Articles" ay rebiso ng naunang isinulat ni Thomas Cranmer na "Forty-Two Articles."

anumang bagay na aking nasabi at nagawa sa buong buhay ko…" Tinalikuran ni Cranmer ang kanyang naunang pagtatatwa at muling pinagtibay ang kanyang pananampalataya sa ebanghelyo.

Matapos ito, sinunggaban si Cranmer ng mga opisyal at itinali sa isang poste ng kahoy na pagsusunungan sa kanya. May mga pari na nagmakaawa sa kanya na bawiin ang kanyang mga sinabi, subalit tumanggi siya. At habang hinaharap niya ang kamatayan, sinabi ni Cranmer na dahil ang kanyang kanang kamay ang lumagda sa naunang pahayag ng pagtalikod, "ang kamay ko ang siyang dapat na unang parusahan at sunugin. At tungkol sa santo papa, siya ay itinuturing kong kaaway ni Cristo, ang Anti-Cristo, at bulaan ang mga doktrina." Si Cranmer ay namatay habang dinarasal ang mga pangungusap ni Esteban mula sa Gawa 7, "Panginoong Jesus, tanggapin mo ang aking espiritu. Nakikita ko na nakabukas ang kalangitan at si Jesus ay nakatindig sa kanan ng Diyos."

Sa isang banda, si Cranmer ay hindi maituturing na bayani ng pananampalataya sapagkat tinalikuran niya ang katotohanan upang iligtas ang kanyang buhay. Subalit nagtapos pa rin siya bilang isang dakilang saksi para sa katotohanan sapagkat nagawa niyang muling ipahayag ang tunay na pananampalataya noong alam niyang siya'y hahatulan pa rin ng kamatayan. Nalaman ng lahat ang kanyang tunay na paniniwala sapagkat ang taong malapit ng humarap sa Diyos ay hindi magsasalita ng kasinungalingan.

Sa oras ng kahinaan, ang pananampalataya ni Thomas Cranmer ay bumagsak. Tulad ni Simon Pedro sa oras na nililitis si Jesus, tinanggihan rin ni Cranmer ang kanyang panginoon. Subalit ang Diyos ay tapat at pinanumbalik niya sa pananampalataya si Cranmer. At sa bandang huli, tulad ni Pedro, si Cranmer ay namatay na isang martir na taglay ang hindi nagmamaliw na patotoo para sa kapangyarihan ng ebanghelyo.

## Ang Repormasyon at Puritanismo sa Inglatera (Pagpapatuloy)

### Ang mga Puritanong Ingles

May ilang mga miyembro ng Simbahan sa Inglatera na nagnais na ang simbahan ay mas higit pang sumunod sa mga prinsipyo ng Repormasyon. Subalit pinagtawanan sila ng marami at tinawag sa katagang "Puritan" sapagkat nais nilang dalisayin ang simbahan. Sa pagitan ng 1567 at 1660, sinikap ng mga Puritan na baguhin ang kanilang lipunan sa pamamagitan ng ikalawang Repormasyong Ingles. Hindi tinutulan ng mga Puritan ang pagkakaisa ng estado at iglesia o kaya'y ang umalis sila mula sa Simbahan ng Inglatera. Sa halip, sinubukan nilang linisin ang simbahan sa mismong loob nito. Naniniwala ang mga Puritan na ang Simbahan sa Inglatera (na kilala rin sa tawag na Anglikanong Simbahan) ay marami pa ring pinanatiling mga gawi ng panambahan na mula sa Simbahang Romano Katoliko: tulad ng, pormal na liturhiya (ang nakasulat na bahagi ng panambahan), espesyal na kasuotan para sa ministro, pista ng mga santo, at iba pang Katolikong kaugalian.

Ang gawain ng mga Puritan ay may tatlong yugto ng impluwensya.

***Yugto 1***

Sa ilalim ng pamamahala ni Queen Elizabeth (1558-1603), sinubukan ng mga Puritan na dalisayin ang simbahan mula sa loob nito. Nakinig si Elizabeth sa mga hinaing ng mga Puritan subalit wala siyang ipinatupad na pagbabago sa istraktura ng simbahan. Ngunit noong 1539, ang mga Puritan ay nagtamo ng sapat na impluwensya na dahil rito'y kinumbinsi ni Elizabeth ang Parlyamento na magpasa ng batas na laban sa mga Puritan upang pahinain ang kanilang kapangyarihan.

***Yugto 2***

Sina James I at Charles I (1603-1642) ay naging kalaban ng mga Puritan. Matapos ang kamatayan ni Elizabeth noong 1603, si James I ang naupo sa trono. At sapagkat siya ay naimpluwensyahan ng mga Calvinist, umasa ang mga Puritan na irereporma ni James ang Simbahan sa Inglatera tungo sa isang pamamahala na kung saan ang mga tao ay may kalayaan na pumili ng kanilang ministro. Isang petisyon na nilagdaan ng 1,000 mga ministro ang humiling kay James na "linisin" ang simbahan. Subalit hindi siya naniwala sa ideya ng kongregasyunal na pamamahala at sa impluwensya ng mga Puritan. Sa halip, naging matindi ang kanyang paniniwala na ang hari ay may "banal na karapatan" na pamahalaan pati ang Iglesia. Bunga nito, tinunaw niya ang Parliyamento at ipinatupad ang ganap na monarkiya. Maging ang humalili kay James na si Charles I ay wala ring pagmamalasakit sa mga Puritan.

Habang may ilang mga Puritan na nagpatuloy sa paghahanap ng reporma sa panahon ng paghahari nina James at Charles, may iba na umalis mula sa Simbahan ng Inglatera at naging kilala sa tawag na "Separatista." May ilan sa kanila ay nanirahan sa Amsterdam, Netherlands at humawak sa turo ng bautismo na para lamang sa sumasampalataya at itinatag roon ang simbahang Baptist para sa mga Ingles. Samantalata, may ilan sa grupo ng mga Separatista na nanirahan ng 10 taon sa Leyden bago naglakbay, sakay ng barkong *Mayflower,* upang bumuo ng isang kolonya sa Plymouth, Massachusetts, sa Amerika. Humigit kumulang 20,000 mga Puritan ang lumipat at nanirahan sa Amerika sa pagitan ng mga taong 1630 at 1640.

***Yugto 3***

Noong 1637, hinirang ni Charles I si William Laud bilang arsobispo ng Canterbury, isang katungkulan na may awtoridad sa Simbahan ng Inglatera. Sinubukan ni Laud na gamitin ang aklat ng mga Ingles na Book of Common Prayer sa Simbahan sa Scotland, bagay na naging mitsa upang maghimagsik ang mga Scots. Sa bandang huli, ang alitan ay hindi lamang naganap sa Scotland kundi naging isang malaking digmaang sibil sa Inglatera. Ang mga taong sumusuporta sa hari at sa awtoridad ng simbahan ay nakipaglaban sa mga Puritan na nagnanais na ang mga kongregasyon ay magkaroon ng kalayaan para sa pagbabago. Ang sandatahan ng mga Puritan ay pinangunahan ni Oliver Cromwell. Sa mga

Puritan, ang digmaan na ito ay isang krusada para sa pagbabago. Sila'y nanalangin bago makipaglaban at umaawit ng mga himno habang nakikipaglaban. Si Charles I ay sumuko kay Cromwell noong 1646 at hinatulan ng kamatayan noong 1649.

Ang Inglatera ay napasailalim ng kontrol ng mga Puritan hanggang taong 1660. Ito ang panahon ng kanilang dakilang pulitikal na kapangyarihan. Sinubukan nilang hubugin ang Inglatera ayon sa modelo ng Geneva, Switzerland sa ilalim ng pamamahala ni Calvin. Subalit, mayroong pagkakabaha-bahagi na namuo sa pagitan ng mga Puritan na nagpahina ng kanilang impluwensya. At matapos ang kamatayan ni Cromwell, ang mga Ingles ay nanumbalik sa monarkiya at episkopal na anyo ng pamamahala sa simbahan. At mula noon, ang mga Puritan ay nawala na sa kapangyarihan, subalit nagpatuloy pa rin sa kanilang mga protesta hinggil sa mga gawi ng panambahan sa Simbahan ng Inglatera.

Si John Bunyan ang pinakatanyag na tao sa yugtong ito. Si Bunyan ay isang mangangaral na tumangging bigyan ng lisensya ng Simbahan ng Inglatera. Siya ay ipinakulong ng 12 taon sapagkat nangaral siya na walang lisensya. Nagsulat siya ng siyam na libro at kasama na rito ang *Pilgrim's Progress,* isang libro na ipinapaliwang ang ebanghelyo sa pamamagitan ng simbolikong kwento tungkol sa isang tao na naglalakbay patungo sa langit. Ang libro na ito ay napabilang sa mga pinaka-maimpluwensyang mga aklat sa kasaysayan.

Mula sa yugtong ito, ang Kristiyanismo ay nagkaroon ng tatlong grupo:

1. **Ang Simbahan sa Inglatera**
2. **Dissenters**, ito ang grupo na sumang-ayon na ang simbahan at gobyerno ay dapat na magkaugnay; ang simbahan ay dapat na i-reporma (Puritan man o Katoliko)
3. **Nonconformists**, ito ang grupo na sumalungat sa pagkakaisa ng simbahan at gobyerno (Independents, Separatists, Congregationalists, Presbyterians, Methodists, Quakers, at Baptists)

Ang mga Puritan na lumipat at nanirahan sa Amerika ay naging makapangyarihang impluwensya sa sinaunang panahon ng mga kolonya sa Amerika. At bagamat sila ay madalas na kutyain bilang mga nagmamalabis o ekstremista, sinikap ng mga sinaunang Puritan na matapat na mamuhay ng may pagsunod sa Salita ng Diyos.

Sa kasalukuyan, maraming mga mananampalataya na maaaring malito sa bahaging ito ng kasaysayan. Maraming mga tao sa Inglatera ng yugtong ito na ipinalagay ang kanilang mga sarili na Kristiyano. Ngunit tungkol sa mga Kristiyano na may ibang paniniwala, nahirapan silang kontrolin ang gobyerno upang magawang ihatid ang mga simbahan ng kanilang bansa sa iisang tamang doktrina at paraan ng pagsamba.

Maraming mga bansa ngayon na nagbibigay ng kalayaan sa maraming uri ng mga simbahan at relihiyon na maipahayag ang kanilang sariling paniniwala. Ang mga tao sa gayong mga bansa ay walang ideya sa kung ano ang itsura ng isang simbahan na komokontrol sa gobyerno upang dalhin ang mga tao na maging bahagi ng isang relihiyon lamang.

Sa ibang mga bansa, maraming tao ang kabilang sa isang relihiyon na salungat sa Kristiyanismo. Sa pakiramdam nila, ang kanilang relihiyon ay bahagi ng kanilang kultural na identidad, at sa palagay nila, ang mga Kristiyano ay walang galang sa kanilang kultura at pambansang identidad. Bunga nito, marami sa mga Kristiyano sa bansang iyon ay nahihirapan sa pagsasabuhay ng kanilang pananampalataya at hindi sumasagi sa kanilang isip na makokontrol nila ang gobyerno.

Bawat isa sa mga sumusunod na ideya ay ipinapalagay o inaasahan sa ilang lipunan, ngunit sa ibang lipunan ay maaaring ituring ang mga ito na kakaiba.

- Ang relihiyon ay napakahalagang usapin na hindi dapat pagpasyahan ng kahit sino lang na indibidwal; ang gobyerno ang siyang dapat na mamahala rito.
- Ang mga tao ay isinisilang tungo sa relihiyon ng kanilang mga magulang; hindi sila dapat kaylanman magbago ng relihiyon.
- Hindi dapat hikayatin ng sinuman ang ibang tao na baguhin ang kanilang relihiyon.
- Ang pananampalataya ay personal at hindi dapat kontrolin ng anumang awtoridad.
- Ang pananampalataya ay nakabatay sa Biblia at hindi dapat pakialaman ng gobyerno.
- Dapat na sundin ng simbahan ang Biblia; ang gobyerno ay dapat na magbigay ng kalayaan at hindi dapat makialam sa mga gawain ng simbahan.
- Dapat na paniwalaan ng mga tao ang kanilang tunay na saloobin; ang mga paniniwala na iniuutos ng awtoridad ay hindi tunay na paniniwala.

► Anong mga ideya tungkol sa relihiyon at kalayaan ang mayroon sa iyong bansa? Alin sa mga ideya na naitala sa itaas ang maituturing na tama ayon sa mga biblikal na prinsipyo?

## Ang Kontra-Repormasyon

Ang Simbahang Romano Katoliko ay tumugon sa Repormasyon sa pamamagitan ng paghatol sa mga Protestante at sa mga reporma na nangyayari sa loob. Ang tugon ng Simbahang Katoliko ay may tatlong aspeto:

### Paghatol laban sa mga Aklat ng mga Protestante

Nilabanan ng Santo Papa Paul III ang mga ideya ng mga Protestante sa pamamagitan ng pagbibigay ng utos sa mga kinauukulan na hanapin at patayin ang mga Protestante na nakatira sa mga teritoryong nasa ilalim ng pamamahala ng Simbahang Katoliko. Naglabas siya ng talaan ng mga libro na ipinagbabawal basahin ng sinumang Katoliko. Ang bisa ng talaan na ito ay pinanatili hanggang 1959. Kasama sa mga librong ipinagbabawal rito ay ang mga aklat na sinulat ng mga Repormista at maging mga Protestanteng Biblia.

**Ang "Society of Jesus"**

> "Turuan Mo kami Panginoon, na paglingkuran ka ng karapat-dapat;
> Na magbigay at hindi binibilang ang halaga;
> Na makipaglaban at sugat ay hindi alintana;
> Na magpagod na hindi naghahanap ng pahinga;
> Na magsumikap at hiling lamang ang gantimpala,
> ng pagkakaalam namin na kalooban Mo'y aming ginagawa."
>
> - Ignacio ng Loyola

Tulad ni Martin Luther, ang Espanyol na sundalo na si Ignatius ng Loyala ay nagkaroon rin ng dramatikong karanasan ng pagiging Kristiyano. Habang nagpapagaling siya sa mga sugat na natamo sa digmaan, siya'y nagbabasa ng tungkol sa buhay ni Cristo. At sa edad na 30, tinalikuran ni Ignatius ang kanyang trabaho bilang sundalo, naglakbay tungo sa Holy Land, at nagsimulang mag-aral para maging isang pari. Si Ignatius ay may dalawang kontribusyon sa reporma ng Simbahang Romano Katoliko.

Una, si Ignatius ay nagsulat ng aklat na pinamagatang *Spiritual Exercises* na ginagamit para sa espirituwal na paghubog. Sa loob ng apat na linggo, ang isang disipulo ng gawaing ito ay gugugol ng oras sa pananalangin at pagbubulay. Bawat linggo ay mayroong partikular na paksa:

1. Makasalanang kalikasan ng tao
2. Si Cristo bilang hari
3. Ang paghihirap ni Cristo
4. Ang muling pagkabuhay ni Cristo

Ikalawa, binuo ni Ignautis ang samahan na tinatawag na "Society of Jesus" (Heswita) bilang mga tinaguriang "mga sundalo ni Cristo." Ang mga Heswita ang siyang nagpanumbalik na misyonerong pananaw at gawain ng Simbahang Katoliko. Si Francis Xavier ang siyang unang misyonerong Heswita na nangaral sa bansang India, Timog-silangang Asya, at Japan.

**Ang Konseho sa Trent**

Nakita ng Simbahang Katoliko ang pangangailangan ng reporma sa loob ng kanyang organisasyon. Kaya si Santo Papa Paul III ay nagpatawag ng konseho na magpupulong sa Trent, sa hilagang bahagi ng Italya. Dito'y pinag-usapan nila ang mga problema ng simbahan. Ang pagpupulong ng konseho sa Trent ay naganap ng tatlong sesyon sa pagitan ng 1545 at 1563.

**Ang Konseho ay nagpatupad ng mga reporma sa loob ng simbahan.** Sapagkat maraming mga pari ang hindi nakapag-aral ng maayos –hindi nila kayang basahin ang nakasulat na mga rituwal ng panambahan – kaya ang konseho ay nagtayo ng mga seminaryo upang sanayin ang mga pari. At dahil iilan lamang sa mga mananambahan ang may alam sa Latin, iniutos ng konseho sa mga pari na ipaliwanag sa mga tao ang mga

rituwal ng panambahan sa kanilang sariling wika. Sinaway rin ng konseho ang mga pari at mga manunugtog na walang ugali ng paggalang sa panambahan.

**Mariing tinutulan ng Konseho sa Trent ang doktrina ng mga Repormista**. Pinagtibay ng konseho ang doktrina na ang tinapay at alak ay nagiging literal na katawan ni Cristo. Mariing tinanggihan nito ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan lamang ng pananampalataya bilang "lason na sumisira ng kalayaan."[14] Pinagtibay nito ang katuruan ng Katoliko na ang Simbahang Romano Katoliko lamang ang tagapagliwanag ng Biblia. Pinagtibay rin nito ang mga sakramento ng Simbahang Katoliko, ang Banal na Hapunan bilang isang sakripisyo, pananalangin sa mga santo, at pagkukumpisal sa pari.

### Ang Paglaganap ng Ebanghelyo – Ang Pagdating ng Ebanghelyo sa Japan

Si Francis Xavier (1506-1552) ang siyang kauna-unahang taga-kanluran na misyonero na nakapunta sa iba't ibang panig ng India at Japan. Sa kanyang liham sa kanyang mga superiyor sa Europa, nanawagan siyang sana'y sundan siya ng iba. Wika niya, "Sabihin mo sa mga mag-aaral na talikuran ang kanilang mga munting ambisyon sa buhay at pumunta sa silangan upang mangaral ng ebanghelyo."

Matapos mangaral sa India, siya'y pumunta sa Indonesia at Japan. Si Xavier ang unang naghatid ng ebanghelyo sa Japan. Bagamat siya'y namatay sa loob ng ikatlong taon ng kanyang pagdating, ang kanyang misyon ay nagpatuloy na lumago. Noong 1577, isang misyonero ang nagpahayag na "Sa loob ng 10 taon, ang lahat ng lugar sa Japan ay magiging Kristiyano **kung** tayo ay may sapat na mga misyonero na pupunta rito." At sa pagtatapos ng siglo, nagkaroon ng maraming mga simbahang Kristiyano, dalawang Kristiyanong kolehiyo, at 300,000 na mga Kristiyano sa Japan.

Subalit noong 1596, isinakatuparan ng gobyerno ng Japan na sugpuin ang kanilang tinaguriang "banyagang relihiyon." Noong 1597, may ipinako silang 26 na mga Kristiyanong Hapon. At sa loob ng 50- taon, halos umabot ng 4,000 mga Kristiyano ang namatay bilang martir. At sa kalagitnaan ng ika-17 siglo, tanging munting grupo lamang ng mga Kristiyano ang natira. At sa mga sumunod na 400 taon, ang mga Kristiyano ay nahirapan ng muling makapagtayo ng isang malakas na simbahang Kristiyano. Gayunpaman, ang nakamit na tagumpay ni Francis Xavier ay laging nagbibigay ng pag-asa para sa mga taong nagnanasang muling abutin ang bansang ito ng ebanghelyo.

Si Xavier ay nagpakita ng isang prinsipyo na naging mahalagang pananaw sa sumunod na Protestanteng pagmimisyon. Hangga't ang isang lokal na kaugalian ay hindi lumalabag sa mga biblikal na prinsipyo, hindi kinailangan ni Xavier na iutos sa kanyang mga naakay sa pananampalatataya na talikuran ang kanilang kaugalian. Naunawaan ni Xavier na ang isang Kristiyanong Hapon ay isa pa ring Hapon, hindi isang Italyano. At dahil rito, naglagay siya

---

[14] Hango kay Bruce L. Shelley, *Church History in Plain Language*, 3rd edition (USA: Thomas Nelson, 2008), 277.

ng malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng Europiyanong kultura at pananampalatayang Kristiyano.

Bagamat maraming mga misyonerong nabigong i-konteksto ang ebanghelyo sa ganitong pamamaraan, ginamit naman ito ni Hudson Taylor sa kanyang pagbabahagi ng ebanghelyo sa Tsina noong ika-19 na siglo. At ito ang siyang naging modelo ng ika-20 siglo na pagmimisyon ng mga Protestante. Hindi hinihingi ng Kristyanismo sa mga bagong mananampalataya na talikuran ang kanilang kultura.

**Ang Tatlumpung Taong Digmaan at Pagkakaroon ng mga Denominasyon**

Sino ang isang Kristiyano? Maraming mga Kristiyano ang sasang-ayon na ang pangkalahatang o unibersal na Iglesia ay binubuo ng mga tunay na mananampalataya. Ang Katawan ni Cristo ay higit na malaki kumpara sa isang denominasyon. Gayunpaman, ang ganitong pananaw noon ay bago sa pandinig ng marami.

Bago ang Repormasyon, itinuturing halos lahat ng Kristiyano na sila ay nagkakaisa sa isang malawakang Iglesia na sumusunod sa mga turo ng mga Apostol. Subalit nang dumating ang Repormasyon, ang identidad ng Iglesia ay naging nakalilito sapagkat maraming mga magkakahiwalay na simbahan ang nabuo. May ibang mga Kristiyano na walang kaalaman sa ibang mga Kristiyano na nasa ibang denominasyon.

At dahil sa inisip ng mga tao na ang kanilang denominasyon lamang ang siyang totoong Kristyanismo, hindi nila pinahintulutan ang ibang mga denominasyon. Nagkaisa ang lokal na pamahalaan at simbahan para ihatid ang kanilang mga nasasakupan sa isang denominasyon lamang.

Halimbawa, sa mga lugar sa Germany na Lutheran ang paniniwala, ang mga mamamayan ay inaasahan na maging Lutheran. Hindi pinahintulutan ng gobyerno ang ibang mga Protestanteng denominasyon na magkaroon ng panambahan; kinuha rin nila ang mga pag-aari ng mga obispong Katoliko. Ang Lutheranismo ang siyang naging estadong relihiyon ng bansa.

Sa Germany, noong 1540 at 1550, ang hukbong sandatahan mula sa teritoryo ng mga Lutheran ay nakipaglaban sa hukbong sandatahan ng mga Katoliko. At noong 1555, ang magkalaban ay bumuo ng kasunduang pangkapayapaan. Napagpasyahan nila ang pinuno ng bawat rehiyon ang siyang magpapasya ng pananampalataya ng kanilang nasasakupan. Ang Europa ay nagkabaha-bahagi batay sa relihiyong pinili ng kanilang pinuno.

Ang Tatlumpung Taong Digmaan (1618-1648) na nag-umpisa sa relihiyosong alitan sa Germany ay nauwi sa bandang huli sa pulitikal na digmaan. Noong 1618, ang bagong Katolikong hari ng Bohemia na si Ferdinand II ay nagtangkang ipaggiitan ang Katolisismo sa kanyang mga Protestanteng nasasakupan. Subalit ang mga Bohemian ay naghimagsik

at ibinigay ang korona kay Frederick V, isang Calvinist na pinuno sa isang bahagi ng Germany. Ito ang siyang nagpasimula ng digmaan sa pagitan ng mga Katoliko at Calvinist.[15]

Ang mga hari ng ibang mga bansa, kasama ang kanilang mga hukbo, ay nakisangkot sa digmaang ito. Totoo na sila ay nakipaglaban para sa relihiyon subalit hangad rin nilang magkaroon ng bagong teritoryo.

Noong 1648, ang Kasunduang Pangkapayapaan sa Westphalia ang tumapos ng digmaan. Sa kasunduang ito, ang mga pinuno ay inaasahang magbibigay ng pahintulot at kalayaan sa mga Protestante at Katoliko na nasa loob ng kanilang nasasakupan; sa halip na ang pagkaisahin sila sa iisang simbahan. Ang Santo Papa ay pinagbawalan na makialam sa mga usapin ng mga German. Ang simbahan at gobyerno sa Germany ay magkahiwalay na. At nang panahong iyon, nagsimulang tanggapin ng mga Kristiyano ang ideya na ang ibang mga denominasyon ay mga Kristiyano rin at dapat na magkaroon ng mapayapaang pakikipag-ugnayan sa kanila.

Sa pagitan ng 1642 at 1649, ang Kapulungan ng Westminster sa Inglatera ay nagtipon upang isulat ang tinaguriang Westminster Confession of Faith. Ilang mga kaanib ng Kapulungan na ito (ang mga Kongregasyonalista) ay nagpahayag ng apat na prinsipyo na nagbibigay buod sa batayan ng mga denominasyon sa loob ng unibersal na iglesia:

1. Dahil hindi laging malinaw na nakikita ng tao ang katotohanan, laging magkakaroon rin ng magkakaibang mga opinyon tungkol sa panlabas na mga anyo ng iglesia.

2. Ang mga pagkakaibang ito ay maaaring walang kinalaman sa mga pundamento ng pananampalataya, **subalit sila ay mahalaga**. Sila ay mahalaga sapagkat dapat isagawa ng bawat Kristiyano ang kanyang pinaniniwalang itinuturo ng Biblia.

3. At dahil walang anumang simbahan na mayroong ganap o kumpletong pagkakaunawa sa katotohanan ng Diyos, ang unibersal na iglesia ay hindi maaaring katawanin o ihayag ng isang istraktura lang ng simbahan.

4. Ang paghihiwalay ng mga organisasyon ng simbahan ay hindi nangangailangan ng pagtanggi sa isa’t-isa. Maaaring panatilihin ang pagkakaiba ng mga denominasyon habang patuloy na nagkakaisa kay Cristo.

Ang mga prinsipyong ito ay naging saligan ng modernong denominasyon. Ang isang mahigpit at matinding katapatan sa isang denominasyon ay hahantong sa pagkakabahagi-bahagi. Subalit, kung may tamang pagkakaunawa, ang denominasyon ay nagbibigay ng kalayaan sa bawat indibidwal na Kristiyano na sumamba ayon sa kanilang paninindigan, habang iginagalang ang paniniwala ng ibang mga Kristiyano na kumakapit sa ibang paninindigan.

---

[15] Hindi kasali sa ginawang kasunduang pangkapayapaan noong 1555 ang mga Calvinist, sapagkat ang kasunduan na iyon ay sa pagitan lamang ng mga Lutheran at Katoliko.

► Sa iyong sariling pangungusap ay ipaliwanag mo ang bawat isa sa apat na puntos na nabanggit sa itaas. Paanong ang mga puntos na ito ay gagabay sa ugnayan ng magkakaibang simbahan? Paano ito gagabay sa paraan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga taong nasa magkaibang simbahan?

## Konklusyon: Ang Kasaysayan ng Iglesia ay Nangungusap Ngayon

Ang pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia ay maaaring magpahina ng ating kalooban dahilan sa mga naganap na alitan!

Isang kasabihan ang nangibabaw sa Repormasyon na ganito ang sinasabi: "Ang iglesia—ay nireporma at laging nirireporma ng Salita ng Diyos." At dahil ang iglesia dito sa lupa ay laging binubuo ng mga tao na may mga kahinaan at limitasyon, dapat tayong bumalik sa Salita ng Diyos upang tayo ay mareporma.

Kaya, ito ay dapat na magpasigla sa atin ng kapakumbabaan at kagalakan. Ang pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia ay dapat na magpasigla ng kapakumbabaan; walang sinuman sa atin ang may ganap na pagkakaunawa sa katotohanan. At dahil rito, dapat tayong magpakumbaba na hayaan ang Salita ng Diyos na baguhin o i-reporma tayo sa pamamagitan ng lumalalim na kaalaman sa kanyang Salita.

Ang pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia ay dapat na magbigay ng kagalakan; sapagkat kung paanong ang Diyos ay kumilos sa mga kahinaan at mga pagkakamali ng mga Kristiyano sa nakaraan, siya ay kumikilos sa atin sa kasalukuyan – sa kabila ng ating mga kahinaan. At kung tayo ay magiging matapat sa Diyos, kanyang isasakatuparan sa ating buhay at sa pamamagitan natin ang kanyang mga layunin.

| **Ang mga Ugat ng mga Protestanteng Denominasyon** | | | |
|---|---|---|---|
| **Lutheran** | **Nireporma** | **Radikal na reporma** | **Anglican** |
| | • Presbyterian | • Anabaptist | • Metodista |
| | • Dutch at German Reformed | • Mennonite | • Kabanalan/Wesleyan Denominasyon |
| | • Ilang mga Baptists | • Ilang mga Baptists | • English Baptists |

**Aralin 2, Mga Takdang Aralin**

(1) Sa isang talata, bibuod mo ang limang prinsipyo na binigyang diin ng mga Radikal na Repormista. Ipaliwanag kung ano ang kanilang pinaniniwalaan at kung paanong ang kanilang mga paniniwala ay naiiba sa mga Nauugnay na sa Gobyerno na Repormista.

(2) Magsulat ng 1-2 talata na ipinapaliwanag kung paanong ang Simbahang Romano Katoliko ay tumugon sa Protestanteng Repormasyon.

(3) Isulat ang apat na prinsipyo na mula sa Kapulungan ng Westminster na naging batayan ng modernong denominasyon.

(4) Maghanda ng isang buod na talambuhay ng isa sa mga sumusunod na mga pinunong Kristiyano: Nicholas Ridley, Ignatius ng Loyola, o si Francis Xavier. Ang buod ang dapat na mayroong tatlong bahagi:

- Talambuhay: Kailan siya nabuhay? Saan siya tumira? Kailan at saan siya namatay?
- Kaganapan: Ano ang mga mahahalagang kaganapan sa kanyang buhay?
- Impluwensya: Ano ang kanyang naging pangmatagalang impluwensya sa simbahang Kristiyano?

May dalawa kang pagpipilian sa pag-presenta ng buod na ito:

- Magpasa ka ng 2 pahina ng sanaysay sa tagapamuno ng inyong klase.
- Magbigay ng 3-5 minuto na presentasyon sa inyong klase.

# Aralin 3
# Rationalismo at Revival
# A.D. 1648-1789

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Maunawaan kung paanong sa panahon ng Kaliwanagan, ang makaDiyos na karunungan ay pinalitan ng pangangatuwiran ng isipan ng tao.

(2) Malaman ang bunga ng pilosopiya ng Kaliwanagan sa panahon ng Rebolusyong Pranses.

(3) Pansinin ang mga kalakasan at kahinaan ng Pietistang tugon sa Rationalismo.

(4) Magalak sa misyonerong impluwensya ng mga Moravian.

(5) Kilalanin ang epekto ng Methodist Revival at ng Great Awakening sa Inglatera at Amerika.

## Pambungad

Sa araling ito, tutunghayan natin ang yugto sa kasaysayan na nagsimula sa Kasunduang Pangkapayapaan sa Westphalia noong 1648 at nagtapos sa Rebolusyong Pranses noong 1789. Tutunghayan natin rito ang dalawang magkaibang pagbabago, ang rationalismo at revival.

Una, ang pangangatuwiran ng isip ng tao ang siyang naging ganap na awtoridad para sa maraming tao. Ang yugto na ito ay madalas na tawaging "Enlightenment" o "Age of Reason." Gayunpaman, ang mas tumpak na tawag sa panahong ito ay "Panahon ng Rationalismo." Ang Rationalismo ay isang paniniwala na ang pangangatuwiran ng isipan ng tao ang siyang pinakamataas na awtoridad. Ang mga Kristiyano ay laging may pagpapahalaga sa isipan, subalit sa panahon ng Enlightenment, ang isipan ay naging *nag-iisang* awtoridad para sa maraming tao.

Ikalawa, sa loob ng panahong ito, mayroong revival na lumaganap sa mga kolonya ng Inglatera at Amerika. Ang bunga ng revival ang siyang nagsilang sa modernong gawain ng pagmimisyon, naghatid ng mga pagbabago sa mga lipunan ng Britanya at Amerika, at naghatid ng personal na pagbabago sa buhay espirituwal.

## Ang Paglago ng Rationalismo

Sa panahon ng Repormasyon, ang katuwiran ng isipan ay mahalaga. Gayunpaman, ang kapahayagan ng Diyos pa rin ang siyang ganap na awtoridad. Ipinakita ng mga Repormista na ang Biblia ang siyang awtoritatibong kapahayagan ng Diyos. Ang katuwiran ng isipan ay

tumulong sa mga Repormista na maintindihan ang katotohanan ng Diyos; hindi ito sumasalungat sa katotohanan ng Diyos.

Ngunit sa pananaw na rationalismo, pinalitan ng pangangatuwiran ng isipan ang Biblia bilang ganap na awtoridad. At dahil rito, maraming tao ang tumalikod sa katotohanan ng Kristyanismo sapagkat inakala nilang salungat ang mga ito sa katuwiran ng isipan. Ang awtoridad ng Biblia ay hindi itinuring na sapat na katibayan para sa Kristyanismo. Sa halip, ang katuwiran ng isip ang siyang naging awtoridad; maaaring tanggapin ng isang tao ang Kristyanismo, ngunit bilang paraan lamang ng kasiyahan sa buhay.

**Mga Pinagmulan ng Rationalismo noong panahon ng Renaissance (1300-1700)**

Noong ika-16 at ika-17 mga siglo, ang interes sa pag-aaral ng Banal na Kasulatan ay pinantayan rin ng interes ng pag-aaral sa mga kasulatan ng sinaunang kabihasnan ng Griego. Si Erasmus na naghatid ng Bagong Tipan sa wikang Griego ay naghatid rin ng panibagong pag-aaral sa mga klasiko ng Griego.

Ang ganitong yugto sa kasaysayan ay tinawag na "Renaissance." Ang salitang "Renaissance" ay nangangahulugan ng "muling pagsilang." Wala itong kinalaman sa partikular ng petsa o panahon, kundi sa panibagong paraan ng pag-iisip o sa isang pilosopikal na pananaw. Napukaw sa mga siglong ito ang pagkakaroon ng interes na pag-aralan ang sinaunang mga kasulatan at pilosopiya.

Kapansin-pansin na ang Renaissance at Repormasyon ay parehas na naganap sa isang yugto ng panahon, subalit malaki ang kanilang pagkakaiba pagdating sa pananaw sa tao. Nakita ng mga Repormista ang sangkatauhan ay bumagsak sa kasalanan; ang kanyang higit na pangangailangan ay biyaya ng Diyos. Samantala, nakita ng mga pilosopo ng Renaissance ang sangkatauhan bilang punong-puno ng potensiyal; ang kanyang higit na kailangan ay edukasyon.

Para sa mga pilosopo ng Renaissance, ang tao ang siyang ganap na pinagmumulan ng awtoridad. Si Descartes (1596-1650) ang naglatag ng ganitong uri ng pananaw. Para sa kanya, upang mahanap ang katotohanan, kailangan muna ng tao na magsimulang pagdudahan ang lahat ng bagay. Gayunpaman, hindi niya maaring pagdudahan ang kanyang sarili. At mula sa ganitong katotohanan, maaaring magbigay ng pangangatuwiran ang tao sa iba pang mga katotohanan, kasama na ang pag-iral ng Diyos.

Dumating si Descartes sa pananaw na mayroong Diyos, subalit ang kanyang narating na konklusyon ay lubhang naiiba mula sa mga Repormista. Para sa mga Repormista, ang Salita ng Diyos ang ganap na awtoridad; subalit para kay Descartes at sa mga pilosopo ng Renaissance, ang Salita ng Diyos ay kailangang bigyang tibay ng pangangatuwiran ng tao. Ito ay nagbigay ng panibagong pananaw hinggil sa awtoridad. Ang pangangatuwiran ng tao, at hindi ang kapahayagan ng Diyos, ang siyang naging ganap na kapamahalaan. At ang pananaw na ito ni Descartes ang siyang sinundang pananaw ng mga sumunod na pilosopo. Sila ay nagsimula sa pangangatuwiran ng isipan ng tao sa halip na sa Salita ng

Diyos. Subalit gamit ang ganitong pananaw, nagkaroon sila ng iba't ibang konklusyon na laban sa Salita ng Diyos; hindi nila ito binigyang tibay.

► Ang pangangatuwiran ba ng tao ay laging mapagkakatiwalaan? Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa mga taong nagtitiwala sa kanilang sariling karunungan?

**Ang Panahon ng Enlightenment (1650-1800)**

Sa pagtatapos ng ika-17 siglo, si Isaac Newton ay naglathala ng kanyang pag-aaral tungkol sa gravity bilang pangunahing prinsipyo ng mosyon sa sansinukob. Ang pananaliksik ni Newton ay nagpasimula ng isang siglo ng siyentipikong pag-unlad. May dalawang tugon sa mga tuklas ni Newton at sa bagong mundo ng agham.

Ang mga Kristiyano ay tumugon sa mga tuklas ni Newton sa pamamagitan ng pagbibigay ng **harmonya sa pagitan ng katuwiran ng isip at pananampalataya**. Alam ng mga Kristiyano na ang Diyos ay nagsasalita sa dalawang paraan: sa Biblia at sa kalikasan. Ang kalikasan ay pinagmumulan rin ng kapahayagan ng Diyos. Ayon sa salmista, "Nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos ang kalangitan, at ang mga gawa ng kanyang kamay ay inihahayag ng kalawakan" (Awit 19:1). Gayunpaman, ang Salita ng Diyos pa rin ang ganap na kapahayagan. Patuloy ng salmista, "Ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagpapanauli ng kaluluwa; ang patotoo ng Panginoon ay tiyak, na nagpapatalino sa kulang sa kaalaman" (Awit 19:7).

Bagamat pinapahalagahan ng mga Kristiyano ang pananampalataya at katuwiran ng isip, ang mga di-mananampalataya ay kumakapit sa **katuwiran ng isip lamang** bilang tanging pinagkukunan ng katotohanan. Para sa mga di-mananampalatayang pilosopo, "Kung mauunawaan natin ang katotohanan sa pamamagitan lamang ng katuwiran ng isip, hindi na natin kailangan ang Biblia."

Dahil, ang yugto na ito ng kasaysayan ang naglalaman ng maraming siyentipikong tuklas at pagbabago ng pilosopiya, ito ay binansagang Kaliwanagan o Enlightenment. Sa katagang ito, ang liwanag ay tumutukoy sa kalagayan ng tao na nakatatagpo ng liwanag ng katotohanan matapos ang maraming siglo ng kamangmangan. Sa yugtong ito, marami silang mga tinanggihang mga relihiyosong paniniwala at itinuring ang mga ito na kamangmangan. Ang panahon ng Enlightenment ay humigit-kumulang nasa mga taong 1650-1800, bagamat hindi lahat ng mga mananalaysay ay may pare-parehas na petsa.

Ang mga naunang mga pilosopo ng Enlightenment ay nagpatuloy sa kanilang pagsambit ng pananampalatayang Kristiyano, subalit tinatanggap *lamang* nila ang mga ito kung mapatunayan ng katuwiran ng isip. Halimbawa, isa sa mga mahahalagang tagapag-isip ng Enlightenment ay si John Locke (1632-1704). Hindi itinanggi ni Locke ang Kristyanismo; subalit dahil nilimitahan niya ang Kristyanismo sa mga prinsipyong kayang patunayan ng katuwiran ng isip na hiwalay sa kapahayagan ng Diyos, ipinakita niya ang paraan ng pag-iisip na naghatid sa iba na tanggihan mismo ang Kristyanismo.

Si Voltaire (1684-1778) at ang iba pang tulad niya ay nagtangkang palitan ang biblikal na kapahayaan ng katuwiran ng isip. Pagkatapos ng isang lindol na yumanig sa maraming lugar sa Lisbon noong 1755, nagsulat si Voltaire ng isang nobela na kung saan ay kinukutya niya ang Diyos ng Biblia.

May ilang mga pilosopo na nagturo na sakali man na mayroong Diyos na umiiral, tiyak na hindi siya ang Diyos ng Biblia. Ang Diyos na nabuo sa kanilang isipan ay siya na lumikha ng mundo, ngunit iniwan rin lang ito na kumilos ayon sa dikta ng kalikasan. Naniniwala rin ang mga pilosopo na ito na ang mga himala na naitala sa Biblia (kasama na ang muling pagkabuhay) ay mga kwento lamang na kinatha ng mga may-akda. Sa madaling salita, ang Biblia ay hindi na itinuturing na kapahayagan mismo ng Diyos.

Sinasabi ng mga pilosopo ng Enlightenment na sila ay naghahanap sa katotohanan. Subalit sa simula pa lang, binigyang kahulugan nila ang katotohanan sa paraang tumatanggi sa mga Kristiyanong katuruan. Para sa kanilang akala, ang katotohanan ay dapat raw na bigyang tibay at tiyakin sa pamamagitan ng batayang gawa ng tao at hindi ng Diyos.

Halimbawa, ang Scottish na pilosopo na si David Hume (1711-1776) ay hindi naniniwala sa mga himala. Sinabi niya na dahil hindi natin mapapatunayan na ang mga himala sa Bagong Tipan ay nangyari, hindi makatuwiran na sila'y paniwalaan. Ayon sa turo ng mga pilosopo, ang biblikal na kapahayagan ay hindi sapat na katibayan para anumang paniniwala. Hindi sila naniniwala sa mga historikal na katibayan para sa muling pagkabuhay.

► Anong mga problema ang nagkakaroon sa mga tao kapag sinusubukan nilang hanapin ang katotohanan na hiwalay sa Salita ng Diyos?

Sapagkat ang pananampalataya ay itinuring na kontra sa katuwiran ng isip, ang pananampalataya ay itinuring rin na personal na kapasyahan na walang kaugnayan sa realidad. Kaya, ang isang taong may pananampalataya ay hindi inaasahan na isabuhay ang itinuturing na relihiyosong katotohanan sa negosyo at publikong pamumuhay. Ang isang tao ay hindi dapat na maging mapagpuna sa relihiyosong paniniwala ng iba.

***...Mula Noon hanggang Ngayon...***

Ang mga ideya ng Enlightenment ay popular pa rin. Maraming tao ang tumanggap sa prinsipyo ng Enlightenment na ang pribadong pananampalataya ay hindi dapat na umapekto sa publikong pag-uugali. Halimbawa:

- Sa Amerika, maraming mga tao na nagsasabing sila'y mga Kristiyano ay umaamin na ang kanilang mga relihiyosong paniniwala ay hindi nagsisilbing gabay sa kanilang mga kapasyahan sa negosyo.
- Sa Tsina, isang pulitikong opisyal ay nagsabi, "Pinahihintulan namin ang ganap na kalayaan sa relihiyon – hangga't hindi ninyo ibinabahagi ang iyong relihiyosong paniniwala sa iba."

► Sa iyong lipunan, nadarama ba ng mga tao na walang sinuman ang dapat na makipagtalo tungkol sa relihiyon sapagkat ito ay personal lamang na kapasyahan? Nadarama ba ng mga tao na ang relihiyosong paniniwala ay hindi dapat gumabay sa kanilang mga ginagawa sa negosyo o publikong buhay? Paano ka tutugon sa ganitong mga pag-uugali?

**Ang Rebolusyong Pranses (1789)**

Kapag sinusubukan ng tao na pamahalaan ang mundong ito na hiwalay sa Diyos, ang resulta ay kaguluhan. Noong panahon ng Enlightenment, ang mga taong gaya nina Voltaire at David Hume ay sumubok na lumikha ng mundo na walang puwang ang Diyos. Lumikha sila ng mundo na kung saan ang sangkatauhan ay nabubuhay ng hiwalay sa kautusan ng Diyos.

Ano ang naging mga resulta ng kanilang pilosopiya? Ang mga bunga ng Enlightenment ay makikita sa Reboluysong Pranses noong 1789. Ang taong-bayan sa Pransiya ay naghimagsik sa hari at sa mga nasa mataas na katatayuan sapagkat nais nilang magtatag ng isang lipunan na may kalayaan para sa lahat. Sumiklab ang digmaan sa pagitan ng mga tagasuporta ng rebolusyon at tagasuporta ng hari. May ibang mga bansa na nagpadala ng mga hukbo para tulungan ang hari sa pakikipaglaban. Ngunit maliban sa kamatayan ng mga sundalo, may mga libo-libo pang pinatay ang mga pinuno ng Rebolusyon sapagkat ang mga ito ay mga mayayamang may-ari ng lupa na hindi naging patas sa mga mahihirap. Dagdag pa, pinatay rin nila ang sinumang pinaghihinalaang humahadlang sa rebolusyon. Maging ang isa sa kanilang mga heneral ay kanilang pinatay sapagkat nakagawa ito ng pagkakamali na nagpatalo sa kanila sa labanan.

Subalit 10 taon bago nito, pinalaya ng Amerikanong Rebolusyon ang Estados Unidos mula sa Great Britain. Maraming tao ang umasa na ang Rebolusyong Pranses ay maghahatid ng parehas na kalayaan sa Pransiya. Subalit ang mga rebolusyunaryo ng Pransya ay walang tamang pundasyon ng kalayaan sapagkat hindi sila naniniwala sa karapatang-pantao na kaloob ng Diyos.

Ang mga pinuno ng Rebolusyong Pranses ay mahigpit na mga kalaban ng Kristyanismo. Naniniwala sila na napatunayan ng katuwiran ng isip na ang Kristyanismo ay mali. Naniniwala rin sila na ang simbahan ay may malapit na kaugnayan sa hari at sa mga taong may mataas na katatayuan na umaapi sa mga mahihirap. Mahigit 30,000 mga pari ang napilitang magtago, inalis sa bagong kalendaryo ang lahat ng relihiyosong mga pagdiriwang, ang mga simbahan ay ginawang "Mga Templo ng Kaisipan" at ang altar sa Katedral ng Notre Dame ay ginawa trono para sa isang artistang babae na binansagang "Diyosa ng Kaisipan."

Noong 1799, sapilitang kinuha ni Napoleon Banaparte ang kapangyarihan mula sa gobyerno ng Pransya na itinatatag ng Rebolusyon. At noong 1804, inihayag niya ang sarili bilang Emperador. Sa madaling salita, nabigo ang Rebolusyon na itatag ang isang permanenteng gobyerno na magbibigay sa mga mamamayan ng Pransya ng kalayaang gusto nila.

Isa sa mga dahilan ng kabiguan ng Rebolusyong Pranses ay dahil sa hindi ito nakabatay sa biblikal na paggalang karapatang-pantao, kundi sa pilosopiya ng Enlightenment na walang pakialam sa Diyos. Ang Rebolusyong Pranses ay itinayo sa pagluwalhati ng tao sa halip na sa pagluwalhati sa Diyos; ipinapakita niya ang kabiguan ng rationalismo ng Enlightenment.

## Mga Tugon sa Rationalismo: Pietismo

Noong ika-17 at ika-18 mga siglo, ang mga Kristiyano ay kinailangang magpasya sa kanilang magiging tugon sa mga hamon ng rationalismo. Paano mapapanatili ng mga Kristiyano ang kanilang pananampalataya sa harap ng mga pilosopo at tagapag-isip na nag-iisip na ang Kristyanismo ay isang alamat?

Ang tugon ng grupo na tinatawag na Pietismo ay ang pagbibigay diin sa personal na pananampalataya. Binigyang diin nila ang "relihiyon ng puso" higit kaysa sa organisadong istruktura ng simbahan at intelektwal na mga katanungan. Ang German na Pietismo ay bumuo ng tugon sa dalawang problema:

1. Akala ng mga tao na ang pananampalatayang Kristiyano ay pagiging miyembro ng simbahan at paniniwala sa ilang mga doktrina. (Ang Pietismo ay tumawag sa mga tao tungo sa buhay na pananampalataya at relasyon kay Cristo.)
2. Ang mga rationalista ay nagbigay ng mga pangangatuwiran na tumatanggi sa pananampalatayang Kristiyano. (Binigyang diin ng mga Pietista ang personal na karanasan sa pananampalataya na hindi nangangailangan ng pakikipagtalo sa mga rationalista.)

► Sa ilang mga bansa, ang mga Kristiyano na walang mahusay na pinag-aralan ay maaaring makadama ng kawalang kakayahan na makipagtalo sa mga atheista at iba pang mga relihiyon. Maaaring ang binibigyang diin nila ay personal na karanasan ng pananampalataya na hindi nakadepende sa katuwiran ng isip o katibayan. Ano ang lakas ng ganitong pamamaraan? Ano ang kahinaan?

### Philip Jacob Spener (1635-1705)

Si Philip Jacob Spener ay isang Lutheran pastor sa Frankfort, Germany. Nang matuklasan niya na iilan lang sa mga Kristiyano sa lungsod na iyon ay namumuhay ng makaDiyos, nagsimula siyang mangaral ng mga sermon tungkol sa pagsisisi at pagiging isang disipulo. Habang sila ay nakikinig sa kanyang mga sermon na hango sa Sermon sa Bundok, marami sa mga miyembro ng simbahan ay naging mga tunay na Kristiyano sa unang pagkakataon. Bagamat marami ang nagsasabi na sila ay Kristiyano, wala naman talaga silang kaalaman sa realidad ng muling pagsilang.

Ang mga bagong Kristiyano na ito ay nagsimulang magpulong-pulong sa bahay ni Spencer para sa lingguhang pag-aaral ng Biblia. Kinutya ng maraming mga tao ang mga pagtitpon na iyong bilang "mga pagtitipon ng mga banal," at tinawag ang mga taong dumadalo na "Pietista." Ito ang naging simula ng Pietismo.

Si Spener ay may iminungkahi na anim na bahagi ng reporma. Ang mga ito ang siyang naging pangunahing binibigyang diin sa gawain ng Pietismo. Mungkahi ni Spener:

1. Ang Biblia ay dapat na higit na ginagamit ng mga Kristiyano.
2. Bawat Kristiyano ay dapat na tiwala sa kanyang direktang paglapit sa Diyos.
3. Ang Kristyanismo ay dapat na higit pa sa kaalaman; ang pananampalatayang Kristiyano ay dapat na makita sa araw-araw na pamumuhay.
4. Ang mga Kristiyano ay dapat na magpakita ng pag-ibig kapag tinatalakay ang mga kontrobersyal na doktrina.
5. Ang mga pastor ay dapat na sinanay sa banal na pamumuhay, hindi lang sa akademikong kaalaman.
6. Ang mga pastor ay dapat na mangaral ng mga sermon na tuwirang nangungusap sa pangangailangan ng mga ordinaryong tao.[16]

Kung iyong makikita, marami sa mga usaping ito ay bumabalik sa mga naunang tema ni Luther. Hinangad ng mga Pietista na ibalik ang Lutheranismo sa kanyang tunay at espirituwal na pansin.

**August Hermann Francke (1663-1727)**

Bahagi ng kanyang mga pinagsikapang reporma, si Philip Spener ay tumulong sa pagpapasimula ng Unibersidad ng Halle, malapit sa Berlin, Germany. Ang unibersidad na ito ay pinasimulan upang ipakita kung paanong ang Pietismo ay maaaring gamitin sa pagsasanay ng mga ministro.

Noong 1691, si August Francke ay hinirang na maging propesor ng Hebreo at theolohiya sa Unibersidad ng Halle. Si Francke ay naging pinuno ng gawain ng Pietismo at ipinagpatuloy ang pagtataguyod ng mensahe ng personal na pagbabalik-loob sa Diyos at pagiging isang disipulo na ipinangaral ni Philip Spener. Siya ay nagturo sa Unibersidad at nagpastor ng isang simbahan na malapit sa bayan; dahil rito, ang lungsod ng Halle ay naging sentro ng Pietismo.

Katulad ng mga sumunod na ebanghelikal, sinikap ni Francke na ipamuhay ang kanyang pananampalataya sa mga praktikal na paraan. Nagpasimula siya ng paaaralan para sa mga mahihirap, nagtatag ng mga bahay-ampunan at ospital, nagpatayo ng mga kabahayan para sa mga balo, at nag-organisa ng kompanya ng palimbagan ng Biblia. Noong 1705, isa sa mga tagasunod ni Francke, si Bartholomäus Ziegenbalg, ay naging kauna-unahang Protestanteng misyonero sa India.

---

[16] Hango kay Mark Noll, *Turning Points*, (MI: Baker Academic, 2012), 224-225.

***Mga Misyonerong Prinsipyo ng Pietismo***

1. Lahat ng Kristiyano ay dapat na turuan na bumasa upang mabasa nila ang Biblia.
2. Ang Biblia ay dapat na ihatid sa katutubong wika.
3. Dapat na pag-aralan ng mangangaral ang mga tao upang maunawaan sila.
4. Ang layunin ng lahat na misyonerong gawain ay ang pagbabalik-loob ng tao sa Diyos.
5. Ang isang lokal at katutubong simbahan na may kanyang sariling ministeryo ay dapat na itatag.

► Ang mga prinsipyong ito ay patuloy na mahalaga sa ebanghelismo at malusog na ministeryo. Talakayanin ninyo kung paanong ang inyong mga simbahan ay magagawang sumunod sa mga prinsipyong ito at maging epektibo sa pag-abot ng mga taong nangangailangan ng ebanghelyo.

**Count von Zinzendorf (1700-1760) at ang mga Moravian**

Binabalikan ng mga Moravian ang kanilang kasaysayan sa Bohemian Brethren na mga tagasunod ni Jan Hus. Ang mga Moravia ay pinag-uusig at kinailangang tumakas mula sa kanilang mga tahanan sa Bohemia. Noong 1732, isang grupo ng mga Moravian ay humingi ng proteksiyon kay Count Nikolaus Ludwig von Zinzendorf.

> "IIsa lamang ang aking kinahihiligan. Siya lamang, wala ng iba."
>
> - Zinzendorf

Si Zinzendorf ay lumaki sa pamilya ng isang Pietista sa Halle, sa ilalim ng impluwensya ni August Francke. Inaasahan siyang maglingkod rin sa gobyerno katulad ng kanyang ama, subalit agad niyang iniwan ang kanyang posisyon at bumili ng isang malaking ari-arian. Ang pag-aari na ito ang siyang naging tahanan ng mga Moravian. Si Zinzendorf ang siyang tumayong pinuno sa komunidad na ito na tinawag na *Herrnhut* na ang kahulugan ay "Ang Bantay ng Panginoon."

Ang naunang grupo ng 10 tao na pumunta sa Herrnhut ay lumago ng mahigit 300 saloob ng ilang mga taon. Ang mga mananampalataya rito ay nagpasyang namuhay ng simple at makaDiyos na pamumuhay. Tulad ni John Wesley sa sumunod na henerasyon at ni Dietrich Bonhoeffer noong ika-20 siglo, naunawaan ni Zinzendorf na ang banal na buhay ay dapat na ipamuhay sa pakikipagrelasyon sa ibang mga mananampalataya. Ang sabi niya, "Walang Kristyanismo kung walang komunidad." Tulad rin nito, sinabi rin ni John Wesley, "Lahat ng kabanalan ay panlipunang kabanalan." Ang mga Kristiyano ay namumuhay na bahagi ng isang katawan.

Ilang mga katangian ang kapansin-pansin sa mga Moravian:

Ang mga Moravian ay nakikibahagi sa paniniwala ng mga Pietista na **paninindigan sa taus-pusong pagbabalik-loob sa Diyos**. Gaya ng mga Pietista, pinahahalagahan ng mga Moravian ang personal na karanasan kaysa doktrinal na mga kapahayagan.

Binigyang diin ng mga Moravian ang **panalangin**. Noong Mayo 12, 1727 naranasan ng mga Moravian ang pagbuhos ng Banal na Espiritu habang sila ay nagkakatipon sa panalangin ng araw ng Miyerkules. Nang buwan ng Agosto, nagsimula silang magkaroon ng 24-oras na pagbabantay sa panalangin na nagpatuloy ng mahigit 100 taon. Sa loob ng anim na buwan matapos ito, may 26 kabataang Moravian na nagboluntaryo para sa misyonerong paglilingkod – ito ay sa panahon na ang gawain ng pagmimisyon sa ibang bansa ay halos hindi pa nauunawaan sa mga Protestanteng simbahan.

**Ang Pagtitipon sa Panalangin na Tumagal ng Isang Daang Taon**

Noong 1727, ang komunidad sa Herrnhut ay maging magulo. Nagkaroon ng pagtatalo sa doktrina, paraan ng pamumuhay, at mga personalidad. Subalit, sa isang pagtitipon sa panalangin noong Miyerkules, Mayo 12, 1727, ang Espiritu ng Diyos ay dumating sa makapangyarihang paraan. Nang buwan ng Agosto ng taong iyon, 48 na mga kalalakihan at kababaihan ay nagbigay ng panata na magsagawa ng 24-oras na bantay sa pananalangin. At sa sumunod na isang daang taon, laging mayroong dalawa o tatlong Moravian na nakatalaga kada isang oras sa isang araw para manalangin. Sa loob ng 100 taon:

- Mahigit 300 na mga Moravian ay nagboluntaryo para sa misyonerong paglilingkod.
- Ang Methodist revival ay lumaganap sa iba't ibang dako ng Inglatera at Amerika.
- Binuhay muli ng Great Awakening ang iglesia sa Amerika.
- Si William Carey ay napunta sa India at naitatag ang modernong gawain ng pagmimisyon.

► Ano kaya ang mangyayari kung ang simbahan ngayon ay mamanata sa isang masigasig at matapat na pananalangin na gaya ng ginawa ng mga Moravian?

Sa ating pag-aaral sa malawakang paglaganap ng pagmimisyon noong ika-18 siglo, dapat nating alalahanin na ang pagtitipon sa panalangin ng mga Moravian ay nagpapatuloy sa mga panahong iyon. Ang pandaigdigang pagmimisyon ay lumago mula sa panalangin.

Ang mga Moravian na Kristiyano ang may **kaisipang-misyonero** noong gitna ng ika-18 siglo. Ilan sa mga naunang mga Protestanteng misyonero ay sinugo ng mga Moravian.

### Ang Paglaganap ng Ebanghelyo – Ang mga Moravian at ang Pagmimisyon

Noong 1731, si Count Zinzendorf ay dumalo sa koronasyon ni Haring Christian VI ng Denmark. Doon ay nakilala niya ang dalawang katutubong Greenlander at isang alipin na Aprikano na nagmula sa West Indies. Ayon sa patotoo ng dalawang bagong akay na ito, sa unang pagkakataon pa lang nilang napakinggan ang pangalan ni Cristo at humiling sila ng mga misyonero na pumunta sa kanilang bayan. Sa sumunod na taon, ang mga Moravian ay nagpadala ng dalawang misyonero sa Virgin Islands.

Ito ang simula ng unang masikap at malawakang Protestanteng pagmimisyon. Sa loob ng ika-18 siglo, ang mga Moravian ay nagpadala pa ng mahigit 300 na mga misyonero tungo sa Carribean, Greenland, Africa, Ceylon (modernong Sri Lanka), Algeria, at South America.

Ang mga Morivian ay halos nagmula sa mga taong may trabaho. (Ang unang dalawang misyonero na napunta sa Virgin Islands ay sina Leonard Potter, isang magpapalayok, at si David Nitschmann, isang karpentero.) Gaya ni Apostol Pablo, ang mga misyonerong Moravian ay humayo bilang mga manggagawa na sinusuportahan ang kanilang mga sarili. Itinuro nila ang kanilang hanap-buhay sa mga katutubong naging Kristiyano. Ang mga misyonerong Moravian ay naglingkod kapuwa sa espirituwal at ekonomikal na pangangailangan ng mga taong kanilang pinagmiministeryuhan.

Ang mga pagsusumikap ng mga Moravian na misyonero ay ang mga sumusunod:

- 1733 – Pagmimisyon sa Greenland.
- 1736 – Pagmimisyon sa mga mamamayan ng Nenets na nasa hilagang bahagi ng Russia.
- 1738 – Si George Schmidt ay naglingkod sa mga katutubo ng Khoikhoi sa Timog Africa.
- 1740 – Si David Zeisberger ay naglingkod sa mga mamamayan ng Creek sa Georgia, America.
- 1771 – Itinatag ng mga Moravian ang misyon para sa mga Eskimo sa Labrador.

Ang mga Moravians ay naniniwala na bawat Kristiyano ay ebanghelista. Nagbigay sila ng kaunting pagkakaiba sa pagitan ng mga taong nagpapatotoo sa kanilang mga tahanan at sa kanilang nagpapatotoo ng kanilang pananampalataya sa ibang mga bansa. Bawat mananampalataya ay inaasahan na isakatuparan ang Dakilang Komisyon. Ayon sa ilang pag-aaral, tinatantiya na 1 sa bawat 60 na Moravian ay naglingkod bilang isang misyonero.[17]

Ang sigasig ng mga Moravian para sa pagmimisyon ay dumating sa isang malaking sakripisyo. Siyam sa 18 mga unang Moravian na misyonero na sinugo sa St. Thomas ay namatay lahat sa loob ng anim na buwan. 75 mula sa 160 na misyonero sa Guyana ay namatay dahil sa lason at tropikal na lagnat. Ang ganitong karanasan ay hindi karaniwan. Kusang-loob na ibinigay ng mga Moravian ang kanilang buhay para sa kapakanan ng ebanghelyo.

## Mga Tugon sa Rationalismo: Pietismo (Pagpapatuloy)

### Ang Epekto ng Pietismo

Bagamat isang gawain ng mga German, ang Pietismo ay nagkaroon ng pandaigdigang epekto. Sa pamamagitan ni John Wesley at ni George Whitefield, ang Pietismo ay nagkaroon

[17] Ruth A. Tucker, *From Jerusalem to Irian Jaya*, (Grand Rapids: Zondervan, 2004), 97-113

ng mahalagang impluwensya sa sumunod na ebanghelikal na simbahan. Ilan sa mga naging ambag ng Pietismo ay ang mga sumusunod:

- Pagbibigay diin sa tunay na pagbabalik-loob sa Diyos
- Pagbabalik sa pangangaral ng Salita bilang pokus ng panambahan
- Pagbibigay diin sa espirituwalidad ng mga miyembro ng simbahan, hindi lamang ng mga pinuno ng simbahan
- Pasyon o sigasig para sa pagmimisyon

Marahil ang higit na panganib ng Pietismo ay ang pagbibigay diin sa damdamin na nagsasantabi sa katuwiran ng isip. Madalang na harapin ng mga Pietista ang paglaganap ng mga maling pilosopiya; sa halip, natuon sila sa personal na pananampalataya at binabalewala ang nagbabagong kalagayan ng lipunan sa kanilang paligid. Paglipas ng panahon, ang mga sumunod na ebanghelikal ay minsa'y mayroong ring parehas na pansin na gaya ng mga Pietista at nabigo silang iugnay ang mensahe ng ebanghelyo sa mga ideya at isyu ng lipunan na kanilang kinalalagyan.

Ang Pietista ay tama sa pagtuturo na ang pananampalataya ay personal na nararanasan. Inimpluwensyahan nila si John Wesley sa mensahe ng personal na pagbabalik-loob sa Diyos at katiyakan. Subalit mali sila sa pag-aakalang ang kaunawaan sa doktrina ay hindi kinakailangan.

Noong ika-19 siglo, ang liberal na theologian na si Schleiermacher ay nangatuwiran na ang relihiyon raw ay purong damdamin lang, na walang batayan sa kasaysayan at theolohiya. Ang kanyang pananaw ay nakilala bilang "romantikong theolohiya." Ginamit ni Schleiermacher ang mga argumento ng mga Pietista upang suportahan ang kanyang katuruan, bagamat ang mga Pietista ay hindi naman sumasang-ayon sa kanyang mga naging konklusyon. Ayon sa romantikong teolohiya, ang relihiyon ay hindi ito tungkol sa mga sa sa kawastuhan ng doktrina o kaya'y ng tamang pag-uugali. Sa halip, ang relihiyon ay primaryong patungkol sa "pakiramdam" ng pagtitiwala sa Diyos. Ang sabi pa ng mga romantik na theologian, hindi mahalaga kung ang kamatayan o muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo ay totoo sa kasaysayan; ang talagang mahalaga lang ay mga damdaming nililikha ng kwentong ito sa mga sumasampalataya. Subalit ang ganitong pananaw ay nagpapakita ng panganib ng paghihiwalay ng doktrina mula sa karanasan.

► Mahalaga ba ang historikal na katotohanan ng buhay at kamatayan at pagkabuhay ni Jesus? Ano ang ating matututunan mula sa halimbawa ng mga apostol? Bakit dapat na maghanda ang isang pastor o ebanghelista sa pagsagot sa mga pilosopiya ng modernong lipunan?

## Mga Tugon sa Rationalismo: Ebanghelikal na Revival

### Ang Great Awakening sa Amerika

Noong 1630s, humigit-kumulang na 20,000 mga Puritan ang lumipat at nanirahan sa Massachusetts Bay Colony mula sa Europa. Hinangad ng mga Puritan na magtatag ng isang Kristiyanong sistemang pampulitika. Ang mga batas ay nakabatay sa mga prinsipyo ng Biblia. Tanging ang mga miyembro lamang ng simbahan ang siyang papayagang bumuto.

Subalit ang ikalawang henerasyon ng mga Puritan ay hindi makapagbigay ng tiyak na patotoo hinggil sa kanilang pagbabalik-loob sa Diyos at dahil rito'y hindi sila kuwalipikado para sa pagiging miyembro ng simbahan. Ang mga miyembro lamang ang maaaring bumuto sa mga halalan at ang maaaring iboto para sa isang katungkulan sa gobyerno. Gayunman, noong 1662, ang mga simbahan ay nagpatupad ng tinatawag nilang "Half-Way Covenant" na nagpahintulot sa mga di makapagbigay ng patotoo tungkol sa kanilang pagbabalik-loob sa Diyos na ituring pa rin silang mga miyembro bagamat hindi sa lubusang kalagayan. Ito ay nagbigay ng pahintulot sa mga di-mananampalataya na makibahagi sa gobyerno. At noong 1691, ang pagiging miyembro ng simbahan ay hindi na kinakailangan para sa mga botante.

Noong 1720, isang ministro ng Dutch Reformed, si Theodore J. Frelinghuysen, ay nagsimulang mangaral ng mga mensahe ng revival sa New Jersey. Simula noon, ang mga simbahan sa New Jersey ay nagsimulang makaranasan ng bagong pagkilos ng Banal na Espiritu. Di nagtagal, si William Tennent ay nagsimula ng isang maliit na institusyon para sa pagsasanay sa ministeryo (ito ay pakutyang tinawag na log college ng mga taong nasa sikat at matatag na institusyon) na ang mga nagtapos ay nakatuon sa revival. Ang revival ay lumaganap sa mga kapulungan ng Presbyterian at Baptist na nasa iba't ibang panig ng Virginia at Carolina.

Paglipas ng ilang taon, noong 1734, ang Northampton, Massachusetts, ay nagsimulang makaranas ng revival sa ilalim ng pangangaral ni Jonathan Edwards. Bagamat si Edwards ay walang dinamikong istilo ng pagsasalita, ginamit siya ng Diyos upang palaganapin ang revival sa iba't ibang panig ng New England. Matapos ang serye ng mga sermon na kung saan nagbababala si Edwards laban sa "espirituwal kababawan" ng mga miyembro ng simbahan, ang Diyos ay nagsimulang maghatid ng revival sa New England.

Sa mga buwan sa pagitan ng karanasan ni John Wesley na maging Kristiyano at simula ng kanyang pangangaral sa mga kabukiran, nabasa niya ang ulat ni Jonathan Edwards tungkol sa nangyaring revival sa New England. Ang ulat na ito ay (tinawag na *A Faithful Narrative of the Surprising Work of God*) ay nagkaroon ng malaking impluwensya kay Wesley. Nagkaroon siya ng malalim na hangarin na makita ang parehas na pagkilos ng Diyos para sa bansang Inglatera. Ang Great Awakening sa Amerika ay nagkaroon ng malaking epekto sa Methodist Revival sa Inglatera.

Pagkatapos nito, noong 1739, si George Whitefield ay naglakbay patungo sa Amerika. Libo-libong mga tao ang nakarinig ng kanyang mga pangangaral sa lansangan. Si Whitefield ay nangaral mula sa timog ng Georgia tungo sa hilaga ng New York. Nangaral rin siya sa Northampton at hinikayat rito si Edwards na bumisita rin sa iba pang mga bayan upang ipangaral ang mensahe ng revival. At noong 1741, karamihan sa mga mamamayan ng New England ay naantig ang puso ng revival.

Ang mga epekto ng revival ay kapansin-pansin. Sa pagitan ng 1740 at 1742, hindi bababa sa 30,000 na bagong miyembro ang naidagdag sa mga simbahan sa mga kolonya. May siyam din na kolehiyo ang naitatag upang magsanay ng mga magiging ministro. Ang mga ebanghelista ay nangaral sa mga liblib at mga katutubong mga komunidad. May mga misyonerong napunta sa ilang mga katutubong tribo sa Amerika.

**Ang Revival ng Methodist sa Inglatera**

Noong ika-18 siglo, ang Simbahan ng Inglatera ay agarang nangangailangan ng revival. Noong panahong iyon, nabawi na ng Simbahan sa Inglatera ang pulitikal na kapangyarihan mula sa mga Puritan. Ang mga ibang simbahan (Baptists, Congregationalist, at Presbyterian) ay nangailangan ng espesyal na lisensya upang makapagdaos ng panambahan. Tanging ang mga Anglikano (silang kabilang sa Simbahan ng Inglatera) ang maaaring humawak ng mga katungkulan sa gobyerno. Sa pulitika, ang Simbahan ng Inglatera ay malakas, subalit sa espirituwal, sila'y walang laman.[18]

Maraming tao sa Simbahang Anglikan ay nag-akala na hindi na kailangan na ipangaral ang ebanghelyo sa labas ng simbahan sapagkat naniniwala silang pinili na ng Diyos ang mga maliligtas. Labis ang impluwensya ng deismo sa simbahan na madalang na marinig ang ebanghelyo sa mga simbahang Anglikano. May iba na nagbibigay diin sa maayos na pag-uugali at magalang na kilos, subalit wala silang inaasahang pagbabago ng puso. Itinuring ng maraming Anglikano na anumang ekspresyon ng damdamin o personal na katiyakan sa kaligtasan ay panatisismo lamang.

Sina John at Charles Wesley ay lumaki sa Anglikanong Simbahan. Nag-aral sila sa Oxford at naordinahan sa Simbahan ng Inglatera, ngunit ang kanilang katiyakan sa pananampalataya noong 1738 ang bumago ng kanilang pangangaral. Sina John at Charles at George Whitefield, ay nagsimulang mangaral ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya at ng katiyakan ng kaligtasan.

Noong 1739, si Whitefield ay nagsimulang mangaral sa mga maaliwalas na lugar na malapit sa Bristol, England. Hindi nagtagal ay nakumbinsi niya si John Wesley na sumunod sa kanya. Noong una, naniniwala si Wesley na ang pangangaral ay dapat lang na gawin sa isang maayos na gusali ng simbahan. Subalit napagtanto niya na karamihan sa mga taong kailangan makarinig ng ebanghelyo ay wala naman sa loob ng simbahan. Kaya nagsimula

[18] Ang mga katagang Simbahan ng Inglatera at Simbahang Anglikano ay parehas na tumutukoy sa estadong simbahan ng Inglatera.

siyang mangaral ng maaga sa maraming bilang ng mga minero na naglalakad patungo sa trabaho. Siya ay namangha sa tugon ng mga minero na madalang pumasok sa isang gusali ng simbahan. At sa natitirang bahagi ng kanyang buhay, si John ay nangaral sa iba't ibang panig ng British Isles. Naglakbay siya sakay ng kabayo ng mga 250,000 na milya at nangaral ng 40,000 na beses (higit sa dalawang beses sa isang araw sa loob ng 50 taon).

Hindi plano nina John at Charles Wesley na magtatag ng mga simbahan na hiwalay sa Simbahan ng Inglatera. Gayunpaman, ang kanilang mga bagong akay na nagmula sa mababang katatayuan sa buhay ay hindi nakadama ng pagtanggap mula sa mga lokal na simbahan ng Anglikan. Dahil rito, ang mga Wesley ay bumuo ng mga grupo na nagsilbing espirituwal na tahanan para sa mga bagong mananampalataya na ito. Ang mga mananampalataya sa mga grupong ito ay tinawag na Methodist.

Nang dahil sa lumalagong bilang ng mga bagong mananampalataya, kinailangan ni John Wesley na magkaroon ng mga espirituwal na mga pinuno para sa mga grupong ito. Nagsimula siyang humirang ng mga mangangaral na hindi naordinahan ng simbahan. At noong 1744, (limang taon lamang matapos ang pagsisimula ng revival), nakita ni Wesley ang pangangailangan na bumuo ng isang Taunang Pagpupulong para gabayan ang gawain. Gaya ng gawain ng Pietismo na umusbong sa loob ng German Lutheran na Simbahan, ang mga Methodist ay naging simbahan sa loob ng Anglikan na Simbahan.

Noong 1771, humiling si Wesley sa Taunang Pagpupulong ng mga boluntaryo para magministero sa Amerika. Si Francis Asbury, isang 26 na taong gulang na Methodist na mangangaral ay nagboluntaryo. Nang dumating siya sa Philadelphia, Pennsylvania mayroong 600 na Methodist sa Amerika. At noong 1784, dahil ang mga obispong Ingles ay hindi nila maaaring ordinahan ang mga ministro sa Amerika, (ang Amerika ay nakipaglaban para sa kalayaan mula sa Inglatera) hinirang ni Wesley si Thomas Coke bilang "Superintendent" sa Amerikanong Methodist. Sa pamamagitan nito, ang Methodist sa America ay naging isang bagong denominasyon.

Noong 1795, apat na taon pagkatapos ng pagkamatay ni John Wesley, ang Wesleyan na Methodist na simbahan sa Inglatera ay humiwalay sa Simbahan ng Inglatera.


Sa pagkamatay ni Wesley noong 1791, mayroon ng 79,000 na Methodist sa Inglatera at 40,000 sa North America. Sa pagkamatay ni Asbury noong 1816, ang Amerikanong Simbahang Methodist ay lumaki at umabot ng 200,000 na miyembro; sa loob ng 45 taon, si Asbury ay nakapag-ordina ng 4,000 na Methodist na ministro. Sa kasalukuyan, humigit-kumulang na 80 milyon na Kristiyano ang tinutunton ang kanilang teolohikal na ugat sa gawain ng Methodist.


► Mula sa halimbawa ng mga ebanghelista sa kasaysayan, ano ang ating matututuhan tungkol sa pangangailangang bumuo ng mga bagong pamamaraan upang abutin ang mga tao ng ebanghelyo? Ang mga paraan ba ng iyong simbahan ay umaabot lang sa limitadong populasyon, habang karamihan sa mga tao ng lugar na iyon ay hindi naaabot ng ebanghelyo?

***...Mula Noon hanggang Ngayon...***

► Ang mga Wesley ay nangaral sa labas ng dahil sa kanilang pasyon at sigasig sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga di-mananampalataya. Itinatag nila ang Methodist na mga grupo sapagkat naniniwala silang ang bunga ng ebanghelismo ay mapapangalagaan lamang sa pamamagitan ng maingat na pagdidisipulo. Suriin mo ang iyong ministeryo ngayon. Binibigyang-pansin mo bang pareho ang pagbabahagi ng ebanghelyo at pagdidisipulo? Naaakay mo ba ang mga di-mananampalataya patungo kay Cristo? Ikaw ba ay nagdidisipulo ng mga bagong mananampalataya at dinadala sila sa maturidad? Kung ang bawat bahagi na ito ay mahina, talakayin mo ang ilang mga paraan upang palakasin ang iyong ministeryo.

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Ninyong Makilala: John at Charles Wesley





Sina John (1703-1791)[19] at Charles (1707-1789)[20] Wesley ay mga anak nina Samuel at Susanna Wesley. Si Samuel ay isang Anglikan na ministro; si Susanna isang makapangyarihang impluwensya sa kanyang 10 mga anak.

Ang magkapatid ay nag-aral sa Oxford. Bilang mga mag-aaral, sila'y nag-organisa ng grupo ng pagdidisipulo para sa mga kabataang naghahanap ng espirtuwal na paglago. At dahil sa kanilang mapamaraang paghahanap ng espirituwal na displina, pakutya silang tinawag ng mga tao na "Grupong Banal" o "Methodist."

Noong 1735, naglakbay sina John at Charles sa Atlantiko upang maglingkod sa mga bagong kolonya ng Amerika sa Georgia. Subalit hindi naging matagumpay ang misyon ng magkapatid roon. Si Charles ay nag-alangan na pumunta sa Georgia at di nagtagal ay umuwi rin. Si John naman ay nagsimula ng di pagkakaunawaan sapagkat ginamit niya ang liturhikal na pamamaraan ng Anglikan sa karaniwang kalagayan ng lipunan sa Georgia. Kaya di nagtagal, umuwi rin siya sa England noong 1737.

Sakay ng barko patungong Georgia, nakatagpo ni John Wesley ang isang grupo ng mga Moravian na mula sa Hermut. Habang bumabagyo, narinig ni Wesley na mahinahong umaawit ng mga himno ang mga Moravian. Nang tinanong ni Wesley ang dahilan kung bakit hindi sila natatakot, isang Moravian ang sumagot at buong katiyakan na sinabi sa kanya na hindi sila takot sa kamatayan sapagkat natitiyak nila ang kanilang kaligtasan. Nagulat si

---

[19] Imahe: "Bildnis des John Wesley", ni John Greenwood, mula sa Leipzig University Library https://www.flickr.com/photos/ubleipzig/17059576182/, para sa publiko.
[20] Imahe: "Charles Wesley", Llyfrgell Genedlaethol Cymru – The National Library of Wales, hango sa https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Charles_Wesley_(5349088).jpg, para sa publiko.

Wesley nang marinig ang kanilang walang pagdududang pag-angkin sa kaligtasan. Kaya sa kanyang pagbabalik sa Inglatera, sinimulan niyang hanapin ang katiyakang ipinapahayag ng mga Moravian. Karamihan sa ika-18 siglo na mga Anglikano, ang kaisipan ng mga Wesley ay walang sinuman ang makakatiyak sa kaligtasan hanggang sa kamatayan.

Pagbalik sa London, nagsimulang bisitahin ng magkapatid na Wesley si Peter Bohler na isang Moravian. Binibigyang diin ng turo ni Bohler ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya bilang isang personal na karanasan, hindi lang isang doktrinal na pahayag. At noong linggo ng Pentecostes 1738, nagbigay ng patotoo si Charles tungkol sa katiyakan ng kaligtasan. Paglipas ng tatlong araw, natuklasan rin ni John ang pagliligtas ng Diyos sa kanyang buhay. Ayon sa kanyang patotoo, "Isang katiyakan ang ipinagkaloob sa akin na inalis niya ang *aking* mga kasalanan, ang *aking* angking kasalanan, at iniligtas ako mula sa tuntunin ng kasalanan at kamatayan."

Sa sumunod na 50 taon, ipinangaral ng magkapatid ang ebanghelyo sa buong British Isles. At nang sila ay pagkaitan ng mga pulpito sa Anglikan, sinundan nila ang halimbawa ni George Whitefield at nagsimulang mangaral ng hayagan.

Binuod ni Philip Watson ang mensahe ng Methodist revival sa apat na pangungusap.[21]

**(1) Ang lahat ng tao ay kailangang maligtas – Orihinal na Kasalanan.** Ipinagpalagay ng ika-18 siglo na mga Anglikano na ang tao ay likas na mabuti. Subalit ipinangaral ng mga Wesley na ang "lahat ng tao ay nagkasala" (Roma 3:23) at nasa ilalim ng kahatulan ng banal na Diyos. Ang mensaheng ito ay gumulat sa mga Ingles na may mataas na katatayuan sa lipunan. Matapos na mapakinggan ang isang Methodist na sermon, ang Duchess ng Buckingham ay nagreklamo dahil sinabi na ang kanyang puso ay makasalanan din katulad ng mga mababang uri ng tao sa lipunan.

> "Karapat-dapat ba ako
> sa dugo ng Tagapagligtas?
> Namatay Siya para sa akin,
> samantalang ako ang sanhi ng
> Kanyang pasakit?
> Para sa akin, nagtiis hanggang
> kamatayan?
> Pambihirang pagsinta! Paano ngang
> Ikaw na aking Diyos, ay namatay para
> sa akin?"
> -Charles Wesley

**(2) Lahat ng tao ay maaaring maligtas. – Walang Limitasyong Pagliligtas.** Bilang tugon sa mga Calvinist na nagtuturong iilang tao lamang ang hinirang ng Diyos upang maligtas, itinuro ng mga Wesley na ang *sinumang sumampalataya* ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.

**(3) Lahat ng tao ay maaaring malaman na sila ay ligtas. – Katiyakan.** Naniniwala ang mga ika-18 siglo na mga Anglikano na iilang mga tao lamang ang maaaring makaalam

---

[21] Philip S. Watson, *Anatomy of a Conversion: The Message and Mission of John and Charles Wesley* (Grand Rapids: Zondervan, 1990).

na sila ay ligtas. Subalit ang pinakanakakagulat na mensahe ng mga Wesley ay ang balitang magagawang *alamin* ng isang Kristiyano na siya ay may matuwid na relasyon sa Diyos.

**(4) Lahat ng tao ay maaaring ganap na maligtas. – Kristiyanong Kasakdalan.** Naniniwala si John na ang mga utos ng Diyos ay nagpapahiwatig ng mga pangako. Sa madaling salita, ang Diyos na tumatawag sa atin na maging banal ang siya ring magpapabanal sa atin.

Ito ang pundasyon ng mensahe ng mga Wesley. At habang lumalaganap ang mensaheng ito sa Inglatera, libo-libong mga tao ang naging Kristiyano at ang lipunang Ingles ay nagbago. Ang mensaheng ito ay nakabatay sa walang bayad na biyaya ng Diyos sa halip na sa gawa ng tao. Gayunma'y kinikilala nito ang responsibilidad ng tao na tumugon sa pamamagitan ng pananampalataya sa panawagan ng Diyos.

Si John ang tagapag-organisa. Isinaayos ng kanyang mga grupo ang istraktura para sa pagdidisipulo. Samantala, si Charles naman ang makata. Nagsulat siya ng mahigit 6,000 na mga himno. Ang mga himnong ito ang nagpalaganap ng mensahe ng Methodist na labas sa kanilang lipunan. Maraming mga Kristiyano sa iba't ibang denominasyon ay umawit ng mga himno ni Wesley tungkol sa mensahe ng katiyakan ("Bumangon ka, kaluluwa ko, bumangon ka; iwaksi mo ang iyong mga kinatatakutang kasalanan") at ang posibilidad ng pagkakaroon ng isang dalisay na puso ("Oh ang magkaroon ng pusong magpupuri sa aking Diyos, isang pusong pinalaya mula sa kasalanan").

Ang mensahe na ang lahat ng tao ay kailangang maligtas, ang lahat ng tao ay maaaring maligtas, ang lahat ng tao ay maaaring malaman na sila ay ligtas, at ang lahat ng tao ay ganap na maligtas ay nananatili pa ring isang makapangyarihang mensahe ng revival sa ika-21 na siglo.

► Paanong ang apat ng puntos ni Wesley tungkol sa kaligtasan ay magpapasigla sa ministeryo ng simbahan? Pag-isipan mo ang bawat puntos at isaalang-alang ang mga praktikal nitong epekto. Ano ang magiging resulta kung ang isang simbahan ay hindi maniniwala sa isa sa mga puntos?

## Mga Tugon sa Rationalismo: Ebanghelikal na Revival (Pagpapatuloy)

### Mga Aral mula sa mga Revival sa Inglatera at Amerika

Mayroong ilang mahahalagang aral na matutunan mula sa naganap na Great Awakening sa Amerika at sa Methodist revival sa Inglatera. Ang mga aral na ito ay dapat na magbigay sa atin ng inspirasyon habang ating inaasam na maranasan ang revival sa ika-21 na siglo.

Una, ipinapakita ng mga naganap na revival na ang Diyos ay kumikilos sa iba't ibang pamamaraan at sa pamamagitan ng iba't ibang mga tao upang isakatuparan ang kanyang mga layunin. Si George Whitefield ay isang makapangyarihang mananalumpati na may kakayahang magsalita sa 30,000 na mga tao na walang mikropono. Siya ay dalubhasang mananalumpati na kayang bumighani ng napakaraming tagapakinig.

Sa kabaligtaran, si Jonathan Edwards ay itinuturing na walang masiglang istilo ng pagsasalita. Binabasa niya ang kanyang mga sermon mula sa isang manuskrito at madalas na nag-aalangan sa pagbabasa at tila walang damdamin. Ang kanyang mga sermon ay dramatiko lamang sa sulat, ngunit hindi sa personal. Gayunma'y parehas na ginamit ng Diyos ang dalawang ebanghelista na ito upang magsimula ang revival.

Sina John at Charles Wesley ang mga iskolar na nag-aral sa Unibersidad ng Oxford, subalit ang mga nagtapos sa "Log College" ni William Tennent ay kapos sa akademikong pagsasanay. Gayunma'y parehas na ginamit ng Diyos ang dalawang gawain upang magsimula ang revival. Kaya nga, ang Diyos ay kumikilos sa mga taong ganap na nagpapasakop.

Ikalawa, ang mga revival na ito ay nagpapaktia ng kapangyarihan ng panalangin. Natunghayan natin ang epekto ng panalangin sa mga misyon ng mga Moravian. Parehas na epekto rin ang nakita sa mga revival na naganap sa Inglatera at Amerika. Sina Whitefield, Edwards, at ang magkapatid na Wesley ay mga mapanalangining mga tao. Masidhi nilang hinahanap ang Diyos bago sila magsalita sa pulpito. Sa madaling salita, ang pagdating ng revival ay bunga ng maalab na panalangin.

Ikatlo, ang mga revival na ito ay nagpapakita ng pangmatagalang epekto ng tunay na revival. Ang Rebolusyong Pranses ang siyang sukdulang kaganapan sa panahon ng Rationalismo. At gaya ng ating natunghayan, ang Rebolusyong Pranses ay pinamunuan ng mga taong walang takot sa Diyos na pumatay ng mga libo-libong mga tao sa ngalan raw ng "kalayaan." Ngunit ang naging bunga ng Rebolusyong Pranses ay isang diktatura na pinamumunuan ni Napoleon.

Ang Amerikanong Rebolusyon na nagsimula 25 taon matapos ang Great Awakening ay naiiba kumpara sa Rebolusyong Pranses. Ang Amerikanong Rebolusyon ay pinamunuan ng mga taong may paggalang sa Kristiyanong pananampalataya. Naniniwala sila na ang karapatang-pantao ay kaloob sa atin ng Diyos. Ang naibunga ng Amerikanong Rebolusyon ay ang konstitusyon na nagbibigay garantiya sa bawat mamamayan ng kalayaang sumamba na walang panghahadlang ng gobyerno.

Parehas na naiwasan ng Amerika at Inglatera ang mga kakila-kilabot na mga pangyayari ng Rebolusyong Pranses. Ayon sa maraming mga mananalaysay, ito raw ay dulot ng Great Awakening at Methodist Revival. Ang mga bansang ito ay nakaiwas sa kahindik-hindik na epekto ng Rebolusyong Pranses sapagkat ang Diyos ay dakilang kumilos sa kalagitnaang panahon ngika-18 siglo.

## Konklusyon: Ang Kasaysayan ng Iglesia ay Nangungusap Ngayon

Habang binabasa mo ang araling ito, sumagi ba sa isip mo na, "Parang katulad lang iyan ngayon"? Ang ika-17 at ika-18 siglo ay may maraming pagkakatulad sa ika-21 na siglo. Katulad ng ika-18 na siglo na sa Pransiya, ang mga tinaguriang "intelektuwal" ng ika-21 na siglo ay tumatanggi rin sa katotohanan ng Biblia. Sinasabi nila na hindi natin

mapagkakatiwalaan ang Biblia. Gayunpaman, kung paanong ang Diyos ay kumilos sa mga Moravian, Methodist, at sa ibang gawain na naghatid ng revival sa ika-18 na siglo, magagawa rin ng Diyos na maghatid ng revival sa panahon natin ngayon.

Tulad ng ika-18 na siglo, may ilang mga Kristiyano ngayon na inihihiwalay ang sarili mula sa mundo at hinahanap ang kanilang personal na pananampalatayang Kristiyano na hiwalay sa araw-araw na buhay sa "sekular" na mundo. Ang halimbawa ng mga sinaunang Methodist ay nagbibigay sa atin ng naiibang landas; isang kapasyahan na maging asin at liwanag ng ating lipunan. Nang kinaharap ng mga Methodist ang kanilang lipunan gamit ang ebanghelyo, ang lipunan sa Britanya ay nagbago. Gayundin naman, kung ating haharapin ang ating lipunan na taglay ang ebanghelyo, magagawa rin ng Diyos na baguhin ang ating lipunan. Kaya nga, hinikayat kitang huwag ihiwalay ang iyong sarili mula sa lipunan. Sa halip, ikaw ay maging liwanag, asin, at tagapaghatid ng pagbabago sa iyong lipunan (Mateo 5:13-16). Sa madaling salita, ikaw ay maging isang disipulo.

## Aralin 3, Mga Takdang Aralin

(1) Pag-aralan ang mga sumusunod na talata sa Biblia, at pagkatapos ay magsulat ng 2-3 mga talata na ibinibigay ang pagkakaiba ng katuwiran ng isip ng tao sa makaDiyos na karunungan. Sa iyong sulat, pagnilayan mo kung ano ang ating pwedeng matutunan sa kasaysayan kapag hindi pinapahalagahan ng mga tao ang karunungan ng Diyos at yumayakap lamang sa kanilang sariling maling pangangatuwiran.

- Kawikaan 1:7
- Kawikaan 3:5-7
- Kawikaan 28:26
- 1 Corinto 1:25-30
- 1 Corinto 3:19
- Colosas 2:5, 8

(2) Magsulat tungkol sa naging epekto ng Pietismo sa mundo noong ika-18 na siglo. Ibigay ang apat na mahahalagang kontribusyon na ginawa ng mga Pietista sa simbahan ng kanilang panahon at maikling talakayin ang ilan sa kanilang mga kahinaan.

(3) Itala ang apat na pahayag na nagbubuod sa mensahe ng Methodist revival at maghanap ng talata na sumusuporta sa bawat punto.

(4) Magbigay ng dalawang partikular na mga aral na matututunan mula sa buhay ng bawat pinuno ng simbahan. Maaari mo itong ibahagi sa klase sa susunod ninyong pagkikita.

- John Wesley
- Jonathan Edwards
- George Whitefield

# Aralin 4
# Revival at mga Misyon
# A.D. 1789-1914

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Pahalagahan ang naging pandaigdigang paglago ng Iglesia noong ika-19 na siglo.

(2) Maunawaan ang papel na ginampanan ng mga layman at mga nagboluntaryong mga samahan sa ebanghelikal na mga reporma noong ika-19 na siglo.

(3) Malaman ang modernong pilosopiya ng pagmimisyon na inspirado ng buhay nina William Carey at Hudson Taylor

(4) Suriin ang mga kalakasan at kahinaan ng gawain ng pagmimisyon ng ika-19 na siglo.

(5) Pahalagahan ang mga epekto ng mga naganap na revival noong ika-19 na siglo.

## Pambungad

Sa nakaraang mga aralin, natunghayan natin ang mga tradisyong Romano Katoliko, Eastern Orthodox, at Protestante. Subalit sa mga huling aralin, itutuon lang natin ang ating pag-aaral sa ebanghelikal na tradisyon. Bibigyan natin ang espesyal na pansin ang mabilis na paglaganap ng pagmimisyon sa daigdig noong ika-19 at ika-20 na siglo.

Noong 1800, karamihan sa mga Kristiyanong Protestante ay nasa Amerika o Europa. Nasa 1% lamang ng mga Protestanteng Kristiyano ang naninirahan sa Afrika, Asya, at Latin Amerika. Subalit sa pagtatapos ng 1800, 10% ng mga Protestante ay nanirahan na sa mga bahaging iyon ng mundo. At sa kasalukuyan, ang bilang ay tinatayang umabot sa 67%.

Sa panahon ngayon, ang pinakamalakas na lugar ng Protestante sa mundo ay matatagpuan sa Asya, Afrika, at Latin Amerika. Noong 1900, ang Afrika ay mayroon lamang 9% na mga Kristiyano; subalit noong 2005, ang Afrika ay nagkaroon ng 46% na mga Kristiyano. Noong 1900, ang Asya ay may 2% na mga Kristiyano lamang; subalit noong 2005, mayroon ng 9% na mga Kristiyano sa Asya. Ang mga ugat ng pagbabagong ito ay matatagpuan sa ika-19 na siglo ng pagmimisyon. Sa mga Araling 4 at 6, makikita natin kung paanong ang

Kristyanismo ay napunta sa iba't ibang panig ng mundo noong ika-19 at ika-20 na siglo.[22]

## Ebanghelikal na Reporma sa Inglatera

Ang ika-19 na siglo ang kasukdulan ng Imperyong Britanya. Ang London ang siyang pinakamalaking lungsod sa mundo at ang naging sentro ng pananalapi sa Europa.Sinuportahan ng hukbong-pandagat ng Britanya ang pagsulong ng komersyo at kolonisasyon sa buong mundo. At sa katapusan ng ika-19 na siglo, ang Inglatera ay naging pinakamalaking imperyo sa kasaysayan.

Ang ika-19 na siglo ay panahon rin ng ebanghelikal na reporma sa Inglatera. Ang naganap na revival noong ika-18 na siglo ay nagbigay diin sa espirituwal na pagsilang, pagbabago ng buhay, at katapatan sa paglilingkod. Ang revival na ito ay naghatid ng patuloy na reporma noong ika-19 na siglo.

### Ang Gawain ng Methodist sa Pagbubukas ng Ika-19 na Siglo

Matapos ang kamatayan ng magkapatid na Wesley, ang gawain ng Methodist ay patuloy na lumaganap sa Inglatera at sa Estados Unidos. Ang dalawang mahahalagang pinuno sa patuloy na paglago ng Methodismo ay sina Adam Clarke ng England at si Francis Asbury ng Amerika.

Si Adam Clarke ay ipinanganak sa North Ireland noong 1760. Siya ay naging Kristiyano sa edad na 19 sa pamamagitan ng ministeryo ng isang mangangaral na Methodist. Siya ay nagsimulang mangaral sa edad na 22.

Isa siya sa maituturing na pinakamatalinong isipan ng ika-19 na siglo. Nag-aral siya sa pamamagitan lamang ng sarili. Nagawa niyang matuto ng 10 wika at nagsulat ng anim na makakapal na libro na komentaryo sa Biblia. Ang Komentaryo ni Adam Clarke ay nananatiling kapaki-pakinabang na aklat sa loob ng 200 taon mula ng ito ay kanyang inilathala.

Naglathala pa si Clarke ng 22 na mga aklat bilang karagdagan sa kanyang komentaryo. Nangaral siya ng mahigit 50 mga taon at naglingkod bilang parehas na pangulo ng Irish Methodist at English Methodist na Kapulungan. Gumugol rin siya ng 10 taon sa pagsusuri ng mga estadong-papeles ng pamahalaang Britanya. At bilang parangal sa kanyang iskolar na gawain, si Clarke ay ginawaran ng honorary Doctoral degree ng Unibersidad ng Aberdeen.

---

[22] Ang mga pinagkunan ng mga istatistikong ito ay:
+ Todd M. Johnson, *Christianity in Global Context: Trends and Statistics.*
ChristianHistory.net http://www.christianitytoday.com/history/issues/issue-36/why-did-1800s-explode-with-missions.html (Na-access noong Mayo 14, 2021)
+ *Status of Global Mission*, 2014.

Si Dr. Clarke ay may malalim na pagpapahalaga sa ebanghelismo. Noong 1818, may nakilala siyang dalawang Budista na naglakbay sa Inglatera mula sa Ceylon (ngayon ay modernong Sri-Lanka). Dalawang taon silang magkakasama at kalaunan, sila ay binautismuhan niya at pinabalik sa kanilang bayan sa Ceylon upang dalhin roon ang ebanghelyo.

Si Dr. Clarke ay matapat sa pangangaral ng mensahe ng kabanalan. Hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay noong 1832, ipinangaral niya ang posibilidad ng pagkakaroon ng isang puso na "puno ng lahat ng kapuspusan ng Diyos" (Efeso 3:19).

### Ang Clapham na Sekta

Bago dumating ang ika-19 na siglo, karamihan sa mga relihiyosong gawain sa Inglatera ay naganap sa mga tradisyunal na mga denominasyon – ang Simbahan ng Inglatera, Baptist, Congregational, o Methodist. Noong ika-19 na siglo, isang pagbabago ang naganap na pinamunuan ng mga indibidwal na sumali sa mga relihiyosong samahan na binuo para sa layuning panlipunang reporma, espirituwal na revival, at pagmimisyon.

Isang grupo ng mga ebanghelikal na may mataas na katatayuan sa lipunan na nakatira sa nayon ng Clapham malapit sa London ang naging kilala sa tawag na "Clapham Sect." Ito ay hindi isang denominasyon o kaya'y isang opisyal na organisasyon. Bagkus, ito ay isang impormal na komunidad ng mga Kristiyano na nagbibigay pansin sa panlipunan at espirituwal na reporma ng lipunang Ingles. Ang kanilang espirituwal na tagapamuno ay ministro ng Simbahan ng Inglatera, si John Venn. Kasama sa mga miyembro ang Gobernador Heneral ng India; ang Tagapangulo ng East India Company, at ang kilalang si William Wilberforce na isang Miyembro ng Parlyamento (sa Inglatera).

Ang mga miyembro ng Clapham ay nagsimula ng maraming organisasyon kabilang ang Church Missionary Society at isang ministeryo ng pamamahagi ng Biblia, at kasama na rin ang mga ministeryong naglilingkod sa mga mahihirap at nagpapabuti ng kondisyon ng mga bilangguan. Ang kanilang pinakamalaking kontribusyon sa lipunan ay ang pakikipaglaban sa pang-aalipin. Bagamat sa nakaraang panahon ay ipinagbawal sa maraming mga Kristiyanong bansa ang pang-aalipin, ibinalik ng Inglatera ang pangangalakal ng alipin sa Afrika nong 1562. At pagsapit ng 1770, ang mga barko sa Britanya ay naghahatid kada taon ng 50,000 mga alipin na mula sa Kanlurang Afrika.

Malakas ang paniniwala ni William Wilberforce (1759-1833) na inilagay siya ng Diyos sa Parlyamento upang tutulan ang pangangalakal ng mga alipin. At simula noong 1789, nagsimula siyang mangampanya ng ilang dekada laban sa pang-aalipin. Naglathala rin ang komunidad ng Clapham ng mga babasahin na laban sa pang-aalipin at nagbigay ng mga pagtuturong isinisiwalat ang kasamaan ng pang-aalipin.

Matapos ang mga taon ng pakikibaka, ang pangangalakal ng mga alipin ay pinawalang-bisa noong 1809. At si Wilberforce ay agad na nagsimula ng kanyang kampanya na laban na mismo sa pagkakaroon ng alipin. Ang tinaguriang Emancipation Act ang siyang nagpalaya

sa lahat ng alipin sa Imperyong Britanya. Ito ay ipinasa noong Hulyo 25, 1833, apat na araw bago namatay si Wilberforce. Habang si Wilberforce ang namumuno sa laban, ang buong sekta ng Clapham ay nakibahagi. Naniniwala sila na ang ebanghelyo ay hindi lamang may pakialam sa mga espirituwal na isyu, kundi mismong sa katarungan sa lahat ng aspeto ng lipunan.

► Ano ang ilang isyu sa iyong lipunan na ang mga Kristiyano ay dapat na naninindigan laban sa katiwalian at pang-aapi?

**Si William Booth at ang Salvation Army**

Sa unang bahagi ng ika-19 na siglo, ang komunidad ng Clapham ay nagtrabaho kasama ang mga taong may mataas na katatayuan sa lipunan upang i-reporma ang lipunang Ingles. At sa huling bahagi ng ika-19 na siglo, isang Methodist na ministro, si William Booth (1829-1912) ay nagsimulang mangaral sa mga lansangan ng London upang ibahagi ang ebanghelyo at maglingkod sa mga mahihirap ng lipunan.

Pinasimulan ni William Booth ang gawaing ito noong 1864; at sa loob ng 20 taon, nagkaroon siya ng halos 1,000 na mga manggagawa. Inorganisa tulad ng isang yunit ng militar, ang mga boluntaryong ito ay tinawag na Salvation Army na pinamumunuan ni Heneral Booth. Muli, isang bagong boluntaryong organisasyon ang binuo para manguna sa panlipunang reporma. Sa susunod na aralin, pag-aaralan natin ng higit pa ang ministeryo ng Salvation Army.

**Mga Boluntaryong Gawaing Kristiyano**

Ang Clapham Sect at Salvation Army ay parehas na nagpapakita ng kahalagahan ng organisasyon ng mga boluntaryo para sa lagay ng Kristyanismo ng ika-19 na siglo. Ang mga boluntaryong organisasyon ang siyang nagbigay daan para sa iba't ibang mga denominasyon ng Kristiyano na magkaisa para sa isang partikular na pangangailangan. Ang mga boluntaryong organisasyon ang siyang sumuporta sa mga pagmimisyon, pamamahagi ng Biblia, reporma sa mga bilangguan, pagtulong sa mga mahihirap, at pagbuwag ng pang-aalipin.

Ang Sunday School ay isa pang halimbawa ng gawain na nagpapakita ng pagtugon ng Kristiyano sa panlipunang pangangailangan. Noong 1780, si Robert Raikes na isang tagapaglathala ng pahayagang Anglican ay nagsimulang mag-alok ng libreng edukasyon para sa mga mahihirap na bata. Noong panahong iyon, ang Inglatera ay wala pang estadong-paaralan. Ang mga mahihirap na bata ay lumalaking kakaunti o walang pinag-aralan. At dahil sa ang mga bata ay nagtratrabaho ng isang linggo sa mga pabrika, si Raikes ay nag-alok ng mga klase sa pagbabasa at pagtuturo ng relihiyon tuwing Linggo. Bunga nito, ang bilang ng mga krimen sa lungsod na kinabibilangan ni Raikes ay dramatikong bumaba. Maging ang mga opisyal ay nagsimulang maghikayat na palaganapin pa ang Sunday School sa iba pang mga lungsod. At pagsapit ng 1830, 1,250,000 na mga bata sa iba't ibang panig ng Inglatera (mga ¼ ng populasyon) ay dumadalo ng Sunday School.

Isinabuhay ng mga boluntaryong organisasyon ng Kristiyano ang prinsipyo ni Luther na ang lahat ng Kristiyano ay tinawag ng Diyos upang maglingkod, anuman ang kanilang trabaho. Sa pamamagitan ng mga organisasyong ito, ang mga karaniwang tao ay nagkaroon ng pagkakataon na manguna sa mga gawain.

## Ebanghelikal na Paghayo sa Mundo

Noong 1800, ang Protestanteng Kristyanismo ay matatagpuan lamang halos sa Europa at Hilagang Amerika. May 18 siglo ang lumipas matapos iatas ni Jesus ang Dakilang Komisyon, marami pang bahagi sa mundo ay hindi pa nakakarinig ng ebanghelyo. Hindi ito nangangahulugan na walang pagsusumikap ang mga misyonero bago ang ika-19 na siglo. Dapat tandaan na ang mga Moravian na misyonero ay aktibo na sa pagsasalin ng Biblia, sa pagpapatayo ng mga paaralan upang mabasa ng mga tao ang Biblia, at maging sa pagsasanay ng mga pastor sa bansang iyon.

Gayunpaman, ang gawain ng pagmimisyon ay karaniwang maliit lamang ang nasasakop; ito'y parang "mga isla sa palibot ng maraming pagano."[23] Ngunit noong unang bahagi ng ika-19 na siglo, binago ni William Carey ang pananaw ng simbahan sa pagmimisyon. Naging pananaw niya ang pagbabago ng buong lipunan. At mula rito, ipinalaganap ng iba ang ebanghelo sa iba't ibang panig ng mundo.

### Si William Carey, ang "Ama ng Modernong Pagmimisyon"

> "Umasa ng mga dakilang bagay mula sa Diyos; gumawa ng mga dakilang bagay para sa Diyos."
>
> -Salawikain ni William Carey

Noong 1783, si William Carey ay nabautismuhan at naging kaanib ng English Baptist na denominasyon. Siya ay naging guro at pastor ng isang lokal simbahan. Ngunit matapos niyang basahin ang aklat ni Jonathan Edwards na pinamagatang *Life of David Brainerd*, isang aklat na nagsasalaysay ng mga pagsisikap ni Brainerd na bahaginan ng ebanghelyo ang mga Katutubong Amerikano, siya ay nagkaroon ng sigasig para sa pagbabahagi ng ebanghelyo.

Noong panahong iyon, inakala ng maraming English Baptist na ang gawain ng pagmimisyon ay hindi kinakailangan. Naniniwala sila na kahit na wala ang pagsusumikap ng tao, magagawa ng Diyos na iligtas ang mga taong kanyang hinirang. Noong iminungkahi ni William Carey sa isang pagtitipon ng mga ministro na tungkulin ng bawat Kristiyano na ipalaganap ang ebanghelyo, isang iginagalang na pastor ang tumugon sa kanya, "Bata, maupo ka; kapag gustuhin ng Diyos na baguhin ang mga pagano, gagawin niya ito na hindi kinakailangan ang tulong mo o ang aking tulong." Pagkaraan ng ilang taon, naglathala si Carey ng isang maliit na aklat na nagpapahayag tungkol sa tungkulin ng mga mananampalataya na magsikap para sa pagbabagong buhay ng mga pagano. Iyon ay panawagan para sa pandaigdigang pagmimisyon.

---

[23] Bruce Shelley, *Church History in Plain Language*, 3rd edition (Nashville, Thomas Nelson, 2008), 374

Hindi si Carey ang kauna-unahang nakakita ng pangangailangan para sa pandaigdigang pagmimisyon. Marami pang iba na nakibahagi sa kanyang pasyon na abutin ang sanlibutan para kay Cristo. Noong 1784, ang pinuno ng Methodist na si Thomas Coke ay nagsumite ng isang "Plano para sa Kapisanan para sa Pagtatatag ng mga Misyon sa mga Paganong Lugar." Sa taong ding iyon, ang Anglican na pastor na si Joseph White ay nangaral sa Oxford gamit ang talata ng Marcos 16:15. Ang paksa niya ay, "Hinggil sa Tungkulin na Subukang Palaganapin ang Ebanghelyo sa ating mga Nasasakupan sa Mahometan at Gentoo sa India."

Nauunawaan ni Carey na ang pagbabago ng isang lipunan ay dapat na magsimula sa kalooban. Dahil rito, nagbigay siya ng malaking pansin sa pagsasalin ng Biblia sa katutubong wika ng mga tao, paggalang sa kanilang kultura at tradisyon ng isang bansa (hangga't hindi sumasalungat ang mga ito sa mga prinsipyo ng Biblia), at sa pagsasanay sa mga lokal na ministro.

► Paano ka tutugon sa isang taong nagsasabing, "Kung ibig ng Diyos na iligtas ang mga pagano, gagawin niya ito na hindi kailangan ang tulong mo at tulong ko"? Suportahan mo ang iyong ng mga talata sa Biblia.

### Ang Paglaganap ng Ebanghelyo – Dumating ang Ebanghelyo sa India

Hindi si William Carey ang kauna-unahang tao na naghatid ng ebanghelyo sa bansang India. Ayon sa tradisyon ng simbahan, si apostol Thomas ay dumating at nangaral sa India noong A.D. 52. Noong ika-apat na siglo, iniulat ng mananalaysay ng simbahan na si Eusebius ang pagkakaroon ng isang komunidad ng mga Kristiyano sa India.

Noong 1705, ang dalawang German na Pietista na sina Bartholomäus Ziegenbalg at Heinrich Plätschau, ay dumating bilang mga misyonerong Protestante sa India. Isinalin nila ang Biblia sa Tamil at Hindustani. Gayunpaman, ang pinakadakilang pagsusumikap sa modernong pagmimisyon sa India ay pinangunahan ni William Carey. Si Carey ay naglingkod sa India mula 1793 hanggang sa araw ng kanyang kamatayan noong 1834. At dahil ang British East India Company ay salungat sa gawain ng pagmimisyon sa India, si Carey ay nanirahan sa Serampore, isang lugar na kontrolado ng mga Dutch.

Sa kanyang 41 taon na pamamalagi sa India, inilatag ni Carey ang pundasyon para sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa India. Isinalin nina Carey at ng kanyang mga kasamahan ang Biblia sa wikang Bengali, Sanskrit, at iba pang apat na wika. Isinalin rin nila ang ilang bahagi ng Biblia sa iba pang 24 na wika. Nagsulat rin si Carey ng mga ebanghelikong awitin sa wikang Bengali. Nagsimula siya ng unang kolehiyo sa Asya (Serampore College) upang makapagsanay ng mga magiging pastor sa bansa, at para magbigay ng edukasyong liberal arts sa mga tao.

Naging tanong ni William Carey, "Ano kaya ang magiging itsura ng India kung si Jesus ang siyang magiging Panginoon ng bansang ito?" Sa pamamagitan ng pananaw na ito, inilapat ni Carey ang ebanghelyo sa buong kultura ng bansa. At naabot ng Pananampalatayang Kristiyano ang lahat ng aspeto ng lipunan sa India.

Laban sa turo ng mga Hindu na nagsasabing ang kalikasan ay isang ilusyon na dapat iwaksi, naniniwala si Carey na ang kalikasan ay nilikhang mabuti ng mapagmahal na Diyos. Dahil dito, naglathala siya ng mga unang batayang aklat ng siyensya sa India. Nag-organisa siya ng mga reporma sa agrikultura upang mapabuti ang produksiyon ng sakahan.

Laban rin sa kaugalian ng mga Indian na sunugin ng buhay ang mga ketongin sa paniniwalang dadalisayin sila ng apoy, naniniwala si Carey na mahal ng Diyos ang mga ketongin. At dahil rito, nangampanya siya para sa makataong pagtrato sa mga biktima ng ketong.

At dahil naniniwala rin siya sa katarungang pang-ekonomiya, ipinakilala ni Carey ang pagkakaroon ng savings bank na magpapahiram ng pera sa mga tao na may makatuwirang interest rates. At dahil naniniwala siya na ang Kristyanismo ay makikinabang sa malayang talakayan, itinatag niya ang kauna-unahang pahayagan na naglilimbag sa wikang Oriental.

Dahil naniniwala siya na ang lahat ng tao ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos, nilabanan ni Carey ang pang-aapi na ginagawa sa mga kababaihan. Nagpatayo siya ng mga paaralan para sa mga babae, na bihirang makatanggap ng edukasyon noong ika-18 siglo sa India. Nilabanan rin niya ang poligamiya, ang pagpatay sa mga sanggol na babae, at ang pagsusunog sa mga balo – na lahat ay sinusuportahan ng relihiyong Hindu. Nagsumikap si Carey ng 25 taon upang makamit ang legal na kasulatan na magbabawal sa pagsusunog sa mga balo (*sati*).

Ipinakita sa atin ni William Carey ang pangmatagalang epekto na magagawa ng isang taong mayroong pangitain para sa kaharian ng Diyos sa ating lipunan. Sa pamamagitan ng kanyang impluwensya, ang Protestanteng misyon ay tuluyang nagbago magpakailanman.

► Paano ka tutugon sa isang taong nagsasabi, “Ang misyon ng simbahan ay ang ipangaral ang ebanghelyo. Hindi tayo dapat makisangkot sa mga problemang panlipunan at pang-ekonomiya.”

## Ebanghelikal na Paghayo sa Mundo (Pagpapatuloy)

### Iba pang Ika-19 na Siglong Gawain ng Pagmimisyon

Daan-daang mga misyonero ang naglakbay sa buong mundo noong ika-19 na siglo. At sa unang pagkakataon, ang mga ebanghelikal na Protestante ang siyang nangunguna sa gawain ng pagmimisyon. Sa unang dalawang dekada ng ika-19 siglo:

- Si Henry Martin ay nagpunta sa India (1805).
- Si Robert Morrison ang naging unang Protestanteng misyonero sa Tsina (1807).
- Si Adoniram Judson ay nagpunta sa Burma (ngayon ay tinatawag ng Myanmar) bilang unang Amerikanong misyonero (1812).
- Pinangunahan ni Samuel Marsden ang grupo ng mga misyonero tungo sa New Zealand (1814).

- Si Robert Moffat ay nagpunta sa Afrika (1816).

Sa kalagitnaan ng siglong ito, isang diwa ng optimismo na sinasangkapan ng sigasig para sa pagmimisyon ang nagbigay ng inspirasyon sa Student Foreign Volunteer Movement for Foreign Missions na magtakda ng layunin ng "ebanghelisasyon sa mundo ng henerasyong ito." Ang ika-19 na siglo ay panahon ng pagmimisyon.

Si David Livingstone ay naglakbay sa gitna ng Afrika at ibinukas ang kontinente para sa ebanghelyo. Sa kanyang 1859 na talumpati para sa mga mag-aaral sa Cambridge, sinabi niya, "Bumalik ako sa Afrika upang magbukas ng daan para sa komersyo at Kristiyanismo. Nawa'y gawin ninyo sa abot ng inyong makakaya ang gawaing sinimulan ko. Ipinapaubaya ko ito sa inyo."


Hindi ito nangangahulugan na nakita ni Livingstone ang pagmimisyon bilang isang paraan ng pagbubukas sa Afrika sa pananamantalang komersyal na interes ng Britanya. Gaya ni Carey, naniniwala rin si Livingstone na dapat baguhin ng ebanghelyo ang lahat ng bahagi ng lipunan. Batid ni Livingstone na sa Afrika, ang pangangalakal ng mga alipin ay isang karaniwang paraan ng pagpapayaman. Ngunit naniniwala siya na ang pagbubukas ng kontinente sa lehitimong komersyo ang siyang tatapos sa imoral na pangangalakal ng alipin.

Ang mga Protestanteng misyonero ay hindi kasangkapan para sa komersiyo ng Britanya. Ang totoo niyan, madalas na salungatin ng mga kumpanyang nasa ilalim ng Britanya ang mga misyonero, sapagkat naniniwala silang ipagtatanggol ng mga misyonero ang mga katutubo laban sa hindi makatarungang gawain ng mga British. Ang British East India Company ang siyang humadlang kay Wiliam Carey na manirahan sa Calcutta at ang nagpalayas kay Adoniram Judson palabas ng India. Kaya't taliwas sa mga akusasyon ng mga modernong mananalaysay, ang ika-19 na siglo ng pagmimisyon ay inspirado ng pag-ibig para sa Diyos, at hindi bunsod ng paghahangad ng kayamanan.

***...Mula Noon Hanggang Ngayon...***

►Ano ang magiging kalagayan ng iyong bansa kung si Jesus ang kinikilalang Panginoon? Talakayin ang ilang praktikal na paraan kung saan magagawang baguhin ng ebanghelyo ang iyong lipunan?

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Ninyong Makilala: Samuel Ajayi Crowther (c. 1806-1891)



Isa sa mga bayani ng simbahan sa Nigeria ay si Samuel Crowther.[24] Siya ang unang Afrikanong obispo sa Simbahang Anglikano. Ipinanganak siya sa Yorubaland (ang kasalukuyang Western Nigeria). Noong siya ay tinedyer, naging bihag siya ng mga Muslim na nangangalakal ng alipin at ipinagbili sa mga mangangalakal na Portuges.

Matapos na buwagin ang pangangalakal ng mga alipin noong 1807, itinatag ng mga ebangheliko ng Britanya ang kolonya ng Afrika doon sa Sierra Leone bilang kanlungan para sa mga dating alipin. At noong 1822, pinahinto ng British Navy ang barkong Portuges na dito'y lulan si Ajayi at ang iba pang mga bilanggo. Siya ay dinala sa Sierra Leone. Dito ay naging Kristiyano si Ajayi at sinimulang gamitin ang pangalang Samuel Crowther bilang kanyang nabinyagang pangalan.

Si Crowther ay isa mga unang naging mag-aaral sa Fourah Bay College, na itinatag ng Church Missionary Society noong 1827 para sa pagsasanay ng mga magiging pinuno sa mga simbahan sa Afrika. Si Crowther ay napatunayang mahusay sa wika at hindi nagtagal ay nahirang na magturo sa ibang mga nayon. At noong 1841, siya ay ipinadala sa Inglatera para sa karagdagang pagsasanay. Mula roon ay naordinahan siya at isinugong bilang isang misyonero sa Yorubaland. Sa kanyang sariling bayan, natagpuan ni Crowther ang kanyang ina at kapatid na babae matapos ang mahigit 20 taon na pagkakahiwalay; sila ang kanyang naging mga unang naakay sa pananampalataya.

Dalawa ang naging kontribusyon ni Crowther na nagdulot ng pangmatagalang epekto. Una, isinalin niya ang Biblia sa wika ng Yoruba; ito ang naging unang Aprikanong pagsasalin na ginawa ng isang katutubo. Ikalawa, itinatag niya ang estasyon ng pagmimisyon na halos pinamumunuan ng mga Afrikano sa Nupe at Hausa.

Noong 1864, inayos ni Henry Venn (isang kaanib ng komunidad ng Clapham) ang pagkakahirang kay Crowther na maging obispo ng Kanlurang Afrika. Si Samuel Crowther ang naging kauna-unahang katutubong pinuno ng simbahan sa Afrika. Ngunit kay lungkot na may grupo ng mga Ingles na misyonero na nagtraydor sa kanya at inalis si Crowther mula sa kanyang katungkulan. Gayunpaman, ang kanyang alaala ay nagpapakita ng potensyal ng isang katutubong Afrikanong Kristiyanismo.

---

[24] Imahe: "Bishop Samuel Ajayi Crowther", kinuha mula sa https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Bishop_Samuel_Ajayi_Crowther.png, para sa publiko.

## Ebanghelikal na Paghayo sa Mundo (Pagpapatuloy)

### Pagsusuri sa Ika-19 na Siglo na Pagmimisyon

Mayroon bang kahinaan ang ika-19 na siglo ng pagmimisyon? Syempre mayroon. May ilang mga misyonero na kakaunti ang kaalaman pagdating sa bansa na kanilang pinuntahan. Ang kanilang mga pamamaraan ay hindi epektibo kung minsan at hindi pangmatagalan ang epekto.

Maraming mga misyonero ang nag-akala na ang isang naakay ay gagawin nito lahat ang mga gawi ng kultura ng mananampalataya. May ilan ring mga misyonero na nag-akala na ang isang Tsino na naging Kristiyano ay magsisimulang magdamit at kumain na tulad ng isang Ingles na tao; at mananambahan sa gusaling simbahan ng mga taga-Kanluran. Ang mga misyonerong ito ay nabigo sa pagtatanim ng mga simbahang angkop sa isang bagong kultura.

Gayunpaman, sa kabila ng mga kabiguang ito, ipinakita ng ika-19 na siglo na pagmimisyon ang lakas ng ebanghelikalismo. Mula kay Constantine hanggang sa ika-17 siglong pagmimisyon ng Romano Katoliko sa Latin Amerika, ang Kristiyanismo ay ipinalaganap sa pamamagitan ng puwersa. Subalit ang pagmimisyon ng mga ebanghelikal ay nagpakita na ang ebanghelyo lamang, na walang tulong ng gobyerno o sapilitang pagbabalik-loob, “ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya” (Roma 1:16).

Ang ika-19 na siglo ng pagmimisyon ay nagpapakita ng kapangyarihan ng mga layman o karaniwang tao sa Kristiyanismo. Sa unang mga dekada ng ika-19 na siglo, ilang mahahalagang organisasyong misyonero ang nabuo ng mga karaniwang misyonerong Kristiyano.

Angika-19 na siglo ng pagmimisyon ay nagpapakita ng epekto ng ebanghelyo sa mga praktikal na pangangailangan ng lipunan. Sa maraming bansa, ang mga ospital at paaralan na itinatag ng mga misyonero ay patuloy pa ring napapakinabangan sa kanilang mga komunidad hanggang ngayon. Ipinapakita ng pagmimisyon na ang ebanghelyo, kapag naunawaan ng maayos, ay bumabago ng lahat sa lipunan.

| Ang Paglago ng Iglesia noong Ika-19 na Siglo* | |
|---|---|
| **1750** | **1900** |
| Ang daigdig ay mayroong 22% na mga Kristiyano | Ang daigdig ay mayroong 34% na mga Kristiyano |
| 26% ng mga tao ang nakapakinig ng ebanghelyo. | 51% ng mga tao ang nakapakinig ng ebanghelyo. |
| Mas mababa sa 1% ng mga Protestante ang nakatira sa Africa, Asya, at Latin America. | 10% ng mga Protestante ay nakatira sa Africa, Asya, at Latin America. |
| 60 mga wika ay mayroong nakalimbag na Biblia. | 537 mga wika ay mayroong nakalimbag na Biblia. |
| * David B. Barrett, George T. Kurian, at Todd M. Johnson, *World Christian Encyclopedia*, 2nd edition (New York: Oxford University Press, 2009), 27-29 | |

### Ang Paglaganap ng Ebanghelyo – Ang Ebanghelyo ay Dumating sa Interyor ng Tsina

Ang mga Kristiyanong Persiano ay nakarating sa Tsina noong ika-7siglo. Ang Romano Katoliko na si Matteo Ricci ay nangaral sa mga opisyal ng gobyerno ng Tsina noong ika-17 siglo.

Noong 1807, si Robert Morrison ay naging unang misyonerong Protestante sa Tsina. At sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo, maraming organisasyon ang mayroong kanya-kanyang misyonero sa Tsina. Subalit, dahil nililimitahan ng patakaran ng gobyerno ang pagpasok ng mga dayuhan sa Interyor, ang mga misyon na ito ay matatagpuan lamang sa mga lugar na malapit sa baybayin. Noong ika-19 na siglo, labag sa batas ang mangaral ng ebanghelyo at mamigay ng mga babasahing Kristiyano sa Tsina. Ang mga banyaga ay hindi pinapahintulutan na matuto ng wikang Tsino.

Ang mga Protestante na matatas sa wikang Tsino ay naglingkod bilang mga tagapagsalin para sa mga opisyal ng pamahalaan at kalaunan ay nakaimpluwensya para sa pagsasagawa ng pagbabago sa patakaran ng pamahalaan. Si William Martin na isang Presbyterian na misyonero ay nakapaglagay ng isang sugnay o probisyon sa 1858 na Kasunduan sa Tianjin na nagpapahintulot sa mga misyonero na makapasok sa loob ng Tsina. Ito ang nagbukas ng pinto para sa China Inland Mission ni Hudson Taylor.

Si Hudson Taylor (1832-1905) ay isa sa mga nakilalang misyonero sa Tsina. Ang kanyang naging pananaw para sa loobang bahagi ng Tsina ay nangangailangan ng bagong pamamaraan sa pagmimisyon. Bagamat maraming ika-19 na siglo na mga misyonero noon ang nag-akala na "ang Kristyanismo ay katumbas ng Kanlurang kultura," ipinakita ni Taylor

na ang ebanghelyo ay hindi nakatali sa mga kultural na ekspektasyon. Ang respeto niya para sa tradisyong Tsino ang nag-alis ng mga hadlang sa ebanghelyo.

Sa kanyang unang taon sa Tsina, si Taylor at ang kanyang kasama, si Joseph Edkins, ay naglakbay sakay ng bangka sa tabi ng Ilog Huangpu habang namimigay ng mga Biblia at babasahin. Di nagtagal, ang lungsod ng Ningbo ay ginawa ni Taylor na kanyang punong-tanggapan upang abutin ang mga looban ng Tsina.

Nang maunawaan niya ang lawak ng gawaing kakaharapin niya, nagpasiya si Taylor na kumuha ng 24 na mga misyonero, dalawa para sa bawat probinsiya ng Tsina at Mongolia. Sa kanyang aklat na *China: Its Spiritual Need and Claims,* itinanong ni Taylor, "Maaari bang maupo na lang ng tahimik ang mga Kristiyano sa Inglatera habang ang karamihang ito ay napapahamak ng dahil sa kakulangan ng kaalaman?...Nananatili tayo sa isang bahay na kasama ang isang tupa, at walang pakialam sa 99 na mapapahamak!"

Sa panahon na sinimulan ni Taylor ang kanyang pagsusumikap, mayroong kabuuang 90 na misyonerong Protestante sa buong Tsina. Sa kanyang pagkamatay noong 1905, ang China Inland Mission lamang ang mayroong 205 na mga estasyon na pinangangasiwaan ng 849 na mga misyonero. Mahigit 125,000 na mga Kristiyanong Tsino ang nauugnay sa misyon.

Anim na prinsipyo ang natuklasan ni Taylor para sa China Inland Mission:

1. Ang misyon ay dapat na hindi denominasyunal.
2. Walang garantiya ng pasahod.
3. Walang gagawin na paghingi ng pondo (ito ay "misyon ng pananampalataya").
4. Ang mga gawain ay pamumunuan ng mga pinuno sa Tsina.
5. Ang organisasyon ay hahayo sa mga loobang bahagi ng Tsina.
6. Ang mga misyonero ay magdadamit ng mg kasuotang Tsino at mananambahan sa gusali ng mga Tsino.

Bagamat ang mga prinsipyong ito ay hindi laging magagamit sa bawat organisasyon ng pagmimisyon, nagpapakita naman ang mga ito ng sigasig ni Taylor para sa isang pambansang simbahan; sa halip na isang banyagang simbahan. At dahilan sa ganitong pamamaraan, ang mga naibunga ng China Inland Mission ay nagpatuloy pa rin kahit na noong pinalayas ng rebolusyong Komunista ang lahat ng mga misyonero noong 1951.

Marahil ang pinakamalaking pagbabago na nagawa ni Taylor ay hinggil sa kanyang pagkukusa na ihiwalay ang ebanghelyo mula sa kinagawiang kultura ng mga taga-Kanluran. Naniniwala siya na ang isang misyonero ay dapat na makibagay sa lahat ng tao, upang sa anumang pamamaraan ay maakay niya ang iba sa kaligtasan (1 Corinto 9:22). Ang pagdadamit na Tsino at pagtitirintas ng buhok ang nagsilbing sagisag ng kusang-loob na pakikibagay ni Taylor sa batayang pag-uugali ng mga Tsino, hangga't ang mga ito ay hindi naman sumasalungat sa mga prinsipyong Kristiyano.

Ang pagsisikap na makapagbahagi ng ebanghelyo sa Tsina ay humarap sa napakaraming mga hamon. Noong 1900, ang Boxer Rebellion ay may pinatay ang 136 na matatandang

misyonero, 53 na mga anak ng mga misyonero, at halos 50,000 na mga Kristiyanong Tsino. Noong 1926, halos 8,000 mga misyonero ang tumakas dulot ng magulong panahon ng Northern Expedition. At noong 1953, lahat ng mga misyonero ay sapilitang pinalayas ng Komunistang Rebolusyon. Gayunpaman, ang mga binhing itinanim ng mga misyonero ay nagpatuloy na lumago. At noong ang mga taga-Kanluran ay bumalik sa Tsina noong 1980s, natuklasan nila ang mga lumalagong mga kabahayang simbahan, na may sigasig sa pagbabahagi ng ebanghelyo, at may mga dakilang kwento ng revival sa kasaysayan ng Kristiyanismo.

| **Ang Paglago ng Simbahang Tsino*** | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Taon | Dami | Taon | Dami | Taon | Dami |
| Mga Protestanteng Misyonero | | | | | |
| 1807 | 1 | 1930 | 6,346 | 1951 | 0 |
| Populasyon ng Tsina | | | | | |
| 1812 | 362 milyon | 1949 | 450 milyon | 1996 | 1.2 bilyon |
| Nabautismuhang Protestante | | | | | |
| 1834 | 10 | 1934 | 500,000 | 1996 | 33 milyon |
| Mga Protestante kada Tsino | | | | | |
| 1850 | 1 sa 1 milyon | 1952 | 1 sa 1,000 | 1996 | 1 sa 36 |
| * Istatistika mula kay Tony Lambert, OMF International. | | | | | |

## Ebanghelikal na Revival sa Amerika

Sa Aralin 3, napag-aralan natin ang Great Awakening sa Amerika. Subalit ang epekto ng revival na ito ay unti-unting kumupas noong panahon ng Rebolusyong Amerikano. Ang mga kahirapan na dulot ng digmaan at ang paglaganap ng mga ideya ng Enlightenment sa mga kabataan ay naghatid ng espirituwal na pagbulusok. At sa pagtatapos ng ika-18 siglo, may ilang mga kolehiyo na nag-ulat na wala silang matagpuang Kristiyano sa kanilang mga estudyante.

Ang paglawak ng kanlurang hangganan ng Amerika ay nakadagdag rin sa mga hamon na kinaharap ng simbahan. Sa pagitan ng 1792 at 1821, siyam na estado ang naidagdag sa orhinal na 13 na kolonya. At noong 1850, kalahati sa bilang ng mga Amerikano ay nanirahan sa kanluran na kung saan ay kakaunti lamang ang bilang ng mga simbahan at mga pastor. Ang mga pangunahing denominasyon na naroroon ay hindi nakasabay sa pagdami ng populasyon. Ang mga taong nasanay mabuhay sa primitibo o sinaunang kabihasnan ay walang interes sa relihiyon. Ang kanilang lakas ay nakatuon lamang sa mahirap na

kalagayan ng kanilang buhay; at kapag sila ay walang trabaho, ang kanilang hinahanap ay kasiyahan, hindi ang pananambahan sa loob ng simbahan.

Ito ang kalagayan sa pagtatapos ng ika-18 siglo. Ayon kay Rodney Stark, may 17%lamang ng mga Amerikano ang aktibong Kristiyano noong panahon ng Rebolusyong Amerikano. Gayunpaman, noong ika-19 na siglo, ang mga sunod-sunod na gawain ng revival ang siyang nagpanumbalik sa batang bansa na ito pabalik sa ebanghelyo. At sa pagtatapos ng ika-19 na siglo, 50% ng mga Amerikano ay naging aktibong mga Kristiyano.

**Ang Gawain ng mga Methodist sa Amerika**

Sa Amerika, pinamunuan ni Francis Asbury ang Simbahang Methodist gaya ng pamumuno ng mga Wesley sa gawain ng Methodist sa Inglatera. Siya ay ipinanganak noong 1745 sa Staffordshire, Inglatera. Si Asbury ay naging mangangaral na Methodist sa edad na 18 at hinirang ni John Wesley na maging manlalakbay na mangangaral sa edad na 22.

Noong 1771, sa edad na 26, si Asbury ay tumugon sa panawagan ni John Wesley hinggil sa mga magboboluntaryong mangaral sa Amerika. Matapos ito, ginugol niya ang mga sumunod na 45 na taon sa Amerika. At nang sumiklab ang Rebolusyon, sina Asbury at James Dempster lamang ang mga British na Methodist na nanatili at nangangaral sa Amerika.

Sa loob ng kanyang 45-taon na pagmiministeryo, si Asbury ay nakapaglakbay ng higit 300,000 na milya na nakasakay sa kabayo at karwahe, kahit na madalas siyang nagkakasakit. Siya ay nangaral ng mahigit 16,000 na beses. May ilang mga mananalaysay na naniniwala na si Francis Asbury ang pinaka kilalang mukha sa Amerika – higit siyang kilala ng mga tao kaysa kay Pangulong George Washington. Siya ay kilalang-kilala na anupa’t ang mga liham na may katagang, “Bishop Asbury, Estados Unidos ng Amerika” ay inihahatid sa kanya.

Nang si Asbury ay dumating sa Philadelphia, mayroong humigit-kumulang na 600 Methodist sa buong kolonya ng Amerika. At nang siya ay namatay, mayroon ng 200,000 na Methodist sa Amerika, na pinaglilingkuran ng 4,000 na Methodist na mga mangangaral.

Si Asbury ay may pasyon para sa ebanghelismo. Noong ika-18 na siglo, karamihan sa mga Amerikano ay naninirahan sa labas ng mga lungsod kung saan marami ng mga simbahan. Si Asbury ay nagtanim ng mga simbahan sa mga rural na lugar at nagtalaga ng mga manlalakbay na mga mangangaral (tinaguriang circuit riders) na naglalakbay mula sa isang simbahan tungo sa isang simbahan sa bawat distrito. Ang mga circuit riders na ito ang naghatid ng ebanghelyo sa mga bagong teritoryo sa Kanluran.

Si Asbury ay nagkaroon rin ng pasyon para panlipunang epekto ng ebanghelyo. Sinimulan niya ang Sunday School para makapag-aral ang mga mahihirap; nilabanan niya rin ang pang-aalipin; at nilabanan ang alkoholismo sa mga taong nasa frontier. Utang na loob ng Methodismo sa Amerika ang kanyang kapanganakan sa mangangaral na ito na nagbigay ng kanyang buhay para sa pagpapalaganap ng ebanghelyo.

## Ang Ikalawang Great Awakening

Sa simula ng unang bahagi ng 1790s, isang diwa ng revival ang lumaganap sa sa buong bansa bilang tugon sa mga naglalakihang mga pagtitipon na nananalangin para sa espirituwal na pagbangon. Ang mga simbahan sa silangan ay nagsimulang makaranas ng revival, na sinundan ng mga revival sa mga kampus at ilan pang mga kilalang kolehiyo.

Mula sa silangan, lumaganap ang revival tungo sa mga teritoryo sa kanluran. Gaya ng Wesleyan revival na umabot sa mga minero sa Bristol, Inglatera, ang revival na ito ay umabot rin sa mga populasyong hindi edukado. Di tulad ng mga edukadong Wesley sa Oxford na nangaral sa Bristol, ang pangangaral sa revival na ito ay isinakatuparan ng mga mangangaral na may kakaunti lamang ng pagsasanay sa ministeryo. Iilan lamang na mga kilalang lider ang may kaugnayan sa Ikalawang Great Awakening; sa halip, ang revival na ito ay karaniwang pinangunahan ng mga lokal na pastor.

Si James McGready, isang Presbyterian na ministro, ay isa sa mga unang nangaral ng revival na mensahe sa kanluran. Matapos na siya ay palayasin sa North Carolina ng dahil sa kanyang maalab na pangangaral, nanirahan si McGready sa Kentucy. Noong 1800, ang mga tao ay naglalakbay ng hanggang 100 milya ang layo upang dumalo sa magkakasunod na serbisyo ng pangangaral sa Gaspar River, Kentucky. Ang kaganapan na iyon ay tinawag na pagtitipon sa kampo sapagkat ang mga tao ay dumarating at gumugugol ng ilang araw sa mga tolda o iba pang pansamantalang tirahan.

Pagkatapos nito, noong 1801, mahigit 20,000 mga tao (10% na populasyon ng Kentucky) ang dumalo sa pagtitipon sa kampo sa Cane Ridge, Kentucky. At dahil walang gusali na pwedeng humawak sa napakaraming tao, gumawa sila ng mga entablado sa labas at limang mangangaral ang sabay-sabay na nangangaral sa iba't ibang bahagi ng napakalaking pagtitipon na iyon.

Ang mga Epekto ng Ikalawang Great Awakening ay kinabibilangan ng:[25]

1. Ang mga kolehiyo ay nagkaroon ng magandang pagbabago.
2. Sampu-sampung libong mga bagong miyembro ang naidaragdag sa mga ebanghelikal na mga denominasyon.
3. Ang pagtitipon para manalangin tuwing Miyerkules at pagkakaroon ng Sunday school ay naging pangkaraniwan.
4. May mga bagong naitatag na kolehiyo at seminaryo upang magsanay ng mga magiging ministro.

[25] Ang impormasyon ay mula kay Howard F. Vos, *An Introduction to Church History* (Chicago: Moody Press, 1984), 138-139.

5. Ang Amerika ay nagkaroon ng pagbibigay pansin sa misyon na katulad ng sa Inglatera.

Ang revival ay nagkaroon rin ng mga pangmatagalang epekto sa lipunan. Noong ika-19 na siglo, binuo ng mga Amerikanong ebanghelikal ang American Bible Society upang mamahagi ng mga Biblia, ang American Temperance Union upang labanan ang abuso sa alkohol, ang Home Missionary Society upang mangaral ng ebanghelyo sa mga teritoryo sa kanluran, at mga ministeryong naghahatid ng reporma sa mga bilangguan at pangangalaga sa mga may kapansanan.

Ang mga tagapagturo ng kabanalan noong ika-19 na siglo, partikular sina Charles Finney, Asa Mahan, at Phoebe Palmer ay naniniwala na ang Banal na Espiritu ay maaaring magbigay ng tagumpay hindi lamang sa laban sa personal na kasalanan, kundi pati na rin sa mga kasalanan ng lipunan. Ang mga taong ito ay hindi lamang nangaral ng espirituwal na tagumpay at banal na pamumuhay, kundi hinangad nilang i-reporma ang lipunang Amerikano sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ebanghelyo.

**Mga Sumunod na Ebanghelistikong Gawain**

Ilang taon matapos ang Ikalawang Great Awakening, nagsimulang mangaral si **Charles G. Finney** (1792-1875) sa New York. Halos 1,000 mga tao ang naakay niya sa pananampalataya sa Rochester, New York noong 1830. May ibang mga bahagi naman sa bansa na nag-ulat ng revival, na kung saan halos 100,000 mga tao ang naging mga bagong mananampalataya.

Bagamat si Finney ay naordinahan na Presbyterian, hindi siya naniniwala sa doktrina ng Calvinist tungkol sa limitadong pagtubos. Siya ay nangaral tungkol sa posibilidad ng pagkakaroon ng isang dalisay na puso at buhay na malaya sa pagnanasa ng kasalanan. Dagdag sa kanyang ebanghelistikong mga pagsusumikap, siya ay nagsulat rin ng isang systematic thelogy at naglingkod bilang pangulo ng Oberlin College.

> "Akala ng marami ay patatawarin sila ng biyaya kung hindi sila maililigtas nito mula sa kasalanan…Ngunit huwag umasa ang sinuman na maliligtas sila mula sa impyerno, liban na iligtas sila ng biyaya mula sa kasalanan."
>
> - Charles G. Finney

Mula 1858-1859, ang tinaguriang **Laymen's Revival** ay lumaganap sa buong bansa. Ang revival na ito ay nagsimula sa Canada at pinangunahan ng mga negosyanteng nagtitipon-tipon para manalangin sa oras ng kanilang pananghalian. Tinatayang nagkaroon ng 1,000,000 mga bagong kristiyano sa Amerika sa loob ng dalawang taon, at kasama na rito ang 100,000 na mga alipin. At mula sa Estados Unidos, ang revival ay lumaganap rin sa British Isles, na kung saan panibagong 1,000,000 mga tao ang nagpahayag ng kanilang pagbabalik-loob sa Diyos.

Kasunod sa Digmaang Sibil sa Estados Unidos, narito naman si **D.L. Moody** at ang kanyang kasama na si **Ira Sankey** na nanguna ng kanilang ebanghelistikong mga gawain sa mga pangunahing lungsod. Dahil maraming tao ang lumipat sa mga lungsod at walang

kinabibilangang lokal na simbahan, dinala sa kanila ni Moody ang ebanghelyo at hindi lang nangaral sa mga lokal na gusali ng simbahan – gaya ng ginawa nina Wesley at Whitefield sa Bristol. Sa kanyang paglalakbay sa London, nangaral siya sa mahigit 2,500,000 na mga tao.

> "Ang epektibong sanhi ng lahat ng tunay na revival ay ang nagbibigay-buhay, nagbabagong-buhay, at nagpapabanal na kapangyarihan ng Banal na Espiritu – na pinupukaw ang matigas na puso ng makasalanan at pinanunumbalik ang mga mananampalatayang nahulog sa kasalanan."
>
> - Halaw kay J. Wilbur Chapman

Mula 1905-1910, ang isang **Welsh Revival** na nagsimula sa ilalim ng ministeryo ng isang minero ng karbon na si Evan Roberts ay naghatid ng impluwensya sa iba't ibang panig ng mundo. Sa Amerika, ang Unibersidad ng Baylor at Kolehiyo ng Asbury ay nag-ulat ng revival. Sa Indonesia, nagkaroon ng tinaguriang pitong-taong "Great Repentance" na kung saan nagkaroon ng 200,000 mga bagong kristiyano. Sa India, isang misyonero na nagngangalang John Hyde, na nakilala sa bansag na "Praying Hyde," ay nanguna sa pagkakaroon ng mga pagpupulong sa panalangin na nagbunga ng malawakang pagbabalik-loob mula sa taong-bayan. Noong 1907 ay nagkaroon ng "Korean Pentecost" na sinundan ng ilang linggong pananalangin para sa revival. Si Rees Howells ay nagsimula naman ng "Bible College of South Wales" na nagsusugo ng mga manggagawa sa iba't ibang panig ng Afrika. At sa Latin Amerika, ang mga ebanghelikal na simbahan ay tatlong ulit na dumami mula sa 132,000 mga miyembro noong 1903 tungo sa 369,000 noong 1910.

### Konklusyon: Ang Kasaysayan ng Iglesia ay Nangungusap Ngayon

Maraming mga mananalaysay ang pumupuna sa mga pagkakamaling nagawa ng ika-19 na siglo na revival at mga misyonerong gawain.

Ang ika-19 na siglong mga misyonero ay nagkamali sa kanilang mga pag-iisip at pamamaraan. Gayunpaman, ang kanilang mga misyonerong gawain ay nakapag-ambag ng malaki sa kaharian ng Diyos. Daan-daang misyonero ang nagbuwis ng kanilang buhay upang ipalaganap ang ebanghelyo. At bunga ng kanilang mga gawain, ang mga simbahan sa buong daigdig sa pagtatapos ng ika-19 na siglo ay mas lalo pang lumakas kaysa sa simula ng siglo.

Ang mga bansa sa iba't ibang panig ng mundo ay nakinabang sa panlipunang impluwensya na ginawa ng mga misyonero. Sa isang pag-aaral na inilathala sa *The American Political Science Review,* ipinakita ni Robert Woodberry na ang mga Protestanteng misyonero ay may mas higit na impluwensya sa pag-usbong ng demokrasya sa mga di-Kanluranin na bansa kumpara sa anumang pulitikal na gawain. Natuklasan ni Woodberry na "kapag marami ang bilang ng mga Protestanteng misyonero sa bawat lokal na populasyon noong

1923, mas mataas rin ang posibilidad na ang isang bansa ay magkaroon ng isang matatag na demokrasya."[26]

Ang kapangyarihan ng ebanghelyo ay patuloy na bumabago ng mga indibidwal, mga komunidad, at mga bansa. Ang mensahe ng ebanghelyo, hindi ang mensahero ang siyang "kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya" (Roma 1:16).

## Aralin 4, Mga Takdang Aralin

(1) Noong 1800, nagsimulang tumingin ang mga mananampalataya ng labas sa kanilang mga sariling simbahan at grupo at sinimulang tanawin ang mga pangangailangan ng mundong nakapaligid sa kanila. Ano ang mga pangangailangang nakikita mo sa mga taong nakapaligid sa iyo? Paanong ang iyong simbahan ay tutugon sa mga pangangailangang iyon? Magsulat ng 5-6 na talata tungkol sa kung paano dapat gumawa ng pagbabago ang mga lokal na mananampalataya sa mundong nakapaligid sa kanila. Maglagay ng mga sumusuportang talata sa Biblia.

(2) May ilang nagsasabi na, "Ang misyon ng simbahan ay ang ipangaral ang ebanghelyo. Hindi tayo dapat makialam sa mga suliraning panlipunan at ekonomiya." Sa 3-4 na talata, magbigay ka ng biblikal na tugon. Ipaliwanag kung bakit ang dalawang tauhan na ibinigay sa araling ito ay nagbibigay ng mabuting halimbawa at tugon.

(3) Maghanda ng buod na talambuhay ng mga sumusunod ng Kristiyanong pinuno: Samuel Ajayi Crowther, Charles Finney, o D.L. Moody. Ang iyong buod ay dapat na naglalaman ng apat na bahagi:

- Talambuhay: Kailan siya nabuhay? Saan siya tumira? Kailan at saan siya namatay?
- Kaganapan: Ano ang mga mahahalagang kaganapan sa kanyang buhay?
- Impluwensya: Ano ang kanyang naging pangmatagalang impluwensya sa simbahang Kristiyano?
- Aplikasyon: Ano ang isang aral para sa simbahan ngayon na matututuhan mula sa pinuno na ito?

May dalawa kang pagpipilian sa pag-presenta ng buod na ito:

- Magpasa ka ng 2 pahina ng sanaysay sa tagapamuno ng inyong klase.
- Magbigay ng 3-5 minuto na presentasyon sa inyong klase.

[26] Robert D. Woodberry, "The Missionary Roots of Liberal Democracy," *American Political Science Review Volume 106, Number 2, May 2012*

# Aralin 5
# Ang Paghahangad sa Kabanalan
# A.D. 1835 – Kasalukuyan

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Unawain ang mga salik na humantong sa pagkawala ng pansin sa kabanalan sa gawain ng Methodist noong ika-19 na siglo.

(2) Tangkilikin ang nangyaring pagkagutom sa kabanalan na nagbigay inspirasyon sa ika-19 na siglo na mga denominasyon na nagbibigay diin sa kabanalan.

(3) Kilalanin ang kahalagahan ng mga pagtitipong kampo sa paglaganap ng mensahe ng kabanalan.

(4) Magkaroon ng kamalayan sa mga panganib na maaaring maging sanhi ng panlalamig ng ating sigasig para sa kabanalan ng mga simbahan ngayon.

(5) Pagmasdan ang pagsilang at paglago ng Salvation Army

(6) Unawain na ang paghahangad sa kabanalan ay may sangkap na pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa kapwa.

## Pambungad

Isa sa mga pangunahing paniniwala ni John Wesley ay ang pagbibigay diin sa ganap na kabanalan.[27] Ipinangaral ni Wesley na sa pamamagitan ng pagsuko sa Diyos at pananalig sa kanyang mga pangako, ang isang mananampalataya ay maaaring magkaroon ng dalisay na puso. Ipinangaral niya na ang utos ni Jesus sa Mateo 5:48 ay nagpapahiwatig ng isang pangako na matatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya. At sa pamamagitan ng ebanghelistikong pagsusumikap ng mga Wesley at ng mga mangangaral na Methodist, ang mensaheng ito ay naging maimpluwensya sa mundo.

Matapos ang pagkamatay ni Francis Asbury noong 1816, ang Methodismo ay nagsimulang magbago. Ang pagbabago ay hindi pa masyadong halata sa umpisa, subalit paglaon ay hindi na nabibigyang diin ng mga simbahang Methodist ang doktrina ng ganap na kabanalan. Bagamat hindi itinatanggi ng Methodismo ang doktrina ng Christian Perfection, iilang pastor lamang ang nangangaral nito, at iilang layman ang nagpapamuhay.

---

[27] Ang materyal sa araling ito ay binuo ni Reverend Robert Booth, editor ng *God's Missionary Standard.*

Apat na salik ang nagbunsod sa ika-19 na siglo na Methodist na manghina ang pansin sa doktrina ng ganap na kabanalan at sa buhay na itinalaga sa pagpapakabanal. Ang mga isyu na humadlang sa mensahe ng kabanalan ay kinabibilangan ng:

1. **Tagumpay sa pananalapi.** Sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo, maraming mga Methodist ang naging kumportable sa pananalapi. Namuhay sila na parang hindi na kailangan pang umasa ng lubusan sa Diyos.
2. **Pagiging Kagalang-galang.** Ang mga Methodist na simbahan ay naghangad ng mataas na katatayuan sa lipunan. Pinigilan nila ang kapahayagan ng damdamin at ninais na magmukhang marangal sa mata ng komunidad.
3. **Akademikong pagsalakay sa pananampalataya.** Noong ika-19 na siglo, maraming mga pastor at iskolar na Methodist ang naimpluwensyahan ng mga German na iskolar na tumatanggi sa tumpak na katangian at awtoridad ng Biblia.
4. **Pagkawala ng pangitain.** Habang hinaharap ng mga Methodist ang mga panloob na isyu, nawalan na sila ng malinaw na layunin para sa organisasyon. Tila walang sinuman ang naghangad na magbigay ng adhikain para sa magiging kinabukasan ng Methodismo.

Dagdag sa isyung ito, ang Amerika ay dumaranas ng digmaang-sibil. Ang mga estado ay hati-hati sa maraming mga isyu, kabilang na rito ang karapatan ng mga estado at kung ang mga indibidwal ba ay dapat pahintulutan na magkaron ng mga sariling alipin. Ang Methodist Episcopal Church ay nahati sa mga isyung ito; at noong 1844, ang denominasyon ay nahati na sa mga magkakahiwalay na simbahan, sa hilaga at timog.

Sa kabila ng ganitong mga problema, ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos pa rin sa puso ng mga kalalakihan at mga kababaihan, gaya ng lagi niyang ginagawa. At mula sa pagkilos na ito ng Diyos, ang apoy ng Holiness Movement ay muling nag-alab. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang paghahangad sa kabanalan ng mga taong patuloy na nagugutom para sa isang dalisay na puso, sa kabila ng mga hamon kinaharap ng denominasyong Methodist.

► Talakayin ang apat na dahilang naitala para sa pagbaba ng pagpapahalaga sa doktrina ng buong pagpapakabanal at sa buhay ng kabanalan ng ika-19 na siglo na mga Methodist. Itanong:

- Alin sa mga isyung ito ang makikita sa iyong lipunan?
- Paano naaapektuhan ng mga isyung ito ang simbahan at ang pagbibigay-diin nito sa buhay kabanalan?
- Anong iba pang mga isyu sa iyong lipunan ang posibleng maging hadlang sa paghahangad ng simbahan sa kabanalan?

## Ang Paglaganap ng Mensahe ng Kabanalan sa Amerika (1835-1858)

### Mga Sinaunang Paglulunsad

Noong Mayo 21, 1835, sa New York City, si Sarah Lankford ay nagpatotoo tungkol sa dalisay na puso. Nag-i-isponsor si Lankford ng mga pagpupulong sa panalangin sa dalawang simbahan ng Methodist sa New York. At noong Agosto 1835, inilipat niya ang mga pagpupulong sa panalangin na ito sa isang silid doon sa kanyang sariling bahay.


Ang mga pagpupulong na ito sa panalangin ay naging kilala bilang Pagpupulong ng Martes na nagbibigay pansin sa Pagsusulong ng Kabanalan sa Lungsod ng New York. Habang dumadalo sa mga pulong na ito, ang kapatid ni Sarah na si Phoebe Palmer ay nagpatotoo noong 1837 tungkol sa kanyang naranasang buong pagpapabanal.

Si Phoebe Palmer at ang kanyang asawa na si Walter, isang medikal doktor, ang kapagdaka'y mamumuno sa daang-daang tao na nagugutom sa buhay ng kabanalan. Ang mga Pagpupulong ng Martes ang siyang magiging pangunahing inspirasyon para sa paglaganap ng mensahe ng kabanalan sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo.

Noong Hulyo 1839, nagsimulang maglathala si Rev. Timothy Merritt ng isang magasina na pinamagatang *Guide to Christian Perfection*. Sa pangunahing editoryal, binalangkas ni Merritt ang layunin para sa magasin. Tanong niya, "Ano ang Dapat Gawin para Mapanumbalik ang Gawain ng Kabanalan sa Simbahan?"

Ang *Guide to Christian Perfection* ay isang mahalagang publikasyon sa pagpapalaganap ng mensahe ng kabanalan sa buong Estados Unidos. Sa buwanang peryodiko nito, isinama ni Merritt ang mga patotoo tungkol sa turo ng ganap na kabanalan, humikayat ng mga panauhing manunulat na sumulat tungkol sa mensahe ng kabanalan, at nag-anunsyo ng mga lugar na pagdarausan ng mga gawaing nagbibigay diin sa kabanalan. Ang magasin ay tungkol sa kabanalan upang ipalaganap ang mensahe ng kabanalan.

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Ninyong Makilala: Phoebe Palmer (1807-1874)



Si Phoebe Palmer[28] ang siyang kumatawan sa ilang mga pumatok sa ika-19 na siglo ng ebanghelikalismo: pagdami ng pagkakataon para sa mga kababaihan sa ministeryo, ang pagbibigay diin ng Methodist sa Kristiyanong kabanalan, sigasig sa pagbabahagi ng ebanghelyo, at malasakit sa mga pangangailangan ng lipunan.

Bagamat ang mga Pagpupulong ng Martes para sa pagsusulong ng kabanalan ay sinimulan para sa mga kababaihan, dumating ang panahon na nakidalo na rin dito ang mga kalalakihan. Aabot sa 300 na mga tao ang

[28] Imahe: "Mrs. Phoebe Palmer", The Life and letters of Mrs. Phoebe Palmer (1881), hango mula sa https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Mrs._Phoebe_Palmer.jpg, para sa publiko.

dumadalo sa bawat sesyon. At marami sa mga ministro ng Methodist ang nagpatotoo tungkol sa karanasan nila sa ganap na kabanalan.

Noong 1842, inilathala ni Palmer ang *The Way of Holiness*, na nagbibigay diin sa karanasan sa biyaya na dapat mangyari sa ilang sandali matapos ang pagbabalik-loob. Nagsimula rin siyang maglingkod bilang editor ng isang peryudikal, ang *Guide to Holiness*, na inilathala ng kanyang asawa si Walter Palmer. Nangaral rin siya ng mga revival at nagsagawa ng mga kampanya sa Estados Unidos at sa Great Britain. Tinatayang 25,000 na mga tao ang naakay sa pananampalataya sa ilalim ng kanyang ministeryo.

Bagamat si Palmer ay higit na naaalala sa kanyang mga katuruan ng kabanalan, mayroon rin siyang pasyon para sa ebanghelistikong mga gawain at pag-abot sa lipunan. Bukod sa iba pang bagay, si Phoebe Palmer:

- Tumulong sa pagpapasimula ng Five Points Mission, ang unang permanenteng misyon sa mga loobang-lungsod ng Amerika.
- Gumawa ng ministeryo sa mga bilangguan.
- Isang nangungunang tagasuporta ng unang misyon ng Methodist sa Tsina.
- Nagtangkang magtatag ng misyon sa Palestina.
- Nag-organisa ng Ladies Christian Association, bago lumabas ang YMCA.

Naimpluwensiyahan ni Palmer ang iba pang mga repormista ng lipunan na gaya nina William at Catherine Booth. Sa pamamagitan ng impluwensya ni Palmer ay nagsimulang mangaral si Catherine Booth kasama si William. Sa kanyang aklat na, *The Promise of the Father*, nangatuwiran si Phoebe Palmer na ang mga babae ay dapat na kabilang sa ministeryo na kasama ng mga lalaki. Ang aklat na ito, gayundin ang mga pakikipag-usap kay Phoebe Palmer, ang umimpluwensya kay Catherine Booth na pumasok sa publikong ministeryo.

Naniniwala ang mga tagapagturo ng kabanalan na ang mensahe ng ganap na kabanalan ay nagpapasigla ng pagbabahagi ng ebanghelyo at paglilingkod sa mga nangangailangan. Naniniwala sila na ang taong may ganap na pag-ibig ay nagiging sensitibo sa lahat ng aspeto ng pangangailangan ng tao.

## Ang Paglaganap ng Mensahe ng Kabanalan sa Amerika (1835-1858) (Pagpapatuloy)

### Pagkakabuo ng Simbahang Wesleyan Methodist

Noong 1833, si Orange Scott, isang ebanghelistang Methodist at pastor, ay nakadama na tila binabalewala ng simbahan ang kasalanan ng mga Amerikano hinggil sa pang-aalipin. Napagtanto ni Scott na bagamat ang nagtatag ng Methodismo na si John Wesley ay isang masigasig na kalaban ng pang-aalipin, ang simbahan ng Methodist ay nagkompromiso na sa bagay na ito.

Si Scott ay nagsimulang magbasa tungkol sa mga gawain ng abolisyon. Bumili siya ng mga babasahin sa *Liberator*, isang abolisyonistang pahayagan na ang patnugot ay si William

Lloyd Garrison, at ipinamahagi ang mga ito sa 100 Methodist na pastor sa New England. May ibang mga pastor na nakiisa kay Scott sa kanyang puna laban sa simbahang Methodist tungkol sa isyu ng pang-aalipin. Di-nagtagal, ang mga obispo ng Simbahang Methodist ay nagbigay sa kanya ng pagpipilian – maaari niyang labanan ang pang-aalipin o maaari siyang magpatuloy bilang isang Methodist elder; ngunit hindi niya magawang pagsabayin ang dalawa.

Naging kumbinsado si Orange Scott na ang mga banal na puso ay dapat na makita sa banal na mga buhay at ang mga banal na tao ay dapat na maghangad na wakasan ang mga kasamaan sa lipunan. At noong Nobyembre 8, 1842, siya at ang dalawa pang ministro ay umalis mula sa Simbahang Methodist Episcopal.

Sa sumunod na ilang taon, inilathala ni Scott ang isang peryodiko na tinatawag na, *The True Wesleyan*. At noong Mayo 31, 1843, pinangunahan ni Scott ang isang kombensiyon na nagtipon sa Utica, New York, upang magtatag ng bagong denominasyon na tinatawag na Wesleyan Methodist Connection.

Si Scott ay namatay noong 1847 sa edad na 47. Ang kanyang huling habilin ay, "Hayaan natin na ang lahat ng ating ministeryo at mga tao ay magsumikap sa pagkakaisa sa Espiritu, sa bigkis ng kaganapan at walang anumang kinatatakutan."

### Pagkakabuo ng Simbahang Free Methodist

Lumaki ang salungatan sa Simbahang Methodist sa pagitan noong 1835 at 1858 ng dahil sa isyu ng kabanalan. Hanggang 1858, halos lahat ng mga pagsusumikap ay nakatuon sa pagrereporma ng simbahang Methodist. Ngunit noong 1859, ang pokus ay nag-iba.

Si Rev. Benjamin Titus Roberts ay isang kilalang pastor sa simbahang Methodist. Siya at ang iba pa ay nagsimulang magprotesta sa tinatawag nilang "New School Methodist." Nababahala sila tungkol sa ilang mga kaganapan sa Simbahang Methodist:

- Ang pagkahumaling na tanggihan ang kahalagahan ng ganap na kabanalan. Maraming mga pastor na Methodist ang naniniwala na ang pagpapawalang-sala at ganap na kabanalan ay isang sabay na karanasan.

- Ang pagnanais na magkaroon ng madetalyeng mga simbahan at pormal na pananambahan, sa halip na ang maging simple lang gaya ng mga naunang Methodist.

- Ang karangalan ng tagumpay sa pananalapi. Ang pagpapaupa ng mga upuan sa mga miyembro ng simbahan ay nagbigay sa mga mayayaman ng marangyang lugar, subalit ang mga mahihirap ay nalagay sa mga upuan na nagpapakilalang sila'y mahirap lamang.

- Ang pagtanggi na komprontahin ang kasalanan ng pang-aalipin.

Bilang tugon sa mga isyu na ito, ang Free Methodist Church ay naorganisa noong 1860 sa Pekin, New York. Ilan sa kanilang mga pangunahing paniniwala ay:

1. **Kalayaan mula sa kasalanan.** Naniniwala sila at nagtuturo ng kabanalan at di-pakikiayon sa takbo ng sanlibutan.
2. **Kalayaan mula sa pang-aalipin.** Naniniwala sila na bawat tao ay dapat na tratuhin na kapantay; walang sinuman ang dapat na alipinin.
3. **Kalayaan mula sa mga lihim na samahan.** Hindi nila pinahintulutan ang kanilang mga miyembro na makibahagi sa mga malihim na samahan na gaya ng Masonic Lodge.
4. **Kalayaan mula sa pulitikal na kapangyarihan ng simbahan.** Naniniwala sila na ang simbahang Methodist ay lumimot na sa kanyang pinagmulan at ngayon ay kumukontrol na sa pamamalakad ng mga simbahan.
5. **Kalayaan mula sa pormalidad ng pagsamba.** Sa paniniwalang hindi dapat na maging pormal ang pagsamba, na gaya ng nangyari sa simbahang Methodist, itinaguyod nila ang pagsamba na hindi nakabatay sa scripted na panambahan.

Ang limang paniniwala na ito ay nakaakit ng mga karaniwang tao, at ang Free Methodist Church ay lumaganap hindi lamang sa New York. Ang denominasyon na ito ay nag-ambag ng malaki sa paglaganap ng mensahe ng kabanalan.

### Ang Mensahe ng Kabanalan sa mga Peryudikal at mga Aklat

Dagdag sa mga maimpluwensyang peryudiko na gaya ng *Guide to Holiness* at *The True Wesleyan,* marami pang mga aklat tungkol sa kabanalan ang nailathala noong ika-19 na siglo. Sinulat ni Randolph Foster ang *Nature and Blessedness of Christian Purity* noong 1851. Paglipas ng limang taon, isinulat naman ni Jesse Peck ang *Central Idea of Christian Perfection.* Ang mga aklat na ito ay nagtuturo na bawat mananampalataya ay tinawag upang mamuhay ng banal.

Isang kongregasyunal na mangangaral at educator na nagngangalang Thomas Upham ang hinikayat ng kanyang asawa na dumalo sa Martes na Pagpupulong ni Phoebe Palmer sa New York City. Sa pamamagitan ng Martes na Pagpupulong, si Upham ay nakapagbigay ng patotoo tungkol sa malalim na pagtatalaga at nagsimulang magturo ng mensahe ng kabanalan. Nagsimula rin siyang magsulat ng mga artikulo sa *Guide to Holiness* ni Palmer.

Si Upham ay isang malalim mag-isip na nakakuha ng interes ng mga edukadong tao na interesado sa isang buhay na banal. Ang kanyang aklat na pinamagatang *Principles of the Interior or Hidden Life: Designed Particularly for the Consideration of Those Who Are Seeking Assurance of Faith and Perfect Love* ay mayroong malawak na pagtanggap.

Isa pang pastor na dumalo sa Martes na Pagpupulong ni Palmer ay ang Presbyterian na mangangaral na si William Boardman. Noong 1858, nagsulat siya ng libro na pinamagatang,

*The Higher Christian Life,* na batay sa kanyang mga personal na karanasan at paghahangad sa mataas na antas ng Kristyanismo. Si Boardman ay hindi isang iskolar, subalit ang aklat na ito ay nagustuhan ng mga karaniwang tao. Ito ay naging sikat sa buong Estados Unidos, Canada, at Inglatera.

Marami sa mga sinaunang manunulat sa peryudiko at aklat na nagbibigay diin sa kabanalan ng Kristyano ay direktang naimpluwensyahan ng Martes na Pagpupulong. Ang mga taong gaya nina Thomas Upham, Matthew Simpson, at John Inskip ay dumalo sa mga pagpupulong na ito at nakaranas ng pagkilos ng ganap na kabanalan. Dinala ng mga taong ito at ng iba pang tulad nila ang mensahe ng kabanalan sa kani-kanilang mga simbahan.

Noong 1850s, nagpasya ang mga Palmer na dalhin ang kanilang pagtuturo sa labas ng kanilang mga Martes na Pagpupulong patungo sa madlang tagapakinig. Dahil rito, sina William at Phoebe ay nagsimulang maglakbay bilang mga ebanghelista at nangaral tungkol sa kagandahan ng kabanalan at banal na pamumuhay sa mga pagtitipon na ginanap sa mga kampo at revival. Noong 1857, sila'y napunta sa Canada at nagsagawa ng mga sunod-sunod na gawain na tumulong sa pagpapalaganap ng mensahe ng kabanalan sa bansang iyon.

## Ang Paglaganap ng Mensahe ng Kabanalan sa Europa at Amerika

Noong 1861, sumiklab ang Digmaang Sibil sa Estados Unidos. Pinabagal nito ang paglaganap ng revival subalit hindi nito ito napahinto. Kaya sina Walter at Phoebe Palmer ay napunta at gumugol ng panahon sa Inglatera at Scotland. Ang mga aklat nina William Boardman at Thomas Upham ay mainit at malawakang tinanggap sa Inglatera. Ito ay naghanda ng daan para sa mga Palmer. Sa mga panahong ito, nakilala ni Phoebe Palmer sina William at Catherine Booth, ang mga tagapagtatag ng Salvation Army. Ang Salvation Army ay opisyal na inilunsad noong 1865 at kalaunan ay naging kilala sa buong mundo. Ayon kay William Booth, naniniwala siya sa doktrina at methodolohiya ng mga Wesley.

### Ang Holiness Revival noong 1867

Si John Inskip ay isang Methodist na pastor na nag-aral sa Dickinson College sa Pennsylvania. Kahit isa pa lang siyang mag-aaral sa Dickinson, interesado na si Inskip sa doktrina ng kabanalan, subalit naniniwala siya na marami sa mga naghananap ng ganap na kabanalan ay may kalituhan.

Noong 1864, ang asawa ni Inskip na si Martha ay dumalo sa pagtitipon sa kampo sa Sing Sing, New York. Dumalo siya roon na may partikular na interes na matugunan ang kanyang patuloy na espirituwal na pagkagutom. Sa pagtitipon sa kampo, naranasan niya ang biyaya ng ganap na kabanalan. Umuwi siya at sinabi ito sa kanyang asawa. Pagkaraan ng siyam na araw, habang nangangaral ng isang sermon tungkol sa kabanalan, si John mismo ay nakaranas ng pagpapabanal.

Di-nagtagal pagkatapos nito, dumalo rin si Inskip sa Martes na Pagpupulong para sa pagsusulong ng kabanalan at inanyayahan ang mga Palmer na magdaos ng mga espesyal na pagtitipon sa kanyang simbahan upang ituro at ipangaral ang kabanalan.

Noong 1866, nagsimulang talakayin ng isang mangangaral ng kabanalan, si Rev. J.A. Wood at si Mrs. Harriet Drake, ang mga paraan upang ipalaganap ang mensahe ng kabanalan. Nag-alok si Mrs. Drake na bayaran ang kalahati ng mga gastusin para sa pag-oorganisa ng isang pagtitipon sa kampo na magbibigay pansin sa mensahe ng kabanalan.

Ang unang inorganisa at plinano na pagtitipon sa kampo na nagsusulong ng kabanalan ay ginanap sa Vineland, New Jersey. Ang pagtitipon ay nagsimula noong Hulyo 17, 1867, at umabot sa 10,000 mga tao ang dumalo. At sa pagtatapos ng pagtitipon, nagkaroon ng desisyon na bumuo ng isang organisasyon na tinatawag na National Camp Meeting Association for the Promotion of Holiness. Si Rev. John Inskip ang napili upang maging unang pangulo.

Nagpasya ang organisayon na ito na idaos ang susunod na pagtitipon sa Pennsylvania, sa mga taong nagsasalita ng German, upang sila man ay maabot ng mensahe ng kabanalan. Noong Hulyo 14, 1868, ang National Camp Meeting Association for the Promotion of Holiness ay nagbukas sa Manheim, Pennsylvania. Ang panambahan sa gabi ay naiulat na umabot sa 10,000-15,000 na mga dumalo. Ang madlang iyon ay umabot pa ng 25,000 na mga tao bago nagtapos ang pagtitipon. Ang mga tagapagsalita ay kinabibilangan nila John S. Inskip, Alfred Cookman, J.A. Wood, William McDonald, George Hughes, Phoebe Palmer, at Matthew Simpson.

Inilarawan ni George Hughes ang sermon ni Matthew Simpson na ganito: "Nakataas ang kanyang kamay. Ang kanyang makapangyarihang tinig ay umaalingawngaw sa hangin ng gabi. Ang mga tunog ng iyakan at daing [sa mga nakikinig] ay naghalo. Tila bang ibinaba ni Matthew Simpson ang kapangyarihan. Ang mga haleluyah, tulad ng tunog ng lagaslas ng mga tubig, ang siyang pumuno sa dakong panambahan. Kung ilan ang lumusong sa nagpapadalisay na batis ng gabing iyon ay hindi natin kailanman malalaman."

**Mga Paglalarawan sa Pagtitipon sa Kampo sa Manheim**

"Isang magkasabay na madamdaming pagsabog ng hapis at kaluwalhatian ang narinig sa lahat ng bahagi ng kongregasyon; at halos isang oras, hindi mailarawan ang eksena."
- Rev. John Inskip

"Ang kaganapan ay hindi mailarawan. Iyon ay isa sa pinakamakapangyarihang kapahayagan ng kapangyahan ng Diyos na aming nakita. Ilang libong tao ang tila nakadapa sa ilalim ng malakas na impluwensya ng supernatural na kapangyarihan."
- Pahayagan ng Lancaster Daily Express

Ang National Camp Meeting Association for the Promotion of Holiness ay nagpatuloy sa pagdaraos ng mga pagtitipon sa kampo sa iba't ibang panig ng Estados Unidos. Ang mga pagpupulong na ito ay dinaluhan ng libu-libo. Ang mga dumalo rito ay nagmula sa Canada, England, India, Germany, at iba pang bansa sa Europa.

**Ang Pagkakatatag ng Salvation Army**

Si William Booth ay naakay sa Panginoon sa ilalim ng pangangaral ni James Caugney, isang Methodist na mangangaral sa Amerika. Nang maglakbay sina Walter at Phoebe Palmer sa England, naimpluwensiyahan nilang pareho sina William at Catherine Booth. Ang mga Booth ay natuon sa mensahe ng kabanalan.

Nakadama ng panawagan ng Diyos ang mga Booth na abutin ang mga itinakwil ng lipunan sa East London. Naniniwala sila na ang ebanghelyo ay dapat na magsilbi kapwa sa espirituwal at pisikal na mga pangangailangan ng mahihirap. Noong 1865, itinatag nina William at Catherine Booth ang Christian Revival Association, na kalaunan ay tinawag na East London Christian Mission.

Matapos mangaral sa mga lansangan ng halos dalawang taon, noong 1867, binili ng mga Booth ang isang lugar na dating bar at ginawa itong People's Mission Hall para sa gawain ng ebanghelismo at pag-abot sa lipunan. Sa loob ng ilang mga taon, ang misyon ay naging kilala bilang Salvation Army at nagsimulang gumamit ng mga terminong pang-militar. Ang mga kaanib nito ay bumuo ng mga estasyon ng misyon na tinawag na "corps." Ang mga miyembro ng Salvation Army ay nakasuot ng uniporme at may mga ranggo mula sa pagiging Kadete hanggang sa pagiging General. Dinisenyo ni Catherine Booth ang unang bandila ng Salvation Army. At sa pagtatapos ng 1878, ang Salvation Army ay nagkaroon ng 127 na "mga opisyal." Ang 101 na bilang sa mga ito ay mismong naakay sa Panginoon sa mga pagpupulong ng Salvation Army.

Ang Salvation Army ay kilala sa buong London sa kanyang gawain ng ebanghelismo at panlipunang ministeryo. Naniniwala sila na dapat na ihatid ng ebanghelyo ang mga dukha kay Jesus – at dapat na pawiin ng ebanghelyo ang kahirapan ng mga taong pinalaya mula sa pagkaalipin sa alak at kasalanan.

Ang mga Booth ay umasa sa mga donasyon at iba pang humanitarian na tulong para sa ministeryo ng Salvation Army. Noong 1890, inilathala ng mga Booth ang *In Darkest England and the Way Out* upang ilarawan kung paano malulutas ang problema ng kahirapan sa bansa gamit ang mga prinsipyong Kristiyano. Ang aklat na ito ay nagbigay ng malawak na pansin kina William at Catherine Booth at sa Salvation Army.

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Ninyong Makilala: William at Catherine Booth



Si William Booth[29] ay isinilang sa kahirapan. Namatay ang kanyang ama noong si William ay 13 taong gulang, na siyang dahilan upang ang pamilya ay malagay sa napakahirap na pinansiyal na kalagayan. Bilang isang tinedyer, nagtrabaho si William upang matulungan ang pamilya. Noong siya ay 15 taong gulang, habang pauwi sa kanyang bahay, siya'y naakay sa pananampalataya matapos dumalo sa isang serbisyo sa Wesley Chapel. Pagkatapos iyon, nagbigay siya ng patotoo ng dalisay na puso. Pagkatapos ng dalawang taon, nagsimula siyang mangaral.

Nagsimulang mangaral si Booth sa mga itinakwil at mahihirap sa Nottingham, Inglatera. Isang araw, dinala niya ang isang grupo ng mga mahihirap na kabataang lalaki mula sa mga lansangan tungo sa simbahan ng Methodist. Nagalit ang isang mangangaral kay Booth sa pagdadala niya sa mga ito sa simbahan. Si John Wesley na nagtatag ng Methodismo ay pinalayas mula sa mga simbahan ng Anglican noong dinala niya ang mga mahihirap na minero ng karbon sa simbahan; at ngayon ang mga Methodist na mangangaral na may magandang katatayuan sa lipunan ang siya namang nagtataboy sa mga mahihirap palabas sa mga simbahan ng Methodist.

Sa loob ng ilang taon, dinala ng Diyos si William Booth sa London na may misyon na maghatid ng revival sa isa sa mga dakilang lungsod ng ika-19 na siglo. Noong 1865, si Booth ay nagsimulang mangaral sa isang tolda sa mga lugar na may malubhang kahirapan. Ipinahayag niya na ginagawa na niya ngayon sa wakas ang panawagan sa kanya ng Diyos.

Hindi nagtagal, si Booth ay nangangaral na sa anumang lugar na may makikinig na mga tao. Ang kanyang mga tagapakinig ay madalas na namamangha sa kamalayan sa presensya at kapangyarihan ng Diyos. At noong 1879, sa pamamagitan ng pangangaral ng 127 na mga opisyal, ang Salvation Army ay nakapagsagawa ng 75,000 na mga serbisyo sa isang taon. Noong 1880, ang Salvation Army ay nakaabot sa Estados Unidos. Noong 1881, narating nila ang Pransiya at pagkaraa ng isang taon ay nakapagdala sila ng mga manggagawa sa India.

Ang Salvation Army ay kilala sa kanilang pangangaral sa labas. Nangaral sila ng mga ebanghelistikong mensahe sa mga publikong lugar. Ang kanilang mga miyembro ay nakasuot ng kakaibang uniporme na katulad ng uniporme ng mga sundalo. Nag-organisa rin sila ng mga banda na gumagamit ng mga brass na instrumento upang tumugtog sa kanilang mga pampublikong mga serbisyo.

Bagamat ang Salvation Army ay nagsimula sa pangangaral, ito ay naging kilala rin sa pagtugon sa mga pisikal na pangangailangan ng mga mahihirap. Noong 1887, ang Salvation

[29] Imahe: "Mme Catherine Booth, Mme William Booth" ni Elliott & Fry - Catholic University of Leuven, Belgium, mula sa https://www.europeana.eu/en/item/2024903/photography_ProvidedCHO_KU_Leuven_9983097240101488, para sa publiko.

Army ay naging kilala sa tatlong paglilingkod: "sopas, sabon, at kaligtasan." Napagtanto ni Booth na ang pisikal at panlipunang kapaligiran ng mga mahihirap ang siyang dahilan upang hindi nila pahalagahan ang mensahe ng kaligtasan at kabanalan. Kaya't nagsimula siyang tugunan ang mga panlipunang isyu upang magbigay ng daan para sa ebanghelyo.

Ang aklat ni Booth na *In Darkest England and the Way Out* ay nagmungkahi ng mga paraan upang wakasan ang kahirapan sa Inglatera. Ipinakita ni Booth na ang Inglatera ay nahahati sa pagitan ng mayaman at mahirap. Naniniwala siya na ang pagkakahating ito ay nakakapinsala sa espirituwal at ekonomiyang kalagayan ng bansa. Bagamat hindi ginamit ng Ingles na gobyerno ang ilan sa mga ideya na nasa aklat, libu-libong mga tao ang naiahon mula sa kahirapan sa pamamagitan ng gawain ng Salvation Army.

Ang asawa ni Booth na si Catherine ay mahalaga rin sa Salvation Army. Siya ay nagtrabaho rin ng matiyaga. Ang kanyang kahali-halinang ugali ay nakatulong upang makuha ang suporta ng mga taong nasa mataas na katayuan. Nang siya ay mamatay noong 1890, ang mga lansangan sa London ay napuno ng isang prusisyon sa libing na umabot sa mahigit na apat na milya. Sa loob ng 25 taon, ang mga Booth ay kapuwa nagsumikap para sa Salvation Army. At noong 1890, ang Army ay nagkaroon ng 2,900 na center sa 34 na iba't ibang bansa.

Sa huling bahagi ng buhay, si General Booth ay iginalang ng iba't ibang uri ng mga tao na gaya nina Charles Spurgeon, Winston Churchill, at Cardinal Manning. Maging ang Prinsipe ng Wales ay naging patron ng Salvation Army; at nang makorononahan siya bilang Haring Edward VII noong 1902, inimbitahan si Booth sa koronasyon.

Sa kabila ng kanyang kasikatan, hindi nawala ang sigasig ni General Booth sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Sa kanyang pagbisita sa Buckingham Palace, tinanong ng hari si Booth kung ano ang kanyang ginagawa bilang libangan. Sumagot si Booth, "Sir, may mga taong mahilig sa sining, katanyagan, at ginto. Ako ay may pasyon para sa mga kaluluwa." At minsan, habang nasa matinding pag-aalala para sa mga hindi pa mananampalataya, naibubulas niya, "Oh Diyos, ano ang masasabi ko? Mga kaluluwa! Mga kaluluwa! Mga kaluluwa! Ang puso ko ay nagugutom para sa mga kaluluwa!"

Nang tanungin tungkol sa sikreto ng kanyang tagumpay, sinabi ni William Booth:

"Sasabihin ko sa iyo ang sikreto. Hawak ng Diyos ang lahat sa akin. May mga taong may mas mahusay na isipan kaysa sa akin, mga taong may malaking oportunidad. Subalit sa araw na inilagay ko sa aking puso ang mga mahihirap ng London at nagkaroon ako ng pangitain ng lahat ng magagawa ni Jesu-Cristo para sa kanila, sa araw na iyon ay nagpasya ako na ang Diyos na ang may hawak ng lahat sa buhay ni William Booth. At kung mayroon mang kapangyarihan sa Salvation Army ngayon, ito ay dahil sa nasa Diyos ang lahat ng pagsamba ng aking puso, ang lahat ng kapangyarihan ng aking kalooban, at ang lahat ng impluwensya sa aking buhay."

Tinatayang naglakbay si Booth ng 5 milyong milya at nangaral ng 60,000 na beses. Ang patuloy na naging sigaw ni William Booth ay, "Humayo kayo para sa mga kaluluwa at puntahan ninyo ang pinakamasama!" Tunay na ang Diyos lamang ang siyang may hawak at matatagpuan kay William Booth.

## Ang Paglaganap ng Mensahe ng Kabanalan sa Europa at Amerika (Pagpapatuloy)

### Ang Salvation Army at ang Mensahe ng Kabanalan

Noong 1877, sinabi ni William Booth, "Ang kabanalan sa Panginoon ay isang pundamentong katotohanan para sa amin; ito ang nangunguna sa aming mga doktrina." Pagkatapos ay sumulat si Booth ng isang talumpati sa kanyang mga tinaguriang sundalo. Ang sabi niya, "ang tanong ko sa inyo, sino ang nagligtas sa inyo? Ang buhay na Diyos, at kanya kang pababanalin…gagawin niya ito." Sa madaling salita, si General Booth ay matapat sa mensahe ng kabanalan.

Sa simula pa lamang, ang Salvation Army ay nakabatay na sa mga turo at prinsipyo ng kabanalan. Ang mga opisyales ng Salvation Army na gaya ni Brigadier General Samuel Logan Brengle ay nangaral sa mga revival na may kinalaman sa kabanalan at sa mga pagpupulong sa kampo para sa National Camp Meeting Association for the Promotion of Holiness. Si Brengle ay nagsulat rin ng mga aklat tungkol sa kabanalan na hanggang ngayon nakalathala pa rin.

Tulad ni Orange Scott, sina William at Catherine Booth ay naniniwala na ang mga banal na puso ay dapat na magbunga ng banal na pamumuhay at ang mga banal na tao ay dapat na maghangad na wakasan ang mga kasamaan sa lipunan. Ang hangarin na ito ay naghatid sa mga Booth sa pinakamadilim na dako ng Inglatera. Nagtayo sila ng mga tirahan para sa mga walang bahay, nagbukas ng mga tahanan upang maging rehabilitasyon para sa mga patutot at tumayo laban sa pag-abuso sa alkohol.

Siyempre, hindi lahat ay naging masaya sa mga Booth at sa Salvation Army. Nagkaroon sila ng mga kalaban sa iba't ibang dahilan. May iba na tinuligsa sila ng dahil sa paggamit nila ng mga kababaihan upang mangaral. May iba na tinuya sila ng dahil sa kanilang pangangaral sa publiko. May iba na nagsabi na ang musika ng kanilang mga banda ay masyadong maingay. Madalas na may ibato sa kanila na mga bulok na pagkain. May ilan na sinusubukang guluhin ang kanilang mga pagpupulong. Subalit sa kabila ng oposisyon, nakakuha pa rin sila ng maraming tagasuporta. Minsan ay sinabi ni Charles Spurgeon ang ganito tungkol sa kanila, "Ang 5,000 na kapulisan ay walang kakayahan na punan ang nagagawa ng Salvation Army sa pagsupil ng krimen at kaguluhan." Binago ng Salvation Army ang buong mga komunidad gamit ang kapangyarihan ng ebanghelyo.

Sa hilaga ng Inglatera, may isang mayamang negosyante na si Frank Crossley na nakakilala sa mga Booth at inanyayahan sila sa kanyang tahanan upang magdaos ng mga pagpupulong. At upang maisulong ang mensahe ng kabanalan, bumili siya ng isang lumang music hall, ang Star Hall, at nagtayo ng isang misyon para sa mga mahihirap ng Manchester.

Sa loob ng maraming taon, ang Starr Hall ay naging sentro ng mensahe ng kabanalan sa Manchester Inglatera.

Unti-unti, nagsimulang magpadala ang Salvation Army ng mga banda at mga corps sa ibang panig ng mundo. Sa kasalukuyan, mayroong mahigit 15,000 corps sa 126 na mga bansa.

► Binigyang diin ni William Booth na ang ebanghelyo ay dapat na magsalita sa parehong espirituwal at pisikal na mga pangangailangan. May ilang mga Kristiyano na nangangaral ng espirituwal na mensahe habang binabalewala ang pisikal na mga pangangailangan; may ibang mga Kristiyano na naglilingkod sa pisikal na pangangailangan ngunit bigo namang ipahayag ang mensahe ng kaligtasan mula sa kasalanan. Tinutugunan ba ng iyong simbahan ang dalawang pangangailangan na ito? Kung ang iyong simbahan ay nabibigo sa pagtugon sa isang pangangailangan o sa isa pa, talakayin kung paano ka makakagawa ng isang mahusay na balanseng pagtugon.

### Iba pang mga Grupo ng Holiness sa Europa

Sa huling bahagi ng ika-19 at unang bahagi ng ika-20 na siglo, may iba pang mga holiness na grupo na lumago sa Inglatera sa iba't ibang panig ng Europa. Si Reader Harris ay isa sa mga unang dumalo sa Star Hall Convention na itinaguyod ni Frank Crossley. Pinili ni Harris na magtrabaho sa mga umiiral na simbahan kaysa ang magpasimula ng kanyang sariling simbahan. Binuo niya ang **Pentecostal League of Prayer** na humihikayat sa mga miyembro ng simbahan ng anumang denominasyon na hanapin ang isang pusong dalisay. Ang Pentecostal League of Prayer sa kalaunan ay nagkaroon ng 13,000 na mga miyembro.

Si David Thomas ay naging kabahagi ng Pentecostal League of Prayer. Nagkaroon siya ng pangamba na ang ilan sa ganap na pinabanal sa pamamagitan ng ministeryo ng Pentecostal League ay babalik sa kanilang mga pinagmulang simbahan ngunit kalauna'y manlalamig. Kaya't bilang tugon rito, binuo niya ang **International Holiness Mission**. Nagtatag siya ng 20 misyon sa Inglatera. At isa sa kanyang mga naakay sa Panginoon ay naghatid ng mensahe sa South Africa at nagbukas roon ng misyon.

Pagkatapos nito, si Maynard James ay nakaranas ng ganap na pagpapabanal at nagsimula ng isa sa mga misyon ng International Holiness Mission. Itinaguyod ni James at ng kanyang **Calvary Holiness Church** ang ministeryo ng banal na mga mangangaral na tulad ni Norman Grubb, Leonard Ravenhill, at Duncan Campbell. Madalas niyang iugnay ang kanyang sarili sa Church of the Nazarene, isang denominasyon ng kabanalan na ating tatalakayin maya-maya lamang. Naging kasama rin si James sa **African Evangelist Band**, isang interdenominasyunal na organisasyon na nagbibigay-diin sa kabanalan.

Kasabay ng pangangaral ng mga Palmers at Booth, ang ikatlong pangkat ng mag-asawa na nangaral rin ng kabanalan sa huling bahagi ng ika-19 na siglo ay sina Robert Pearsall at Hannah Whitall Smith. Ang kanilang kombensiyon ay naging kilala bilang **Keswick Movement**.

Ang mga Smith ay mag-asawang Quaker na mula sa Philadephia, Pennsylvania. Sila ay naging mga kilalang mangangaral ng mensahe ng kabanalan sa Estados Unidos at sa Inglatera. Si Hannah ay nakaranas ng ganap na pagpapabanal matapos niyang dumalo sa isang Methodist na pagpupulong sa panalangin ng mga kababaihan. Nang makita ni Robert ang pagbabago sa buhay Hannah, sinimulan niyang hanapin ang gayong parehong karanasan sa Diyos. Nagpatotoo siya sa ganap na pagpapabanal na naranasan noong 1867.

Noong 1874, naglakbay ang mga Smith patungo sa Inglatera upang magsalita sa mga kombensiyon na nakaukol sa kabanalan. Sila'y naging popular sa mga aristokrata na Ingles at sa mga unibersidad. Ang kanilang katuruan ay nakilala bilang "Higher Life" o kilusang Keswick.

Mula sa Iglatera, naglakbay ang mga Smith sa kontinental na Europa, nangaral sa Pransiya, Germany, at Switzerland. Ang mensahe ng kabanalan ay nakaantig sa puso ng mga German Pietist at nagkaroon ng malawak na pagtanggap sa kanila. Nangaral rin si Robert Smith ng mensahe ng kabanalan sa mga simbahang Lutheran at Reformed at nakakita ng maraming mga mananampalataya na nagpatotoo tungkol sa pagkakaroon ng dalisay na puso.

Isa sa mga grupong German na lumago mula sa mga ginawang revival ni Smith ay tinawag na **Fellowship Movement**. Ang German holiness na grupo na ito ay nagkaroon ng tatlong pangunahing diin: samahan ng mga Kristiyano, ebanghelismo, at pagtataguyod ng doktrina ng kabanalan.

Matapos na magbalik si Smith mula sa kontinente, inorganisa niya ang Brighton Convention sa Inglatera. At tulad ng istilo sa National Camp Meetings, ang kombensiyon na ito ay umakit ng mahigit 8,000 na mga tao. Ang gawain ng Higher Life ay nakatawag ng pansin ng mga mangangaral na tulad ni J. Hudson Taylor, D.L. Moody, Evan Hopkins, Charles Cullis, at marami pang iba. Hinikayat rin ng mga Smith at ng kanilang mga kasamahan ang mga grupo na tulad ng Salvation Army at Pentecostal League na magpatuloy sa pamamahayag ng mensahe ng kabanalan.

### Ang Pagkakatatag ng Church of the Nazarene

Sa unang bahagi ng ika-20 siglo, naging maliwanag na ang mga mangangaral ng kabanalan ay nabigo sa kanilang pagtatangkang i-reporma ang Methodist na Simbahan sa Estados Unidos. Bilang tugon, ang mga pinuno ng kabanalan ay nagsimulang bumuo ng mga denominasyon na hiwalay sa Methodist na Simbahan.

Noong Oktubre 1895, inorganisa ni Phineas Bresee at ng humigit-kumulang na 100 na iba pa ang Church of the Nazarene sa Los Angeles. Naniniwala sila na ang ganap na kabanalan ay natanggap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo. Ipinangaral nila ang mga Kristiyanong pinabanal ay dapat na sumunod sa halimbawa ni Cristo at mangaral sa mga dukha.

Noong 1908, ang Association of Pentecostal Churches of America at ang Church of the Nazarene ay nagkaisa at nakilala bilang Pentecostal Church of the Nazarene. Pagkalipas ng

ilang taon, inalis ng denominasyon ang salitang Pentecostal at nakilala na ngayon bilang Church of the Nazarene. Sa kasalukuyan, ang mga Nazarenes ay mayroong humigit-kumulang 30,000 na mga simbahan at mahigit 2 milyon na mga miyembro sa buong mundo.

## Ang Wesleyan na Mensahe sa Ika-20 Siglo

Ang unang bahagi ng ika-20 siglo ay isang magulong panahon para sa Methodismo sapagkat ang mga Wesleyan ay humarap sa atake ng mga German iskolar tungkol sa awtoridad ng Biblia.[30] Maraming mga Amerikanong mga Methodista ang naghangad na ibangong muli ang makasaysayang Methodismo.

Sa paghahangad na bumalik sa ugat ng kanilang kabanalan, ang Pilgrim Holiness Church at ang Church of the Nazarene ay nabuo mula sa mga simbahan na humiwalay sa Methodist na Simbahan. Noong unang bahagi ng ika-20 siglo, isang bagong National Holiness Association ang bumalik sa tradisyunal na Methodist na nagbibigay-diin sa revival at Kristiyanong kabanalan.

Habang ang denominasyon ng Methodist ay sumunod sa ibang malalaki at lumang mga denominasyon na tinanggap ang pagtanggi sa katumpakan at awtoridad ng Biblia, ang mga tagapagtanggol ng kabanalan ay bumuo naman ng mga bagong kongregasyon upang mapanatili ang mga pagpapahalagang kinakatawan sa sinaunang Methodismong revival. Ang mga holiness na simbahan ay nagsugo ng mga misyonero, nagtatag ng mga palimbagan at peryodiko, at nagbukas ng mga kolehiyo ng Biblia upang magsanay ng mga pastor at mga manggagawang Kristiyano.

Sa buong ika-20 siglo, maraming mga holiness na simbahan ang nagpatuloy sa pagpapahayag ng mensahe na ipinangaral ng mga Wesley – ang posibilidad ng pagkakaroon ng isang dalisay na puso na puno ng perpektong pagmamahal sa Diyos at sa kapwa. Patuloy nilang ipinahayag ang panawagan ni Jesus na "Maging sakdal, gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal." (Mateo 5:48), na kung saan ay nagpapahiwatig ng pangako na gagawin tayong banal ng Diyos kapag hinahanap natin siya ng may pananampalataya.

Ngayon, tulad ng sa unang bahagi ng gawain ng Methodist, ang mga pagtatalo ay lumitaw sa pagitan ng hangaring maging mahalaga sa kultural at sa mga pamantayan ng katotohanan sa Biblia. Sa Estados Unidos man at sa ibang bansa, ang mensahe na ang lahat ng mga tao ay kailangang maligtas; lahat ng tao ay maaaring maligtas; lahat ng tao ay maaaring malaman na sila ay ligtas; at lahat ng tao ay maaaring ganap na maligtas ay kinakailangan rin sa panahon ngayon gaya noong ika-18 siglo. Karamihan sa mga taong nagtuturo ng mga doktrina ni Wesley ngayon ay hindi gumagamit ng bansag na Methodist. Gayunma'y nagpapatuloy sila sa paghahatid ng mensahe ng pag-asa na na kay Cristo sa ating mundo.

---

[30] Ang bahaging ito ay hinalaw mula kay William Snider, "Paper on Twentieth Century Methodism."

**Kabanalan sa Pagkilos: Pagmamahal sa Diyos at Pagmamahal sa ating Kapwa**

Binigyang kahulugan ni John Wesley ang "Kristiyanong Kaganapan" o Christian Perfection bilang perpektong pagmamahal sa Diyos at perpektong pagmamahal sa kapwa. Naunawaan niya na ang pamantayan ng Diyos sa 1 Pedro 1:15-16 at Mateo 5:48 ay hindi tumutukoy sa ganap na kaperpektuhan ng Diyos, o sa kaperpektuhan ng mga anghel, o sa kaperpektuhan ni Adan bago siya nagkasala. Sa halip, "ang maging sakdal na gaya ng inyong Ama na nasa langit na sakdal" (Mateo 5:48) ay nangangahulugan ng pagmamahal na gaya ng sa pagmamahal ng Diyos.

Ang pamantayan na ito ng pagiging perpekto ay makikita sa ministeryo ni John at Charles Wesley. Tunay na mahal nila ang Diyos at sinikap nilang mamuhay ng maingat at disiplinado na naglalarawan sa pag-ibig na iyon. Sila ay matapat sa paglilingkod sa Diyos at walang humpay silang naglakbay upang ipalaganap ang Salita.

Mahal ng mga Wesley ang Diyos at ang kanilang kapwa. Itinalaga nila ang kanilang sarili sa paglilingkod sa mga taong nasasaktan. May mga pagkakataong ginugugol ni Charles ang kanyang gabi kasama ang mga bilanggong hinatulan ng kamatayan. Nilabanan rin ni John ang mga sakit sa lipunan na lumikha ng isang klase ng mga tao na hindi makaangat mula sa kahirapan. Isa sa mga liham ni John ay humikayat kay William Wilberforce na ipagpatuloy ang laban sa pang-aalipin. Naniniwala ang mga Wesley sa kabanalan at isinasabuhay ito; minahal nila ang Diyos at minahal rin nila ang kanilang kapwa.

Si Phoebe Palmer ay isa ring guro ng kabanalan na nakaunawa na ang kabanalan ay nangangahulugan ng pagmamahal sa Diyos *at* pagmamahal sa kapwa. Si Gng. Palmer ay masigasig sa kanyang paghahangad ng isang maingat at banal na buhay. Itinalaga niya rin ang sarili sa paglilingkod sa mga pangangailangan ng mga mahihirap na nakatira sa mga iskwater ng New York, sa mga bilangguan, at sa iba pang lugar na natagpuan niyang naghihirap ang sangkatauhan. Pinaniwalaan at isinabuhay ni Phoebe Palmer ang kabanalan; minahal niya ang Diyos at minahal niya rin angn kanyang kapwa.

Kapuwa minahal ni William at ni Catherine Booth ang Diyos. Nagtatag sila ng isang organisasyong napakadisiplinado sa paghahanap sa Diyos na tinagurian nila itong isang "hukbo." Minahal rin nila ang kanilang kapwa. Hindi kayang tanggapin ng mga Booth ang isang ebanghelyo na nangangako ng isang panghinaharap na langit ngunit hindi makatugon sa pagdurusa sa mundong ito. Naalala nila ang unang pampublikong pahayag ni Jesus. "Ang Espiritu ng Panginoon ay nasa akin, sapagkat ako'y hinirang niya upang ipangaral ang magandang balita sa mga dukha. Ako'y sinugo niya upang ipahayag ang paglaya sa mga bihag, at ang muling pagkakaroon ng paningin sa mga bulag, upang palayain ang mga naaapi" (Lukas 4:18).

► Sa kanilang pinakamahusay, ang mga taong banal ay kilala kapwa sa pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa kapwa-tao. Kapag iniisip ng mga tao ang iyong simbahan, iniisip ba nila ang isang simbahan na nagmamahal sa Diyos *at* nagmamahal sa mga tao? Paano mo mainam na maipapahayag ang pagmamahal na iyon sa iyong mundo?

## Konklusyon: Ang Mensahe ng Kabanalan sa Kasalukuyan

Marami na ang nagbago mula sa revival ng kabanalan noong ika-19 na siglo. May ilang organisasyon na nagturo ng doktrina ng kabanalan ay naglaho na. Ang kilusan ng kabanalan ay nagkaroon rin ng kanyang bahagi ng problema at pagkakawatak-watak.

Gayunpaman, sa kabila ng mga paghihirap na ito, higit na maraming grupo ang nagpapahayag ng mensahe ng kabanalan kumpara sa dati. Bagaman may mga sinaunang grupo na tumalikod sa paghahangad ng isang banal na buhay, may ibang mga denominasyon ng kabanalan na nagpatuloy sa pagpapahayag ng posibilidad na magkaroon ng isang dalisay na puso at magkaroon ng tagumpay laban sa ninanasang kasalanan.

May lumilitaw na bagong pagkakamulat at kamalayan sa loob ng maraming mga simbahan hinggil sa tawag ng kabanalan. Mayroong pagnanasa na matulad kay Jesus at maranasan ang kanyang nananahang kapangyarihan. Mayroong pagnanasa na hanapin ang doktrina ng kabanalan na ipinapahayag ng malinaw at matapat. Ang mensahe ni Orange Scott, na siyang nagtatag ng Wesleyan Methodist Church, ay mabuting tandaan natin: ang mga banal na puso ay dapat na makita sa mga banal na buhay.

## Aralin 5, Mga Takdang Aralin

(1) Balik-aralan ang apat na salik na nagbunsod sa mga Methodist ng ika-19 na siglo na bawasan ang kanilang pagbibigay-diin sa doktrina at pamumuhay sa kabanalan. Nakikita mo ba ang alinman sa mga panganib na ito na nagbabanta sa mga simbahan ngayon? Anong mga aral ang ating matutuhan mula sa kasaysayan ng Iglesia na mag-iiwas sa atin ngayon na magawa ang pagkakamali ng mga mananampalataya noon? Isulat ang iyong mga pagsusuri at pagkatapos ay sumulat ng ilang mga biblikal na patnubay kung paano maiiwasan ng simbahan ngayon na magawa ang mga parehas na pagkakamali.

(2) Binigyang kahulugan ni John Wesley ang Kristiyanong kabanalan bilang perpektong pag-ibig para sa Diyos at perpektong pag-ibig para sa kapwa. Pangalanan mo ang ilan sa mga taong binanggit sa araling ito na gumawa ng pagbabago sa kaharian ng Diyos ng dahil sa kanilang pagmamahal sa Diyos at kapwa-tao. Sumulat ng 4-5 na talata tungkol sa ilang praktikal na paraan na kung saan ay personal mong maipapakita ang perpektong pagmamahal sa Diyos at sa kapwa sa araw-araw na buhay. Sa 1-2 na mga pangungusap, ipaliwanag ang magiging epekto nito sa pandaigdigang Simbahan kung maraming tao ang talagang magmamahal sa Diyos at kapwa na siyang nararapat.

(3) Maghanda ng isang buod na talambuhay ng isa sa mga sumusunod na pinunong Kristiyano: Phoebe Palmer, William Booth, o si Johan Inskip. Ang buod mo ay dapat na naglalaman ng apat na bahagi:

- Talambuhay: Kailan siya nabuhay? Saan siya tumira? Kailan at saan siya namatay?
- Kaganapan: Ano ang mga mahahalagang kaganapan sa kanilang buhay?
- Impluwensya: Ano ang kanyang hindi malilimutang impluwensya sa simbahang Kristiyano?

- Aplikasyon: Ano ang isang aral para sa simbahan ngayon na matututuhan mula sa pinuno na ito?

May dalawa kang pagpipilian sa pag-presenta ng buod na ito:

- Magpasa ka ng 2-pahinang sanaysay sa tagapamuno ng inyong klase.
- Magbigay ng 3-5 minuto na presentasyon sa inyong klase.

# Aralin 6
# Isang Panahon ng Pagbabago
# Ang Ika-20 Siglo

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Suriin ang epekto ng Darwinismo at ang pagtanggi ng mga German sa katumpakan ng Biblia sa ika-20 na siglong liberalismo.

(2) Makilala ang kabiguan ng mga liberal na teolohiya na tugunan ang pinakaibuturang pangangailangan ng tao.

(3) Maunawaan ang mga ebanghelikal na tugon sa liberal na teolohiya.

(4) Makita ang pagkakaiba sa pagitan ng liberal at ebanghelikal na pananaw at pagharap sa pagkakaisa ng simbahan.

(5) Pahalagahan ang pandaigdigang paglago ng simbahan sa ika-20 siglo.

## Pambungad

Ang pag-aaral sa ika-20 siglo na kasaysayan ng Iglesia ay higit na mahirap kaysa sa pag-aaral sa mga naunang siglo. Ito ay dahil sa hindi natin alam kung anong mga kaganapan sa ika-20 na siglo ang magkakaroon ng pinakamalaki at pangmatagalang epekto sa simbahan. May ilang mga bagay na mahalaga sa kasalukuyan na maaaring hindi maging mahalaga sa pananaw ng ika-23 na siglo.

Sa paglipas ng panahon, nagiging mas malinaw ang ating pananaw sa kasaysayan ng Iglesia. Halimbawa, ang kasaysayan ng simbahan noong 1430 ay maaaring maglaman ng ganito:

> Tinangka ni John Wycliffe na gumawa ng mga pagbabago sa simbahan sa Inglatera. Isinalin niya ang Biblia sa Ingles upang ang kasulatan ay mabasa at maipaliwanag ng mga karaniwang tao. Pinuna niya ang mga walang buhay na rituwal ng Simbahang Romano Katoliko. Gayunpaman, nabigo si Wycliffe sa kanyang mga pagsisikap. Namatay siya bago natapos ang pagsasalin ng Biblia. Ipinagbawal ang kanyang mga isinulat at idineklara siyang bulaang tagapagturo ng Konseho ng Constance. Iilan lamang na mga naglalakbay na mga mangangaral ang nagpatuloy sa pagtuturo ng mga doktrina ni Wycliffe. Si Wycliffe ay isang mabuting tao, subalit nabigo siyang maisakatuparan ang kanyang layunin.

Ang isang kasaysayan ng simbahan na isinulat noong 1500 ay maaaring magkaroon ng ibang pananaw kay Wycliffe. Ipapakita nito ang impluwensya ni Wycliffe kay William Tyndale:

> Si John Wycliffe ay isang nakakapukaw ng loob ng pinuno ng simbahan. Namatay siya bago niya natapos ang kanyang gawain, ngunit ang mga lalaking tulad ni Lollards at William Tyndale ang siyang nagpatuloy sa pagpapalaganap ng mga ideyang itinaguyod ni Wycliffe. Ang kanyang impluwensya ay nananatili pa rin hanggang ngayon.

Ang kasaysayan ng simbahan na isinulat sa 1900 ay magpapaliwanag sa mahalagang papel na ginampanan ni Wycliffe para sa Repormasyon.

> Makapangyarihang nanawagan si John Wycliffe para sa revival at pagpapanibago ng simbahan, na tumulong siyang nakaimpluwensya sa Repormasyon na naganap matapos ang kanyang panahon. Ang kanyang trabaho ng pagsasalin ng Biblia ay nagtulak kay William Tyndale na kumpletuhin ang pagsasalin sa Ingles. Sina Martin Luther at ang iba pang mga Repormista ay nabigyan ng inspirasyon sa halimbawang ipinakita ni Wycliffe na tumayo para sa katotohanan ng ebanghelyo. Ilang tao lamang ang may matinding epekto na nagawa sa kasaysayan ng Iglesia na gaya ni John Wycliffe.

Nangangailangan ng sapat na panahon upang masiyasat ang kasaysayan. Sa araling ito, titingnan natin ang ilang paksa na nagpapakita ng ilan sa mga nauso sa kontemporaryong simbahan.

Marahil ang pinakamagandang paraan upang buorin ang ika-20 na siglo na kasaysayan ng Iglesia ay ang tawagin ito na "Panahon ng Pagbabago." Sa teolohikal na punto, ang mga kontrobersya ay naghatid ng mga pagbabago sa simbahan. Bagamat may ilang mga malalaking organisasyong simbahan ay tumalikod sa awtoridad ng Biblia, ang mga ebanghelikal ay nagpatuloy sa pagkakaroon ng malaking impluwensya sa iba't ibang panig ng mundo. Kumpara sa mga Europeano at North American na mga simbahan, ang mga simbahan sa Asya, Africa, at Latin America ay kasalukuyang tumataas ang bilang kumpara sa ibang Krisityanismo sa buong mundo.

## Ang Epekto ng Liberal na Teolohiya sa Ika-20 na Siglo na Simbahan

Ang salitang *liberal,* sa teolohikal na usapan, ay tumutukoy sa teolohiya na hindi naniniwala sa Biblia bilang ganap na awtoridad. Sa liberal na teolohiya, ang katuwiran ng isip ng tao, agham, at mga teorya sa kasaysayan ang siyang naging higit na awtoridad para sa paniniwalang Kristiyano kaysa sa Biblia.

Sa kalagitnaan ng ika-19 na siglo, dalawang lalaki ang naglathala ng mga ideya na nagpahina sa pananampalataya ng maraming mga Kristiyano. Si Charles Darwin at si Julius Wellhausen, isang biblikal na iskolar, na nagmungkahi ng mga teoryang tumatanggi sa katotohanan ng Biblia.

Si Darwin ang nagturo ng teorya ng ebolusyon na tumatanggi sa biblikal na paglalahad tungkol sa Paglikha. Itinuro naman ni Wellhausen na ang Biblia ay nagmula sa iba't ibang manunulat, sa halip na tumpak na kinasihan ng Diyos. Ang kasaysayan ng ika-20 siglo ng simbahan ay nagpapakita ng labanan sa pagitan modernong teolohiya at ebanghelismo. Sa araling ito, titingnan natin ang ilan sa mga pangunahing teolohikal na nausong pananaw na umimpluwensya sa ika-20 siglong simbahan.

**Mga Akademikong Pag-atake sa Pananampalataya**

Sa huling bahagi ng ika-19 na siglo, may dalawang pilosopikal na pagsulong ang humamon sa pananampalataya ng simbahan.

Noong 1859, ang aklat ni Charles Darwin na *The Origin of Species* ay nagmungkahi ng **teorya ng ebolusyon**. Batay ito sa kaisipang Enlightenment na natunghayan natin sa Aralin 3, ang teoryang ito ay nagmungkahi ng pananaw hinggil sa biolohikal na pagkabuo ng mga bagay-bagay na hindi kinakailangan ang Diyos. Ikinatuwiran ni Darwin at ng kanyang mga tagasunod na ang buhay ay nagmula sa mga di-nabubuhay na bagay sa pamamagitan ng proseso ng natural na pagpili o natural selection na nagaganap sa loob ng mahigit milyun-milyong mga taon. Itinatanggi ng teoryang ito ang ulat ng paglikha sa Genesis 1-2. At para sa mga pastor na tumanggap sa teoryang ito, ang Genesis ay hindi na isang makapangyarihang ulat tungkol sa paglikha.

Samantala, iminungkahi naman ng mga German na iskolar ng Biblia, tulad ni Julius Wellhausen (1844-1918), na ang mga relihiyosong pananaw ng tao ay unti-unting nagbago tungo sa pagiging monoteismo na itinuturo sa Biblia. Gayunma'y hindi naniniwala si Wellhausen na si Moises ang may-akda ng Pentateuch. Ikinatuwiran niya na karamihan sa Biblia ay isinulat ng mga huli o kinalaunang may-akda, sa halip ng mga may-akdang sinasabi sa Biblia. **At tulad ng teorya ng ebolusyon, pinahina rin ng pananaw na ito ang awtoridad ng Biblia**. Di nagtagal, itinanggi na rin ng ilang mga propesor ang mga ulat ng himala sa Biblia, ang pangangailan sa katubusang hatid ng kamatayan ni Cristo, at maging ang pagka-Diyos ni Jesu-Cristo.

**Ang mga pastor na tumanggap sa mga teoryang ito ay hindi na maaaring tumingin sa Biblia bilang inspirado at hindi nagkakamaling Salita ng Diyos**. Sa halip, itinuring ang aklat na gawa lamang ng mga taong may-akda. At di nagtagal, ang maling ideya na ito ay ipinakalat ng mga pastor sa kanilang mga kongregasyon.

Habang ang Darwinismo at ang pagtanggi ng mga German sa katumpakan ng Biblia ay lumaganap sa mga seminaryo na nagsasanay sa mga magiging pastor, may ibang mga theologian na tumalikod naman sa pagbibigay diin sa biblikal na katotohanan at nagmungkahi ng isang "Panlipunang Ebanghelyo" na tutugon raw sa mga pangangailangan ng lipunan, kahit na binabalewala nila ang mga espirituwal na isyu. Pinalitan ng panlipunang aksyon ng espirituwal na katuturan ng ebanghelyo. Ang mga taong tulad ni Walter Rauschenbusch ay nagturo na ang kaharian ng Diyos ay nangangahulugan ng kamatayan ng kapitalismo at pandaigdigang paglago ng sosyalismo.

> "Ang pipitsuging biyaya ay ang pangangaral ng
> Kapatawaran na walang pagsisisi,
> bautismo na walang pagdidisiplina ng Iglesia,
> komunyon na walang pagpapahayag ng kasalanan…
> Ito ay biyaya na walang pagdidisipulo
> biyaya na walang krus,
> biyaya na walang Jesu-Cristo.
>
> Ang mamahalin na biyaya ay mamahalin sapagkat
> ito'y tumatawag ng pagsunod;
> at ito ay biyaya sapagkat
> ito'y tumatawag ng pagsunod kay Jesu-Cristo.
>
> Ito ay mamahalin sapagkat
> isang buhay ang naisakripisyo;
> at ito ay biyaya sapagkat
> ibinibigay nito ang natatanging tunay na buhay.
>
> Ito ay mamahalin sapagkat hinahatulan nito ang kasalanan,
> at biyaya sapagkat pinapawalang-sala nito ang makasalanan.
>
> Higit sa lahat, ito ay mamahalin sapagkat
> buhay ng Anak ng Diyos ang nai-alay dito.
>
> Higit sa lahat, ito ay biyaya sapagkat
> hindi ipinagkait ng Diyos ang Kanyang Anak
> bilang kabayaran para sa ating mga kasalanan."
>
> - Dietrich Bonhoeffer,
> tugon sa liberal na teolohiya

May ilang mga pastor na nagturo ng unibersalismo, kung saan ang Diyos raw bilang isang mapagmahal na "Ama ng buong sangkatauhan" ay hindi kailanman magpapadala ng mga tao sa impiyerno. Itinuro nila ang humanismo na nagsasabing ang tao ay likas na mabuti. Si Adolph von Harnack, isang theologian ng unang bahagi ng ika-20 siglo ay nagbigay kahulugan sa kahalagahan ng Kristiyanismo bilang "unibersal na pagiging ama ng Diyos, unibersal na pagkakapatiran ng mga tao, at walang hanggang halaga ng kaluluwa ng tao." Itinuro ng liberal na teolohiya na ang tao ay magpapatuloy na pabutihin ang kanyang sarili hanggang sa ang mundo ay maging isang perpektong lugar.

Bilang tugon, may ilang konserbatibo na gaya ni D.L. Moody na umiwas sa theolohikal na pakikipagdebate. Ayon kay Moody, "Ang sanlibutan ay isang wasak na sasakyan. Binigyan ako ng Diyos ng bangka ng kaligtasan at sinabi sa aking, 'Iligtas mo ang lahat ng iyong makakaya.'" Umiwas siya sa lahat ng pakikipagdiskusyon tungkol sa modernong theolohiya. Gaya ng ilang ika-17 siglo na grupo ng mga Pietista, silang mga sumunod sa ganitong pagtugon ay nagpasyang ipangaral ang Biblia at umiwas sa pakikipagtalo sa mga liberal na theologian.

Samantala may ibang mga konserbatibong Kristiyano na naghangad na bumuo ng isang akademikong tugon sa mga pagtangging ginawa sa awtoridad ng Biblia. Sa huling bahagi ng ika-19 na siglo, nag-organisa sina Charles Hodge at B.B. Warfield ng kumperensya upang talakayin ang mga pundamentong katuruan ng Biblia. Mula sa kumperensya na ito ay nagkaroon ng serye ng mga sanaysay, na inilathala sa pagitan ng 1910 at 1915 tungkol sa limang saligang doktrina ng pananampalataya:

1. Ang inspirasyon at ganap na kawastuhan ng Biblia
2. Ang pagka-Diyos ni Jesu-Cristo
3. Ang kapanganakan ni Jesu-Cristo sa pamamagitan ng isang birhen
4. Ang kamatayan ni Jesu-Cristo para sa ating mga kasalanan
5. Ang pisikal na muling pagkabuhay at pisikal na pagbabalik ni Cristo sa daigdig

Ang alitan sa pagitan ng mga nagsasalungatang pananaw na ito sa Biblia ay nagpatuloy hanggang sa unang bahagi ng ika-20 na siglo. Noong 1914, halos bawat pangunahing denominasyon ng Protestante ay nagkaroon ng pakikipagtalo sa kanilang mga miyembro hinggil sa ganitong isyu.

Si Harry Emerson Fosdick ay nangaral ng isang sermon na inaatake ang pangunahing katuruan ng Kristiyano. Sinabi niya na ang Biblia ay naglalaman ng mga kamalian; na ang doktrina tungkol sa pagbubuntis at panganganak ng isang birhen ay hindi na kinakailangan, at ang doktrina tungkol sa pisikal na Ikalawang Pagparito ay kakatwa at di-totoo.

Ipinagtanggol naman ni Richard Niebuhr ang katuruan ng Biblia; sinabi niya na ang gayong maling teolohiya ay nangangaral ng "isang Diyos na walang poot, na naghahatid ng mga taong walang kasalanan tungo sa isang kaharian na walang kahatulan, sa pamamagitan ng isang Cristo na walang krus."[31] Ito ay labis na napakalayo sa ebanghelyo ng Bagong Tipan.

| Ang Katuruan ng Liberal na Teolohiya | Ang Katuruan ng Ebanghelikal na Teolohiya |
|---|---|
| Ang Biblia ay isang pagtatala na ginawa ng tao tungkol sa relihiyosong pag-unlad. Ito ay nagpapabago-bago sa paglipas ng panahon habang nagbabago ang mga ideya. | Ang Biblia ay kinasihan ng Diyos at isang makapangyarihang paghahayag ng Diyos at ng kanyang kalikasan. |
| Ang tao ay likas na mabuti. Siya ay nagiging makasalanan lamang sapagkat siya ay naiimpluwensiyahan ng kanyang kapaligiran. | Ang tao ay likas na makasalanan. Bawat tao ay dapat na tubusin sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesu-Cristo na magliligtas sa tao. |

[31] Hango kay Bruce Shelley, *Church History in Plain Language*, 3rd edition (Nashville, Thomas Nelson, 2008), 395.

| | |
|---|---|
| Si Jesus ay isang mabuting tao na nagbigay ng moral na halimbawa para sa iba. | Si Jesu-Cristo ang Anak ng Diyos na namatay para sa kasalanan ng tao at nilupig ang kamatayan sa kanyang muling pagkabuhay. Siya ang tanging sagot sa pangangailangan ng tao para matubos. |
| Ang unang gawain ng simbahan ay panlipunang hustisya at repormasyon ng lipunan. | Ang unang gawain ng simbahan ay ebanghelismo at pagbabago. |

**Bagong Pananampalatayang Kristiyano**

May ilang pastor na naniniwala na hindi tumpak ang Biblia, subalit nais pa rin nilang magkaroon ang mga tao ng espirituwal na karanasan na batay sa Biblia. Sinikap nilang makahanap ng paraan upang paniwalaan pa rin ang pangunahing mensahe ng Biblia bagamat kumbinsado sila na ito ay hindi naman lubusang kinasihan ng Diyos.

Sina Karl Barth (1886-1968), at Emil Brunner (1889-1966), at kasama na rin ang kanilang mga tagasunod ay nagmungkahi ng isang bagong uri ng pananampalatayang Kristiyano. Itinuro nila na ang mga kwento sa Biblia ay makakatulong sa atin na magkaroon ng pananampalataya at personal na espirituwal na karanasan bagamat ang mga kwentong ito ay hindi naman literal na totoo. Ayon sa kanila, maaari nating marasanan ang isang espirituwal na pagkabuhay kahit na si Jesus ay hindi naman literal na nabuhay mula sa mga patay.

Sa halip na paniwalaan na kinasihan ng Diyos ang Biblia nang ito'y isinulat, sinabi nila na ang isang mambabasa ng Biblia ay nagiging inspirado habang ito ay binabasa. Subalit, nakikita natin na ang orihinal na pananampalatayang Kristiyano ay nakabatay sa patotoo ng mga apostol na nagsasabing ang pagsilang, buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus ay totoong naganap. Ginagamit ng Banal na Espiritu ang Biblia upang ihatid tayo sa espirituwal na karanasan sapagkat ito ay totoo.

**Teolohiya ng Liberasyon**

May ilang mga theologian na nais tumugon sa pangangailangan ng mga lipunang mahihirap at walang kalayaan. Binigyang diin nila ang ilang bahagi sa Biblia na kung saan ay iniligtas ng Diyos ang mga tao mula sa mga tiwaling pamahalaan at mayayamang tao na nangingibabaw sa lipunan. Hinikayat ng teolohiya ng liberasyon ang mga tao na makibahagi sa rebolusyon. Hindi binigyang diin ng teolohiya ng liberasyon ang kaligtasan mula sa kasalanan at espirituwal na tagumpay para sa mga indibidwal. Binigyang diin ng pananaw na ito ang kalayaan at kaunlaran sa ibabaw ng lupa. Ang teolohiya ng liberasyon ay lubhang naiiba sa ebanghelyo ng Biblia.

## Ang Relihiyon ay Hindi Napapanahon

Ang isa pang bagay na nakaapekto sa simbahan noong huling bahagi ng ika-19 na siglo ay ang paglago ng mga lungsod. Ang mga bagong pabrika sa Europa at America ay humikayat sa paglago ng mga malalaking siyudad sapagkat ang mga tao ay lumilipat sa siyudad upang magtrabaho. Kapag sila'y lumilipat, iniiwan ng mga tao ang kapaligiran ng tahanan na kanilang kinagisnan kung saan ang kanilang kinabibilang grupo roon ay nagpapanatili ng tradisyunal na tuntuning moral. Sa lagay na ito, iniiwan ng mga tao ang kanilang mga simbahan at marami sa kanila ay hindi kumukunekta sa mga simbahan sa lungsod. Ang araw ng Linggo, na walang trabaho ay madalas na ginugugol sa paglilibang sa halip na pagsamba.

Pagsapit ng ika-20 siglo, karamihan sa kanlurang bahagi ng mundo ay nagpalagay na ang Kristiyanismo ay hindi na napapanahon sa modernong mundo. Hindi na itinatanong ng maraming tao, "Ang mga pahayag ba ng Kristiyanismo ay totoo?" Basta binalewala na lamang nila ang relihiyon na hindi kinakailangan sa pang-araw-araw na buhay. Ang lipunan ay hindi na ginagabayan ng relihiyon.

At sa halip na magkaroon ng mga talakayan tungkol sa pananampalataya, karamihan sa mga tao sa kanluran ay nagsimulang mamuhay na para bang ang Kristiyanismo ay wala ng halaga. Mula ng maakay si Constantine sa pananampalataya, ang Kristiyanismo ang naging pangunahing impluwensya sa kultura ng Europa. Ngunit sa ika-20 siglo, ang Kristiyanismo ay wala na sa sentro ng pamumuhay ng mga Europeano. Sa kasalukuyan, ang Europa ay binansagan na "post-Christian" – hindi na ito Kristiyanong bansa.

► Sa mga isyung nakalista sa seksyon na ito, ano ang higit na maimpluwensya sa iyong kultura? Ang mga isyu ba na ito ay nakakaapekto sa mga simbahan sa iyong lipunan? Kung gayon, paano ka makakatugon bilang isang ebanghelikal na lider?

## Ang Ebanghelikalismo ng Ika-20 na Siglo

Sa unang bahagi ng ika-20 na siglo, maraming tao ang naniniwala na ang ebanghelikal na Kristyanismo ay maglalaho na. Dahilan sa mga akademikong pag-atake laban sa pananampalataya at ang paghihiwalay ng pananampalataya mula sa pamumuhay, tila ang araw ng biblikal na Kristyanismo ay hindi na sisikat.

Subalit, ang unang kalahati ng ika-20 na siglo ay ipinakita ang kahinaan ng bagong di-biblikal na teolohiya. Ang 10 milyong mga kamatayan na dulot ng Unang Digmaang Pandaigdig at ang pagkakaroon ng depresyon sa ekonomiya noong 1920 ang siyang bumasag sa optimistikong mga pagpapalagay ng paniniwala na nakabatay sa tao sa halip na sa Diyos. Ang mga digmaang ito ay nagpapakita na ang tao ay hindi likas na mabuti; ang daigdig ay hindi "langit sa lupa."

Ang pagkakatuklas ng Dead Sea Scrolls noong 1947 ang nagpakita na mapagkakatiwalaan ang biblia. Kontra sa pananaw ng mga kritiko na ang ating modernong Biblia ay hindi mapagkakatiwalaan, ipinakita ng Dead Sea Scrolls na ang mga modernong kopya ng

Hebreong Biblia ay halos magkapareho sa sinaunang mga kopya. Sa madaling salita, iningatan ng Diyos ang kanyang salita para sa kanyang bayan.

Sa kasalukuyan, ang pinakamabilis na lumalagong mga simbahan sa mundo ay ang ebanghelikal. Mayroong mga pagkakaiba sa mga ebanghelikal na mga denominasyon, subalit pare-parehas nilang pinanghahawakan ang ilang mga prinsipyo: ang awtoridad ng Biblia, historikong katuruang Kristiyano, at ang kahalagahan ng personal na pagtatalaga ng sarili kay Jesu-Cristo.

Ang mga ebanghelikal noong 1940 ay sinimulan nilang hanapin kung papaano nila papanatilihin ang paggalang sa awtoridad ng Biblia habang inuunawa at binabago ang modernong mundo. Ito ay humantong sa isang yugto ng pagbabago na kung saan ang paggalang sa Biblia ay sinangkapan ng historikong ebanghelikal na pokus sa paghayo sa mundo. Noong 1941, isang grupo ng mga konserbatibong ebanghelikal ang nagpulong sa Moody Bible Institute upang i-organisa ang **National Association of Evangelicals**. Ang NAE ay nagbigay pansin sa paghayo:

- Ang *National Religious Broadcasters* ay bumuo ng mga programa sa radyo at telebisyon.
- Ang *Chaplains Commission* naman ay sumuporta sa mga paghayo sa militar.
- Ang *World Relief Commission* ay nagbigay ng agarang tulong sa mga lugar na dumanas ng mga sakuna.
- Ang *Mission Exhange* naman ay humikayat ng pagtutulungan sa pagitan ng mga organisasyong misyonero.

Para sa maraming tao sa mundo, si **Billy Graham** ang mukha ng ebanghelikal na paghayo. Ang kanyang mga ebanghelistikong kampanya ay umabot sa buong mundo. Samantala, si Carl F.H. Henry naman, na kaibigan ni Graham, ay nagtangka na ipabatid ang historikong mensahe ng Kristiyanismo sa modernong mundo sa pamamagitan ng isang bagong magasin, *Christianity Today.*

> "Ang pangunahing gampanin ng ebanghelikal ay ang pangangaral ng ebanghelyo, na ang interes ay ang muling pagsilang ng isang indibidwal sa pamamagitan ng supernatural na biyaya ng Diyos, sa paraang ang pagliligtas ng Diyos ay makikitang pinakamainam na solusyon sa ating mga problema, indibidwal man o panlipunan."
>
> - Carl. F. H. Henry

Sinikap ng ika-20 siglo na mga ebanghelikal na iugnay ang Biblia sa espirituwal, moral, at panlipunang pangangailangan ng modernong mundo. Kung paanong ang mga organisasyon ng mga boluntaryo noong ika-19 na siglo ay nanguna sa pagsusulong ng mga panlipunang reporma at mga paghayo, ang mga bagong ministeryong **organisasyon** ang siyang nanguna naman sa ebanghelikal na paghayo sa huling bahagi ng ika-20 na siglo.

Kaalinsabay sa mga kampanya ni Billy Graham at ng iba pang mga ebanghelista, may mga grupo rin na naitatag upang magpokus sa mga partikular na uri ng paghayo:

- Ang *Campus Crusade* ay inorganisa ni Bill Bright para abutin ang mga estudyante sa unibersidad.
- Ang *Youth for Christ* ay nakatuon sa mga estudyante sa high school.
- Ang *Navigators* na itinatag ni Dawson Trotman ang siyang nagbabahagi ng ebanghelyo sa mga mandaragat noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.
- Ang *Gideons International* ang namamahagi ng mga Biblia sa mga paaralan, bilangguan, at mga hotel.
- Samantala, ang mga grupong gaya ng *World Vision International* at *Samaritan's Purse* ang siyang napalaganap ng ebanghelyo sa pamamagitan ng panlipunang mga pagkilos.

Ang pangunahing punto ng debate ay hinggil sa kawastuhan ng Biblia. Kaya noong 1978, may 200 ebanghelikal na lider ay nagpulong sa Chicago, Illinois, at binuo ang tinaguriang **International Council on Biblical Inerrancy**. Isinulat nila ang "Chicago Statement on Biblical Inerrancy" upang tugunan ang doktrina tungkol sa katangian ng Biblia. Ang Chicago Statement ay:

- Nagpapahayag kung bakit ang doktrina tungkol sa katumpakan ng Biblia ay mahalaga sa mga Kristiyano.
- Pinagtitibay nito na ang Biblia ang siyang ganap na awtoridad na angat sa indibidwal na budhi, tradisyon, at mga katuruan ng simbahan.
- Nagsasaad na ang Diyos ay kumilos sa pamamagitan ng mga taong may-akda gamit ang kanilang mga personalidad.
- Nagpapakita na ang mga orihinal na sulat (hindi ang mga sumunod na kopya) ang siyang walang pagkakamali. Subalit, pinagtitibay rin ng Chicago Statement na walang anumang doktrina ng pananampalatayang Kristiyano ang naapektuhan dulot ng kawalan ng orihinal na manuskrito.
- Tumatanggi na may pagkakasalungatan sa Biblia.
- Nagbibigay ng mga tuntunin para sa maayos na pagpapaliwanag ng Biblia.
- Nagbababala tungkol sa panganib na hatid sa simbahan at sa indibidwal na mananampalataya kung tatanggihan nila ang katumpakan ng Biblia.

Ang Chicago Statement ay tumutulong sa mga pastor at guro na maunawaan ang mga mahahalagang prinsipyo ng pagpapaliwanag sa Biblia at nagbibigay rin ng patnubay para sa pagtatanggol ng katumpakan ng Biblia.[32]

### Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Ninyong Makikilala: C.S. Lewis (1898-1963)

Ipinakita ni C.S. Lewis ang kapangyarihan ng ebanghelyo na bumago ng buhay. Si Lewis ay ipinanganak sa isang Kristiyanong pamilya sa Ireland. Ang kanyang lolo sa tuhod ay isang ministrong Methodist, at ang kanyang lolo ay isang ebanghelikal na Anglican. Subalit, noong binata pa si Lewis, hindi siya naniniwala sa Kristiyanismo. Gaya ng maraming tao, hindi magawang maniwala ni Lewis sa isang mapagmahal na Diyos ng dahil sa presensya ng kahirapan at sakit sa mundo. Ang ina ni Lewis ay namatay ng dahil sa kanser noong siya ay siyam na taong gulang pa lamang. Kaya nagpasya si Lewis na kung ang Diyos man ay umiiral, siya ay malupit na Diyos. Kaya sa loob ng tatlong taon, ipinahayag ni Lewis ang sarili na isang ateista.

Si Lewis ay naging isang matalinong mag-aaral ng literatura sa Unibersidad ng Oxford. Nang siya ay magtapos, siya’y naging isa sa pinakasikat na tagapagturo sa Oxford.

Sa patuloy na pag-aaral ni Lewis sa mga literaturang Ingles, napagtanto niya na ang mga Kristiyanong may-akda ay may lalim na hindi niya makita sa ibang panitikan. Dagdag pa rito, dalawa sa matalik na kaibigan ni Lewis sa English faculty ay mga Kristiyano. Sa pamamagitan ng pakikipagtalakayan sa mga lalaking ito at sa pamamagitan ng mga sariling pagbabasa, napilitan si Lewis na kilalanin ang intelektuwal na kakulangan ng ateismo. Noong 1929, umamin si Lewis sa realidad ng pag-iral ng Diyos at binasangang “pinaka-alanganin na akay sa buong Inglatera.” Sa yugtong ito, ipinahayag na ni Lewis na ang Diyos ay umiiral; subalit hindi pa siya naging isang Kristiyano.

Pagkalipas ng dalawang taon, isinuko ni Lewis ang kanyang buhay kay Cristo. Sa pagkakataong ito, si Lewis ay nagkaroon ng taus-pusong pagbabago, hindi lamang mental na pagsang-ayon na umiiral ang Diyos. Si Lewis ay hindi na “alanganin na akay”; siya ngayon ay “sinurpresa ng kagalakan.”

Matapos na siya’y maging Kristiyano, ibinuhos ni Lewis ang kanyang lakas sa kanyang pananampalataya. At tulad ng inaasahan, ang publikong pagpapahayag ni Lewis ng kanyang pananampalatayang Kristiyano ay may sakripisyo. Bagamat isa siya sa mga pinakasikat na tagapagturo at may-akda ng isang iginagalang na akdang pampanitikan, hindi kailanman inalok ng Oxford si Lewis ng buong pagkapropesor. Ang malaking dahilan rito ay gawa ng kanyang mga kasamahan na di Kristiyano.

Si Lewis ay naging isa sa pinaka-maimpluwensyang Kristiyanong manunulat ng ika-20 na siglo. Nagsulat siya ng 25 na mga libro na tumutugon sa maraming aspeto ng paniniwalang

---

[32] Ang Chicago Statement on Biblical Inerrancy ay matatagpuan online sa http://www.alliancenet.org/the-chicago-statement-on-biblical-inerrancy (Na-access noong Mayo 14, 2021)

Kristiyano. Siya ay isang mahusay na tagapagtanggol ng pananampalatayang Kristyano. At bagamat siya ay isang napakatalinong iskolar, si Lewis ay mayroong kakayahan na mangusap sa mga karaniwang tagapakinig na kasing epektibo ng kanyang pagtuturo sa mga iskolar ng Oxford. Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, gumawa si Lewis ng isang serye ng mga pamamahayag sa radyo na kung saan ipinaliwanag niya ang pananampalatayang Kristiyano. Ang mga broadcast na ito ang siyang naging batayan ng *Mere Christianity,* isa sa mga naging pinaka-maimpluwensyang aklat ng ika-20 siglo.

Sumulat rin si Lewis ng mga librong para sa mga bata. Ang kanyang serye na libro na *The Chronicles of Narnia* na nailathala noong 1950 ay isa pa rin sa mga pinaka naiibigang libro para sa mga bata sa buong mundo. Ang pambatang mga aklat na ito ay nagsasalaysay ng kwento ng isang manunubos (na inilalarawan ng isang dakilang leon na si Aslan) na inialay ang kanyang buhay upang sagipin ang isang mundo na nasa gapos ng kapangyarihan ng kasamaan. Sa pamamagitan ng isang simbolikong kwento, ipinakita ni Lewis sa mga bata ang kapangyarihan ng pagtubos.

Ang mga pagsusulat ni Lewis ay nakatuon sa mga mahahalagang katotohanan ng Kristiyanismo. Sa panahon iyon na nais ng mga liberal na talikuran ang mga pangunahing doktrina upang gawing kaakit-akit ang Kristiyanismo sa mga intelektuwal, pinatunayan ni Lewis na ang mga mahahalagang doktrina ng Kristiyanismo ay maaaring matalinong ipagtanggol.

Si C.S. Lewis ay isa pang halimbawa kung paanong ang tunay na pananampalatayang Kristiyano ay maipapakita sa ating relasyon sa mundong nakapaligid sa atin. Nang dahil sa kanyang mga pagsusulat, si Lewis ay naging isang mayaman. Gayunpaman, tumanggi siyang baguhin ang kanyang simpleng pamumuhay. Sa halip, inilaan niya ang kanyang mga kinita mula sa kanyang mga libro para sa mga kawanggawa. Sinuportahan niya ang maraming mahihirap na pamilya, nagbigay ng edukasyon para sa mga ulila, at nagbigay ng pera sa maraming mga kawanggawa at organisasyon ng simbahan. Ang dating ateista ay tunay na nagbago sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ebanghelyo.

## Ang Ebanghelikalismo ng Ika-20 na Siglo (Pagpapatuloy)

### Ang Pagbangon ng Pentecostalismo

Isa mga pinakakontrobersyal na aspeto ng ika-20 siglo ng ebanghelikal na renewal ay ang pagbangon ng Pentecostalismo. Ang gawaing ito ay nagsimula noong 1906 sa isang revival na ginanap sa Azusa Street Mission sa Los Angeles. Ang mga Pentecostal roon ay nagpatotoo tungkol sa kanilang karanasan ng pagsasalita sa "iba't ibang wika." Ang mga Kristiyano na mula sa iba't ibang panig ng mundo ay dumalaw sa Azusa Street.

Naakit ng Pentecostalismo ang mga mahihirap at nasa mababang katatayuan sa lipunan sa pamamagitan ng mensahe ng pagpapalaya. Ito ay nakahikayat rin ng mga tao mula sa lahat ng antas ng ekonomiya ng dahil sa mensahe nito tungkol sa espirituwal na kapangyarihan.

Ang Assemblies of God, ang Church of God in Christ, at ang Pentecostal Holiness Church ay ilan lamang sa mga denominasyon na nagsimula mula sa gawaing ito. Dagdag pa, ang Pentecostal o "charismatic" na mga grupo ay nabuo rin sa loob ng mga denominasyon na gaya ng sa mga simbahan ng Lutheran at Presbyterian.

Noong huling bahagi ng ika-20 na siglo, ang mga simbahang Pentecostal ang siyang pinakamabilis na lumalagong mga simbahan sa Africa at Asia. Ayon sa *Altas of Global Christianity*, halos 614 milyong mga tao ay bahagi ng gawain ng Pentecostal ngayon.[33] Ang paglago na ito ay nakabatay sa malakas na pagbibigay pansin sa ebanghelismo at sa mensahe na nagpapatotoo sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na bumago ng mga buhay.

## Mga Gawaing Nagtataguyod ng Pagkakaisa sa Ika-20 Siglo

Bago naganap ang Repormasyon, ang pagiging "Kristiyano" ay nangangahulugan ng pagiging isang Romano Katoliko o Eastern Orthodox. Noong ika-16 na siglo, ang pagiging Protestante ay nangangahulugan ng pagiging isang Lutheran, Reformed, Anabaptist, o Anglican. Sa pagbangon ng mga denominasyon kasunod ng Peace of Augsburg at ng Westminster Assembly, ang simbahang Kristiyano ay nahati sa mas lumalawak pang bilang ng mga grupo.[34]

Sa unang bahagi ng ika-20 siglo, sa Estados Unidos pa lang ay mayroon ng 200 na mga Protestanteng mga denominasyon bukod pa sa libu-libong mga independiyenteng mga simbahan. Kaya bilang tugon, sinimulan ng ilang lider na lumikha ng mas mabuting pagkakaunawaan, pagkakaisa, at pagtutulungan sa pagitan ng mga grupong Kristyano.

### Liberal na Gawain ng Pagkakaisa

Sa pasimula ng 1846, sinubukan ng Evangelical Alliance na pag-isahin ang mga simbahan sa Europa sa pagsasama. Ang American Federal Council of Churches, na itinatag noong 1908, ay nagbigay ng pagkakaisa sa 31 na mga Amerikanong denominasyon. Ang organisasyon na ito ay kalaunang naging National Council of Churches of Christ.

Ang pinakamalaking organisasyon na nagbibigay pagkakaisa ay ang World Council of Churches na binuo noong 1948. Nitong 2023, ito ay mayroong 349 miyembrong mga denominasyon mulasa higit 110 na mga bansa.[35]

Sa kasamaang palad, sa pasimula, ang World Council of Churches ay malakas na naimpluwensyahan ng teolohiya na tumatanggi sa katumpakan at awtoridad ng Biblia. Ang

---

[33] Bagamat maraming mga Amerikanong Kristiyano ay pangunahing iniuugnay ang Pentecostalismo sa pagsasalita sa iba't ibang mga wika, hindi ito ang primaryong pagkakakilanlan sa ibang mga bansa. Sa isang pag-aaral ng isang Nigerian na Pentecostal na si Dr. Danny McCain ng Unibersidad ng Jos, natuklasan niyang wala pang kalahati ng mga Pentecostal sa Nigeria ay nagsasabing nakapagsasalita sila sa iba't ibang wika.

[34] Kung nakalimutan mo ang mga katagang ito, balikan ang seksyon sa Aralin 2 hinggil sa Tatlumpung Taong Digmaan at ang pagbangon ng mga denominasyon.

[35] "World Council of Churches," World Methodist Council, na-access noong Setyembre 7, 2023, https://worldmethodistcouncil.org/world-council-of-churches/.

World Council ay higit na interesado sa mga panlipunan, ekonomiya, at pulitikal na mga usapin sa halip na biblikal na doktrina.

**Pagkakaisa sa Pagitan ng mga Ebanghelikal**

Kinikilala ng mga Ebanghelikal na ang tunay na biblikal na pagkakaisa ay nakabatay sa awtoridad ng Biblia. Noong 1940, hinangad ng National Association of Evangelicals na pag-isahin ang mga mananampalataya na may parehas na paninindigan sa biblikal na awtoridad.

Ang mga ebanghelikal ay nakadama ng pagnanais na magkaroon ng pagkakaisa nang sila ay nagtulungan sa pandaigdigang ebanghelismo. Ang pangangaral sa madla nina Billy Graham at Luis Palau ang nagpatuloy sa ebanghelistikong pamamaraan ni D.L. Moody. At habang mga simbahan ay nagtulungan sa pag-oorganisa ng mga ebanghelistikong gawain, nagkaroon rin sila ng paggalang sa isa’t isa.

Isang serye ng kumperensya sa pagbabahagi ng ebanghelyo ang naghatid sa mga Kristiyano na magsama-sama mula sa iba’t ibang denominasyon na pinagmulan. Ang World Congress on Evangelism noong 1966 sa Berlin ay nakakuha ng 1,200 na mga kalahok mula sa higit 100 na mga bansa.

Ang Lausanne International Congress on World Evangelization noong 1974 ay nagkaroon ng 2,500 kalahok mula sa 150 mga bansa. Sa pangunguna ng isang Amerikanong ebanghelista, si Billy Graham at ng isang British na Anglikanong ministro na si John R.W. Stott, ang mga kalahok sa Kongreso ay lumagda sa Lausanne Covenant na nagsasabing, “ang nakikitang pagkakaisa ng simbahan sa katotohanan ay layunin ng Diyos.” Ang Covenant ay nagpahayag ng dalawang layunin para sa pagkakaisa ng Iglesia:

1. Sa theolohikal na pananaw, ang pagkakaisa ng simbahan ay sumasalamin sa pagkakaisa ng Trinidad. Ang pagkakaisa ng simbahan ay kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu, na ginawa posible sa pamamagitan ng krus ni Cristo.

2. Sa praktikal na punto, ang pagkakaisa ng simbahan ay nagbibigay-daan para sa mabisang pangangaral ng ebanghelyo sa mundo.[36]

Hindi tulad ng mga kumperensya ng World Council of Churches, pinagtibay ng Lausanne Congress na ang doktrina ay mahalaga sa gawain ng pandaigdigang ebanghelisasyon. Pinagtibay sa Congress na ito ang banal na inspirasyon at pagiging katiwa-tiwala ng Biblia at ang pananangan kay Cristo lamang para sa kaligtasan. Kinilala sa Congress na ang ebanghelyo ay *parehas* na may sangkap na katarungang panlipunan at ebanghelismo.

Noong 1986, isang sumunod na kumperensya sa Amstermdam ang nakapagtipon ng 8,200 na mga ebanghelista, karamihan ay mula sa Asia, Africa, at Latin America. Minsan pa, ang


---

[36] Bruce L. Shelley, *Church History in Plain Language,* 3rd edition (USA: Thomas Nelson, 2008), 449

congress na ito ay sumang-ayon sa pandaigdigang ebanghelisasyon at sa integridad ng doktrina na mahalaga sa pagkakaisa ng simbahan.

## Ang Paglago ng Pandaigdigang Simbahan

Noong 1910, mayroong 200 milyong mga Protestante sa buong mundo. Pagkalipas ng 100 taon, nagkaroon ng humigit-kumulang na 800 milyong Protestante sa buong mundo. Tinatayang 300 milyon sa mga ito ay mga ebanghelikal.[37]




Ngayon,[38] mahigit 50,000 na misyonero *mula sa* Africa, Asia, at Latin America ang nagmiministeryo sa ibang mga bansa. Ang mga simbahan sa Korea at Tsina ay nagpapadala ng mga libo-libong mga misyonero sa ibang mga bansa. Ang "Back to Jerusalem" na gawain sa Tsina ay nakatalaga para sa paghahatid ng ebanghelyo para sa mga Muslim sa central Asya at sa north Africa. Dagdag pa, ang mga lider ng mga bahay-simbahan ay nananawagan para sa 100,000 na mga misyonero na umalis mula sa Tsina at nagbigay ng hula na 10,000 sa mga ito ay mamamatay bilang mga martir. Marahil, pagdating ng 2025, mas marami na ang mga dayuhang misyonero na nagmumula sa Tsina kaysa sa ibang panig ng mundo.

---

[37]Ang mga istatistika sa araling ito ay nagmula sa *World Christian Database* (2008 na bersyon) at ni Earle E. Cairns, *Christianity through the Centuries* (1996). Sa mga bansa na gaya ng Tsina, ang pagtatantiya ay may malaking pagkakaiba. Ang impormasyon tungkol sa gawain ng pagmimisyon sa Tsina ay nagmula kay Timothy C. Tennent, sa kanyang *Theology in the Context of World Christianity,* (Zondervan, 2007).

[38] Imahe: "Regional Distribution of Christians" from "Global Christianity – A Report on the Size and Distribution of the World's Christian Population" Pew Research Center, Washington, D.C. (Disyembre 19, 2011) nakuha mula sa https://www.pewresearch.org/religion/2011/12/19/global-christianity-exec/, malayang gamitin na may attribution.

Samantala, ang Europa, na siyang historikong sentro ng Kristiyanismo, ay higit ng nangangailangan ng ebanghelyo. Wala pang 10% na mga mamamayang British ang linggu-linggong dumadalo sa simbahan; higit pa sa 50% ang *hindi kailanman* dumadalo ng simbahan. Sa Denmark at Sweden, wala pang isang tao mula sa bilang ang 20 dumadalo sa pagsisimba. Ang ika-21 siglong Kristiyanismo ay tunay na para sa lahat ng nasyonalidad at pangkat etniko at hindi dapat ituring na relihiyon lamang ng mga puti.

Ang sumusunod na tsart ay nagpapakita ng pagbabago sa Kristiyanismo sa buong mundo mula 1900 hanggang 2005. Anim na mga bansa ang napabilang sa top 10 mga bansa noong 2005 na wala sa listahan noong 1910. Lima sa bagong mga bansa ay mula sa Asia at Africa. Mula 10 milyon na mga Kristiyano noong 1910, ang Africa ngayon ay mayroong ng halos 500 milyong mga taong nagsasabi na sila'y Kristiyano. Tinataya rin na limang mga bagong kongregasyon ang naitatatag sa Africa *bawat araw*. Ayon sa prediksyon ng mga iskolar, pagdating ng 2050, 8 sa mga top 10 na mga Kristiyanong bansa ay nasa Asia at Africa.

| **Karamihan sa mga Kristiyano noong 1900** | **Karamihan sa mga Kristiyano noong 2005** | **Karamihan sa mga Kristiyano sa taong 2050 (Tinatantiya)** |
|---|---|---|
| USA | USA | USA |
| Russia | Brazil | Tsina |
| Alemanya | Tsina | Brazil |
| France | Mexico | Congo-Zaire |
| Britain | Russia | India |
| Italya | Pilipinas | Mexico |
| Ukraine | India | Nigeria |
| Poland | Alemanya | Pilipinas |
| Espanya | Nigeria | Ethiopia |
| Brazil | Congo-Zaire | Uganda |

Mga salik na mahalaga sa paglago ng ebanghelikal na simbahan sa buong mundo ay ang mga sumusunod:

### Paninindigan sa Biblikal na Awtoridad

Ang mga malalaki at matatandang mga denominasyon ay nawalan ng malaking porsyento ng bilang ng kanilang miyembro noong ika-20 na siglo. Sa pagitan ng 1925 at 1985, ang bilang ng mga misyonero na mula sa mga denominasyong tumanggi sa awtoridad ng Biblia

ay bumaba mula sa 11,000 hanggang 3,000 na bilang. Sa kabaligtaran, sa pagitan ng 1953 at 1985, ang bilang ng mga ebanghelikal na misyonero ay nagtriple mula 10,000 hanggang 35,000. Sa isang pag-aaral tungkol sa mga denominasyon na hindi naniniwala sa awtoridad ng Biblia, ganito ang matatagpuang mga palatandaan:

1. Ang mga pastor ay nagtuturo na ang Biblia ay hindi kinasihang Salita ng Diyos, ang sinasaad sa Biblia tungkol sa mga himala ay mga alamat lamang, at ang pananampalataya kay Cristo ay isa lamang sa maraming mga daan tungo sa kaligtasan.

2. Ang kahalagahan ng paniniwala ay naglaho. Ang simbahan ay naging panlipunang institusyon lamang.

3. Ang mga tao ay hindi magkukusa na italaga ang kanilang mga sarili sa isang panlipunang organisayon na masigasig na naniniwala sa alamat. Ang simbahan ay nanliit at ang ebanghelistikong misyon at paninindigan ay nanghina.[39]

| Pagbulusok matapos Tumanggi sa Biblia | |
|---|---|
| ↓ | 1. Pagtanggi sa inspirasyon ng Biblia. |
| | 2. Ang simbahan ay naging panlipunang institusyon. |
| | 3. Ang masigasig na paninindigan sa ebanghelismo at misyon ay nanghina. |

Sa parehong mga taon na ang mga denominasyong tumatanggi sa Biblia ay nanghihina at kumukonti, ang mga ebanghelikal na denominasyon naman ay lumalakas at dumarami. Maraming halimbawa ang pwedeng gamitin ngunit magbigay lamang tayo ng tatlo sa puntong ito. Sa pagitan ng 1965 at 1985:

- Ang bilang ng Assemblies of God ay nadoble.
- Ang Church of the Nazarene ay tumaas ng halos 50%.
- Ang Southern Baptist Convention ay tumaas ng halos 40%.

Ang simbahan ay lumalago kapag ang Biblia ay ipinapangaral at inilalapat ng maayos sa buhay ng mga mananampalataya. Subalit ang simbahan ay nahihirapan kapag ang awtoridad ng Biblia ay tinatanggihan; kapag ang mga pastor ay nabibigong mangaral ng mga sermong biblikal, at kapag ang mga layman ay namumuhay sa kusang pagsuway sa mga prinsipyo ng Biblia.

[39] *Vanishing Boundaries*. Binanggit sa Timothy Paul Jones, *Christian History Made Easy* (CA: Rose Publishing, 2009), 167

## Ang Ebanghelyo ay Isinalin para sa Mundo: Wycliffe Bible Translators

Tunay na mabuting itaguyod ang awtoridad ng Biblia, subalit paano naman ang mga taong walang Biblia sa kanilang sariling wika? Kaya't noong 1917, isang misyonero na nagngangalang Cameron Townsend ang naglakbay sa Guatemala upang doo'y maglingkod. Gumamit siya ng mga Biblia sa wikang Espansyol para sa taong naroroon, subalit natuklasan na lamang niya na ang mga taong naninirahan sa kanyang nayon ay hindi nagbabasa ng Espanyol. Sila'y nagsasalita ng Cakchiquel, isang wika na wala pang salin ng Biblia.

Noong 1934, nagsimula si Townsend ng isang paaralan na nagsasanay sa mga tao sa pagsasalin ng Biblia. Pagkatapos nito, noong 1942, itinatag niya ang Wycliffe Bible Translators para sa layuning magbigay ng salin ng Biblia sa bawat wika sa buong mundo.

Pagsapit ng 2013, ang buong Biblia ay naisalin na sa mahigit 500 na mga wika; ang Bagong Tipan ay isinalin sa mahigit 1,800 na mga wika; at mayroong isang aklat sa Biblia na naisalin sa mahigit 2,800 na mga wika. Ang pagkakaroon ng Biblia sa bawat lokal na wika ay tumulong sa paglago ng mga simbahan sa buong mundo.

Gayunpaman, marami pa rin ang dapat gawin. Humigit-kumulang 1,900 na mga wika ay wala pa ring pagsasalin ng Biblia. Milyon-milyon pa ring mga tao ang naghihintay sa Salita ng Diyos na maipahayag sa kanilang sariling wika. Sa kataga pa ng isang ebanghelikal na pinuno na si Carl F.H. Henry, "Ang ebanghelyo ay mabuting balita lamang kung ito ay nakarating sa isang lugar sa tamang panahon."

► Ano ang iyong magagawa upang ang Salita ng Diyos ay maihatid sa grupo ng mga taong wala pa nito?

## Ang Paglago ng Pandaigdigang Simbahan (Pagpapatuloy)

### Isang Paninindigan para sa Katutubong Liderato

Ang isang *katutubong* simbahan ay yaong pinapangunahan at sinusuportahan ng mga mananampalataya na katutubo sa gayong lokal na kultura, sa halip na pinapangunahan ng mga misyonero na mula sa ibang bansa o kaya'y pinopondohan ng mga mananampalataya sa ibang lugar. Ang mga katutubong simbahan ay palagay ang loob sa kanilang sariling kultura at sinasagawa ang kanilang kultura, liban lang sa mga bagay na ang prinsipyong Kristiyano ay gagawin silang naiiba. Ang mga simbahan na mahusay sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa pamamagitan ng ebanghelismo at pagtatatag ng mga bagong simbahan ay ang mga katutubong simbahan.

Ang katutubong liderato sa simbahan ay hindi isang bagong konsepto. Sa aklat ng mga Gawa, si Pablo ay nagtatag ng mga simbahan na kayang suportahan, pamahalaan at palaganapin ang mga sarili. Noong ika-19 na siglo, hinikayat ni Henry Venn ang pagkakahirang kay Samuel Crowther bilang isang Anglican na obispo sa Africa at hinangad naman ni William Carey na makabuo ng isang katutubong simbahan sa India.

> "Nitong nakaraang Linggo, possible na mas maraming Kristyanong mananamplataya ang dumalo ng simbahan sa Tsina kaysa sa lahat ng bahagi ng tinaguriang 'Kristiyanong Europa.' Subalit noong 1970, walang legal na umiiral na mga simbahan sa lahat ng bahagi ng Tsina."
>
> -Mark Noll

Ang simbahan sa Tsina ay naging modelo ng katutubong liderato sa simbahan sa ika-20 na siglo. Nang ang mga misyonero ay sapilitang pinaalis sa Tsina dahil sa Maoist Revolution noong 1950, mayroong tinatayang 500,000 na nabinyagang Protestante sa Tsina. At noong 1996, ang bilang na ito ay lumago sa hindi bababa sa 33 milyon. Marami pang mga pagtatantiya ang ginagawa ngayon sa kabuong bilang mga Kristiyano sa Tsina na umaabot halos 100 milyon.

Isa pang halimbawa ng katutubong liderato at paglago ay makikita sa East Africa. Noong 1937, dahil sa pananakop ni Mussolini, maraming mga misyonero ang napilitang lisanin ang tribo ng Walmo sa Ethiopia. Noong sila ay umalis, mayroong 48 na mga mananampalataya sa tribo; subalit nang ang mga misyonero ay bumalik noong 1945, nakita nila ang higit pa sa 10,000 na mga mananampalataya.

### Isang Sigasig para sa Revival

Sa buong kasaysayan ng Iglesia, ang mga panahon ng revival ay naging mahalaga para sa paglago ng simbahan. Ang mga revival sa unang bahagi ng ika-20 na siglo na naitala sa Aralin 4 ay naglatag ng pundasyon para sa paglago ng simbahan sa Korea at Tsina.

Ang 1935 na revival sa Uganda, Kenya at Tanzania ay naghatid ng libo-libong mga bagong mananampalataya tungo sa ebanghelikal na mga simbahan. Ang revival sa pulo ng Indonesia sa Timor noong 1960 ay naghatid sa mga simbahan roon na maging triple ang bilang mula sa 100,000 na mga miyembro tungo sa mas higit pa sa 300,000. Ang mga mananaliksik sa simbahang Afrika ay nag-ulat ng pagtatantiya na 40%ng mga Afrikano ay lumipat na mula sa kanilang tradisyunal na mga relihiyon tungo sa Kristiyanismo noong ika-20 na siglo.[40]

## Konklusyon: Mga Hamon para sa Simbahan Ngayon

Sa maraming paraan, masasabi na ang paglago ng mga katutubong simbahan ay isa sa mga malalaking tagumpay ng ika-20 siglo na Kristiyanismo. Subalit, ang paglago ay may

[40] Peter Jenkins, *The Great and Holy War* (NY: Harper, 2014), 317

kaakibat na mga bagong hamon. Ang mga hamon na kinakaharap ng pandaigdigang simbahan ngayon ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

**Teolohikal na Integridad**

Sa ika-21 na siglo, gaya na rin noong unang siglo, naging banta ang mga bulaang tagapagturo sa katotohanan ng ebanghelyo. Babala ni Pedro, "Ngunit may lilitaw ding mga bulaang propeta sa gitna ng sambayanan, kung paanong sa inyo'y magkakaroon ng mga bulaang guro, na palihim na magpapasok ng mga nakapipinsalang turo. Itatakuwil nila pati ang Panginoon na bumili sa kanila, na nagdadala sa kanilang sarili ng mabilis na pagkapuksa. At maraming susunod sa kanilang mga gawang mahahalay, na dahil sa kanila ay lalaitin ang daan ng katotohanan" (2 Pedro 2:1-2). Ang babala na ito ni Pedro ay mabisa pa rin hanggang ngayon. Sa panahon ng mabilis na paglago, hindi dapat kalimutan ng mga simbahan ang biblikal na katotohanan. Ang pandaigdigang simbahan ngayon ay nangangailangan ng pastoral na pagsasanay na huhubog sa mga pinuno ng simbahan na magkaroon ng biblikal na pundasyon, etikal na integridad, at abilidad sa pamumuno.

**Ugnayan sa Pagitan ng Simbahan at ng Sanlibutan**

Ang pag-usbong ng mga katutubong simbahan ay nagdulot ng mga bagong hamon na katulad ng hinarap ng sinaunang Iglesia. Tanong ng sinaunang Iglesia, "Aling mga bahagi sa kultura ng Hentil ang neutral at aling mga bahagi ang laban sa ebanghelyo?" Dahil ang ebanghelyo ay patuloy na inilalapat sa bawat kultura, bawat simbahan ay haharap sa tanong na ito sa panibagong mga pamamaran. Alin sa kultural na gawi, kaugalian, mga pagdiriwang, panitikan, at musikal na mga produksyon ang masasabing neutral sa moral? Aling mga aspeto ang nakaugnay sa relihiyosong paniniwala na laban sa Kristiyanong pananampalataya?

►Anong mga teolohikal na isyu ang nagbabanta sa integridad ng simbahan sa iyong komunidad? Anong mga bahagi ng iyong kultura ang nagsisilbing hamon sa mga mananampalataya?

**Aralin 6, Takdang Aralin**

(1) Ibigay ang limang pundasyong doktrina ng pananampalataya kung saan ang isang serye ng akademikong mga sanaysay ay naisulat noong 1910-1915. Magsulat ng isang talata tungkol sa bawat doktrina na nagpapakita kung bakit mahalaga ito sa biblikal na Kristiyanismo. Ano ang nangyari sa mga pastor at simbahan na nakipagkompromiso o tumanggi sa doktrinang iyon?

(2) Ano ang malaking pagkakaiba ng mga simbahan sa iyong bansa? Kapanayamin ang isang pinuno ng simbahan na mula sa isang Kristiyanong tradisyon na ibang-iba sa inyo (kung maaari isang simbahan na kontektado sa gobyerno o isang denominasyon na itinuturing mong hindi gaanong ebanghelikal) at magtanong tungkol sa kasaysayan ng kanilang denominasyon. Mga posibleng itanong:

- Ano ang pinagkaiba ng iyong denominasyon sa iba?
- Ang iyong denominasyon ba ay nagbago/nailipat mula sa orihinal nitong layunin/binibigyang diin?
- Ano ang ilan sa mga hamon na hinarap ng iyong denominasyon sa kasaysayan nito?
- Ano ang ilan sa mga lakas ng iyong denominasyon?
- Ano ang ilan sa mga kahinaan ng iyong denominasyon?

Isulat ang kanilang mga sagot sa iyong mga tanong at pagkatapos ay sumulat ng maikling buod ng iyong natutunan mula sa pag-uusap na ito.

(3) Magsulat ng 1-2 na pahina na sanaysay na kung saan tumutugon ka sa mga hamon na naitala sa araling ito. Maaari mong sagutin ang mga teolohikal na isyu gaya ng liberalismo o ang isang praktikal na isyu na gaya ng pangangailangan para sa katutubong liderato. Ang iyong sanaysay ay dapat na nasa dalawang bahagi:

- Ipaliwanag kung bakit mahalaga ang isyung ito sa iyong simbahan.
- Magbigay ng ilang ideya para matugunan ang problema sa iyong simbahan.

# Aralin 7
# Mga Aral mula sa Kasaysayan ng Iglesia

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, magagawa ng mag-aaral na:

(1) Malaman ang mga mahahalagang aral mula sa kasaysayan ng iglesia.

(2) Mailapat ang mga aral mula sa kasaysayan ng iglesia sa ministeryo ngayon.

## Pambungad

Sa Bibliyang Hebreo, ang "Historikal na mga Aklat" ay tinatawag na "Dating (o Sinaunang) mga Propeta." Ang pangalan ay nagpapakita ng layunin ng biblikal na kasaysayan. Ang gawain ng isang propeta ay ang maghatid ng mensahe sa bayan ng Diyos. Ang layunin ng Historikal na mga Aklat ay propetikal: ang ihatid ang mensahe ng Diyos sa bayan ng Diyos.

Ang mensahe ay minsang nasa anyo ng magagandang halimbawa na dapat tularan. Halimbawa, si David ay isang taong ang puso'y alinsunod sa puso ng Diyos. Nang ang buong Israel ay natakot kay Goliat, hinarap ni David ang Filisteong ito sa ngalan ng PANGINOON ng mga Hukbo (1 Samuel 17:45). Ang halimbawa ng katapatan ni David sa Diyos ay nagbibigay sa atin ng halimbawa ngayon.

Ang mensahe naman kung minsan ay anyo ng masamang halimbawa na dapat iwasan. Halimbawa, sa kabila ng mga tagumpay ni David, nagkasala pa rin siya laban kay Bathseba at Urias. Sa mga sumunod na buhay ni David, inani niya ang bunga ng pagkakasalang iyon. Ang kasalanan ni David ay nagbibigay sa atin ngayon ng babala.

Isa pang halimbawa ng aral na mapupulot sa kasaysayan ay matatagpuan sa aklat ni Judas sa Bagong Tipan. Nagbabala si Judas laban sa "mga hindi maka-Diyos, na kanilang pinalitan ng kahalayan ang biyaya ng ating Diyos, at itinatatuwa ang kaisa-isa nating Pinuno at Panginoon na si Jesu-Cristo" (Judas 1:4). Inihambing ni Judas ang mga taong ito sa mga taong nabuhay sa kasaysayan ng Biblia. Ikinumpara niya ang kanilang ugali sa mga mahahalay ng Sodoma at Gomora (1:7). Yaong mga makasalanang lungsod na "inilagay bilang halimbawa, na nagdaranas ng kaparusahan sa apoy na walang hanggan." Ang kaparusahan sa Sodoma at Gomora ay nagsisilbing babala laban sa mga taong namumuhay na gaya ng mga bulaang guro na binanggit niya. Pagkatapos ay nagbalik tanaw si Judas (1:11) sa mga historikal na pangyayari na nagbibigay babala laban sa paghihimagsik at pagsuway: ang handog ni Cain, kahangalan ni Balaam, at ang paghihimagsik ni Kora.

Bakit binanggit ni Judas ang aral na ito sa kasaysayan? Sapagkat ang pamumuhay nina Cain, Balaam, at Kora ay nagsisilbing babala sa mga tao ng kapanahunan ni Judas. Ang kasaysayan ay nagtuturo ng mga aral sa kasalukuyan. Nagbibigay ito ng babala laban sa

mga panganib at nagtuturo ng mga positibong halimbawa. Sa pamamagitan ng pagkatuto sa mga aral ng kasaysayan, magagawa nating iwasan ang mga pagkakamali ng nakaraan. Sa araling ito, babalikan natin ang mga aral na ating natutuhan mula sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia.

## Unang Aralin: Isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang Layunin sa Kasaysayan ng Sangkatauhan

Maraming beses na sinubukan ng mga kaaway ni Cristo na sirain ang simbahan, subalit ipinapakita sa kasaysayan ng simbahan na ang Diyos ay higit na malakas kaya sa sinumang kaaway. Sa kabila ng mga kaaway ng iglesia, isinasakatuparan ng Diyos ang Kanyang layunin sa kasaysayan ng sangkatauhan.

Sa ating pag-aaral ng biblikal na kasaysayan, makikita natin ang soberanya ng Diyos. Isinakatuparan Niya ang kanyang mga layunin sa kabila ng pagsalungat ni Faraon at Nebokadnesar. Ginamit ng Diyos si Cyrus upang ibalik ang mga Judio sa Jerusalem. Ginamit niya si Caesar Augustus para dalhin sina Jose at Maria sa Bethlehem. Ipinakikita ng kasaysayan ng Biblia na ang Diyos ay soberano.

Sa gayunding paraan, makikita natin ang soberanya ng Diyos sa ating pag-aaral sa kasaysayan ng iglesia. Noong unang bahagi ng ika-apat na siglo, sinubukan ni Diocletian na sirain ang simbahan sa pamamagitan ng pagpatay sa mga pinunong Kristiyano; subalit, sa loob ng 20 taon, ang Kristiyanismo ay naging opisyal na relihiyon ng Imperyong Roma. At noong ika-pitong siglo, tinangka ng mga Muslim na itaboy ang Kristyianismo sa Afrika; ngunit ngayon, nakakakita tayo ng malaking pagkiling sa ebanghelyo ng mga Muslim. Maraming mga Muslim ang naaakay sa pananampalataya kay Cristo

**Makapangyarihang Muog ang ating Diyos**

"Isang makapangyarihang muog ang ating Diyos,
ang tanggulang hindi magigiba;
Siya'y ating katuwang sa gitna ng baha
ng namamayaning hirap sa lupa.
Ating sinaunang kalaba'y
nais ay ating kasawian;
Katusuhan at kapangyarihan niya'y dakila
At nabalot ng malupit na pagkasuklam,
Siya'y walang kapantay sa balat ng lupa.

Kung tayo'y magtitiwala sa ating sariling lakas,
ang pagsusumikap nati'y sa kagapian magwawakas
Ngunit sinong Karapat-dapat ang nasa sa ating panig,
diba't Siyang hirang ng Diyos sa langit?
Sino nga siya?
Siya'y si Jesu-Cristo;
Panginoong Sabaoth ang Kanyang pangalan,
Hindi nagbabago kaylanman
Tiyak Niyang ipapanalo ang laban.

Ang kahit na ang mundo'y puno ng kampon ng kadiliman,
Na tangka'y burahin tayo sa sangkalupaan,
Hindi tayo dapat matakot, ang Diyos ay nalugod
na sa pamamagitan nati'y katotohana'y nataguyod.
Ang Prinsipe ng Kadiliman ay nayayamot;
Di tayo nanginginig sa kanyang simangot;
Mababata natin ang kanyang poot;
Yamang katapusan niya'y tiyak na;
Oo, sa gapitik na salita'y babagsak siya."

- Himno tungkol sa soberanya ng Diyos
ni Martin Luther

simula noong 1990 kaysa sa nakaraang 14 na mga siglo, pagsamahin man ang mga siglong ito. Noong ika-15 na siglo, sinubukan ng Simbahang Romano Katoliko na wasakin ang Protestanteng Repormasyon sa pamamagitan ng pagpatay sa mga namumuno rito. Gayunma'y lumaganap ang mga Protestanteng revival sa iba't ibang panig ng mundo.

Noong ika-20 siglo, kumilos ang Diyos upang lumaganap ang ebanghelyo sa buong Tsina, sa kabila ng pagsalungat ni Mao Tse-Tung. At noong 1966, isang ulat sa South China Morning Post ang nag-anunsyo na ganito ang sinasabi, "ANG KRISTIYANISMO SA SHANGHAI AY MAGTATAPOS NA." Sinabi sa artikulo, "Ang huling pahina ng kasaysayan ng relihiyong Kristiyano sa Shanghai ay naisulat noong Agosto 24."

Subalit mahigit 50 taon pagkatapos ng ulat na iyon, mayroong dose-dosenang simbahan at mahigit 100,000 mga Kristiyano ang nasa siyudad ng Shanghai ngayon. Nagpapakita ang kasaysayan ng Iglesia na ang Diyos ay soberano.

Bilang mga ika-21 siglo na mga Kristiyano, mapagkakatiwalaan natin ang soberanya at katapatan ng Diyos. Sa ating pagharap sa mga panggigipit ng ating lipunan, alam natin na ang Diyos na naging tapat sa mga Kristiyanong humarap ng pagsalungat at pag-uusig noong ikalawang siglo ay magiging tapat rin sa atin ngayon. Isinasakatuparan ng Diyos ang kanyang layunin sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ito ay nagbibigay sa atin ng kapanatagan na harapin ang kinabukasan.

### Ikalawang Aralin: Kumikilos ang Diyos sa Pamamagitan ng mga Tao

Bagaman *magagawang* isakatuparan ng soberanong Diyos ang kanyang mga layunin na hindi gumagamit ng mga tao, pinili niya pa rin sa diwa ng biyaya na kumilos sa pamamagitan ng mga tao. At sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng Biblia, makikita natin na ang Diyos ay kumilos sa pamamagitan ng mga matapat na taong gaya nina Abraham; kumilos siya sa pamamagitan ng taong may kapintasan na gaya ni Jacob. Kumilos siya sa pamamagitan ng matalinong isipan ni Apostol Pablo, at kumilos siya sa pamamagitan ng prankang pag-iisip ni Simon Pedro.

Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia, makikita natin ang ganitong parehas na prinsipyo. Ang Diyos ay kumilos sa pamamagitan ng mga taong may iba't ibang personalidad, kakayahan, at katatayuan sa lipunan. Noong Repormasyon, ang Diyos ay kumilos sa pamamagitan ng prankang pananalita ng isang German na monghe na si Martin Luther – at sa pamamagitan rin ng isang dalubhasa sa klasiko na si Erasmus. Sa Methodist revival, kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng isang iskolar sa Oxford na si John Wesley – at sa pamamagitan ng sariling pag-aaral ng isang mangangaral na si Francis Asbury.

Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia, natunghayan natin na **ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng mga taong mapanalanginin**. Sa Aralin 4, nakita natin ang dakilang revival at gawain ng pagmimisyon noong ika-19 na siglo. Nakakapanabik ring makita kung paanong ang Diyos ay kumilos sa pamamagitan ng mga taong gaya nina William Booth, William Carey, at Samuel Ajayi Crowther upang isakatuparan ang kanyang

mga layunin. Subalit, hindi natin dapat kalimutan ang 100-taon na pagpupulong sa panalangin na nagsimula sa matahimik na grupo ng mga Moravians noong 1727. Bagamat ang mga pangalan ng mga tao sa pulong-panalangin na iyon ay hindi natin kilala, ang bunga ng kanilang panalangin ay nakita sa mga revival na lumaganap noong siglo na iyon.

Noong 1906, narinig ng isang grupo ng mga misyonero sa Korea ang mga revival sa Wales at India. May 20 mga misyonero ang nagsimulang manalangin ng araw-araw para sa revival. At noong unang bahagi ng 1907, sa loob ng isang linggo ng araw-araw na pananalangin sa isang simbahan sa Pyongyang, nagsimulang kumilos ang Diyos. Isang matanda sa isa sa mga simbahan ang tumayo upang ipagtapat ang isang nakatagong kasalanan. Ang pagtatapat na ito ay nagbukas ng daan para sa Espiritu ng Diyos. Hanggang 2 a.m. ng madaling araw, dose-dosenang tao ang nagkukumpisal ng kasalanan at humihingi ng kapatawaran. At sa sumunod na dalawang buwan, mahigit 2,000 tao ang lumapit kay Cristo sa Pyongyang. At sa sumunod na tatlong taon, mahigit 80,000 na mga akay sa Panginoon ang naligtas sa buong Korea. Ang Diyos ay kumikilos bilang tugon sa panalangin.

Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng Iglesia, nakikita natin na **ang Diyos ay kumikilos sa pamamgitan ng mga taong may pasyon o sigasig sa pagmimisyon**. Sa Aralin 5 ay nabasa natin ang pangitain ni Booth para sa mga di-mananampalataya; "Mga kaluluwa! Mga kaluluwa! Mga kaluluwa! Ang aking puso ay nagugutom para sa mga kaluluwa." Ang sigasig na ito ay makikita sa maraming mga kalalakihan at kababaihan na ginamit ng Panginoon upang baguhin ang kasaysayan ng simbahan. Ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng mga kalalakihan at kababaihan na mayroong puso na nagmamahal sa mga tao tulad ng pagmamahal ng Diyos. Mula kay Apostol Thomas na naglakbay sa India noong unang siglo hanggang kay Cameron Townsend na inilaan ang buhay para sa pagsasalin ng Biblia noong ika-20 siglo, ang Diyos ay kumilos sa pamamagitan ng mga kalalakihan at kababaihan na mayroong sigasig sa pag-akay ng mga kaluluwa.

Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng Iglesia, nakikita natin na **ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng mga taong ganap na sumuko sa kanyang kalooban.** Isa sa mga dakilang ebanghelista ng ika-19 na siglo ay si Dwight L. Moody. Walang mataas na pinag-aralan si Moody, subalit itinalaga niya ang sarili sa Diyos. Isang araw, ang kanyang kaibigan ni si Henry Varley ay nagsabi ng ganito, "Hindi pa nakikita ng mundo kung ano ang magagawa ng Diyos sa, para sa, at sa pamamagitan ng isang taong ganap at buong nakatalaga para sa kanya." Sinimulang pag-isipan ni Moody ang mga salita ni Varley. Ang Diyos ay hindi humihingi ng edukasyon, kayamanan, o dakilang kakayahan. Siya ay naghahanap ng "isang taong ganap at buong nakatalaga para sa kanya." At ipinasya ni Moody na maging isa sa mga taong iyon. At si Moody nga ay naging isa sa mga dakilang ebanghelista sa kasaysayan. Nagtatag siya ng Bible college at Christian publishing na kumpanya, na nagpapatuloy pa rin sa nakalipas na 100 taon matapos ang kamatayan ni Moody. Tunay na ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng mga taong ganap na sumuko sa kanyang kalooban.

## Mga Dakilang Kristiyano na Dapat Ninyong Makikilala: Frank Crossley – Isang Ordinaryong Kristiyano

Si Frank Crossley (1839-1897) ay isang negosyante sa Manchester England. Ipinakita niya kung paano ginagamit ng Diyos ang isang ordinaryong tao na ganap na sumuko sa kanya. Matapos niyang mapakinggan ang patotoo ng isang tinedyer na babae sa Salvation Army, nagpatotoo si Crossley sa kanyang naranasang ganap na pagbabanal. Di nagtagal, agad na nakipag-ugnayan si Crossley kay General William Booth upang maging isang ministro sa Salvation Army. Ngunit tugon ni Booth, "Ginawa ka ng Diyos na isang negosyante. Gamitin mo ang iyong negosyo para sa kaharian ng Diyos." Tinanggap ni Crossley ang payo ni Booth at pinaglingkuran ang kaharian ng Diyos sa dalawang pamamaraan.

Una, ginamit ni Crossley ang kanyang kayamanan upang suportahan ang ebanghelismo. Sa panahon ng kanyang buhay, nagbigay siya ng milyun-milyong dolyar sa Salvation Army. Ang kanyang negosyo ay nagbigay sa kanya ng pagkakataong suportahan ang pagpapalaganap ng ebanghelyo.

Ikalawa, at higit na mahalaga, sinunod ni Crossley ang mga prinsipyong Kristiyano sa kanyang pang-araw-araw na negosyo. Inilipat niya ang kanyang pabrika sa pinakamahirap na lugar sa Manchester at nagbigay ng mga trabaho sa mga nangangailangan. Nang maglaon, ibinenta niya ang kanyang bahay upang manirahan kasama ng mga tao sa industriyal na lungsod na ito. Bumili siya ng isang lumang music hall, ang Star Hall, at itinalaga ito sa gawain ng pagmimisyon.

Kahit pagkatapos ng pagkamatay ni Crossley, nagpatuloy pa rin ang Star Hall bilang isang Bible School, Christian publishing house, at lugar ng pagtitipon para sa kumbensyon ng pagpapakabanal para sa gawain ng Salvation Army. Si Frank Crossley ay hindi isang mangangaral at hindi rin naging isang misyonero sa ibang bansa; siya ay isang Kristiyano – at ito ay sapat na. Ipinamuhay niya ang panawagan ni Pablo na maging "mga anak ng Diyos na walang dungis sa gitna ng isang salinlahing liko at masama, na sa gitna nila'y lumiliwanag kayong tulad ng mga ilaw sa sanlibutan" (Filipos 2:15). Libu-libong mga buhay ang nahipo ng ebanghelyo sa pamamagitan ng buhay ni Frank Crossley; 20,000 na mga t ao ang dumalo sa libing ng "ordinaryong Kristiyano" na ito.

## Ikatlong Aralin: Ang Diyos ay Kumikilos sa Pamamagitan ng Kanyang Iglesia

Ang kasaysayan ng iglesia ay kakikitaan ng maraming madidilim na yugto. Mayroong buong siglo na kung saan ang isang institusyunal na simbahan ay kakikitaan lamang ng kakaunting tanda ng espirituwal na buhay. Subalit, nagpatuloy pa ring kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng simbahan upang isakatuparan ang kanyang mga layunin.

Sa ating pag-aaral ng biblikal na kasaysayan, nakikita natin ang kahalagahan ng simbahan para sa mga layunin ng Diyos. Mula sa simbahan sa Antioch, ang ebanghelyo ang lumaganap sa buong Asia Minor at sa kanlurang daigdig. Ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng kanyang iglesia.

Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia, nakikita natin na patuloy na kumikilos ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang iglesia. Ang iglesia ay nagsisilbing sanggalang laban sa mga maling katuruan. Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia, tayo ay napapaalalahanan hinggil sa pangunahing katuruang Kristiyano; ito ang mga doktrina na pinaniniwalaan ng bayan ng Diyos sa iba't ibang dako ng mundo sa lahat ng panahon. Nagbigay ng malaking diin si Pablo sa gampanin ng simbahan. Isinulat niya na ang simbahan ay "haligi at suhay ng katotohanan" (1 Timothy 3:15).

Sapagkat ang Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ng kanyang iglesia, dapat nating alalahanin ang ilang katotohanan tungkol sa iglesia:

**(1) Ang Iglesia ay dapat na manatiling gutom para sa revival.**

Ang kasaysayan ng iglesia ay nagpapakita ng paulit-ulit na pangangailangan natin ng revival. Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia, nakikita natin na ang pag-uusig ay hindi sapat upang malupig ang iglesia. Sa kabila ng panghahadlang ng mundo, ang iglesia ay nananatiling nakatayong malakas. Sa katunayan, ang iglesia ay madalas na lumalago sa panahon ng pag-uusig. Hindi sapat ang pag-uusig upang sirain ang iglesia.

Subalit, ang kawalang-interes at kompromiso ay mabisang nakakasira sa patotoo ng iglesia. At dahil rito, dapat nating panatilihin ang ating sigasig. Dapat tayong manatiling gutom para sa espirituwal na pagbabago at revival.

Ang mga yugto ng revival na gaya ng Repormasyon, ng Wesley revival, ng Great Awakening, at ng pandaigdigang revival na nagsimula noong ika-20 na siglo ay naghatid ng bagong espirituwal na buhay at sigasig para sa ebanghelismo ng iglesia. Ang tunay na revival sa loob ng iglesia ay naghatid ng sariwang sigasig para sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga taong nasa labas ng simbahan. Hindi natin dapat hayaan ang katamlayan na maging pamantayan para sa simbahan.

> "Oh Diyos, na Ama ng aming Panginoong Jesu-Cristo, na siya naming tanging Tagapagligtas, ang Prinsipe ng Kapayapaan: Bigyan mo kami ng biyaya na taimtim at taus-pusong makita ang malaking panganib na aming kinalalagyan dahilan sa aming di-nakalulugod na pagkakabaha-bahagi. Alisin mo sa amin ang lahat ng galit at masamang pagtingin, at anumang bagay na humahadlang sa amin upang magkaroon ng maka-Diyos na ugnayan at pagkakaisa: na kung paanong mayroon lamang isang katawan at isang Espiritu, at isang pag-asa ng aming pagkakatawag, isang Panginoon, isang bautismo, isang Diyos at Ama naming lahat, nawa'y mula ngayon ay magkaroon kami ng iisang puso, iisang kaluluwa, na nagkakaisa sa banal na bigkis ng katotohanan at kapayapaan, pananampalataya at pag-ibig; at nawa'y sa iisang isipan at labi ay luwalhatiin ka namin: sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na aming Panginoon. Amen."
>
> \- Thomas Cranmer

**(2) Dapat na pangalagahan ng iglesia ang pagpapanatili ng pagkakaisa.**

Ipinapakita sa kasaysayan ng iglesia ang inklinasyon ng simbahan sa pagkakabaha-bahagi. Sa kanyang panalangin bilang Punong Saserdote, nanalangin si Jesus para sa iglesia.

> Gayunma'y hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga sumasampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita, upang silang lahat ay maging isa. Gaya mo, Ama, na nasa akin at ako'y sa iyo, sana sila'y manatili sa atin, upang ang sanlibutan ay sumampalataya na ako'y isinugo mo. (Juan 17:20-21)

Isa itong makapangyarihang panalangin! Nanalangin si Jesus na ang iglesia ay maging isa. Sa pamamagitan ng pagkakaisang ito, sinabi niya na ang mundo ay maniniwala na siya’y isinugo ng Diyos. Ang pagkakaisa ng iglesia ay nagsisilbing patotoo kay Cristo. Ito ay makapangyarihang panalangin. Subalit kay lungkot, na hindi laging hinahangad ng mga Kristiyano ang pagkakaisa na ipinahayag ni Jesus.

Dahil ang pagkakaisa ng iglesia ay nagsisilbing saksi para kay Cristo, laging sinisikap ni Satanas na hatiin ang iglesia. Ang mga pagkakabaha-bahagi at alitan sa iglesia ay madalas na nagsisilbing saksi *laban* sa ebanghelyo. Kapag babasahin natin na may mga Kristiyano na pumapatay ng ibang Kristiyano noong panahon matapos ang Repormasyon, makikita rin natin dito ang matinding halimbawa ng pagkakabaha-bahagi sa iglesia. Sa paglipas ng mga siglo, ang mga simbahan ay nagkawatak-watak ng dahil sa maraming isyu; may iba na mahalaga at may iba na hindi gaanong mahalaga.

Hindi ito nangangahulugan na dapat tayong maghanap ng pakunwaring “pagkakaisa” na binabalewala ang mga pagkakaiba. Ang pagkakaiba sa kanyang sarili ay hindi naman masama. Ang mga denominasyon ay umiiral sapagkat ang mga Kristiyano ay may magkakaibang mga paninindigan tungkol sa ilang mahalagang isyu. Mayroong pakinabang kapag sumasamba ka kasama ng mga mananampalatayang kaparehas mo sa paninindigan.

Subalit ang panganib ay wala sa pagkakaiba; ang panganib ay kapag hinahati natin ang mahalagang pagkakaisa sa iglesia ng dahil sa pagkakaiba ng mga paninindigan. Bilang mga mananampalataya, dapat na pahalagahan natin ang teolohikal na paninindigan ng ating pananampalatayang tradisyon, at igalang sa kabilang banda ang patotoong Kristiyano nilang hindi natin kasang-ayon. Napapanatili nito ang pagkakaisa sa iglesia habang iginagalang ang mga pagkakaiba sa loob ng katawan ni Cristo.

**(3) Ang iglesia ay dapat na manatiling tapat sa katotohanan ng Biblia.**

Paulit-ulit, ang iglesia ay laging may kinakaharap ng mga bulaang guro. Sa bawat henerasyon—mula sa kanilang tumanggi sa pagkaDiyos ni Jesus noong unang siglo, sa pamamagitan ni Arius noong ika-apat na siglo, at sa ilan ngayon na patuloy na tumatanggi sa doktrina ng Banal na Trinidad—laging sinusubukan ng mga bulaang guro na iligaw ang bayan ng Diyos. Ang sabi ni Martin Luther, “Saanman na ang Diyos ay nagtatatag ng isang simbahan, ang diyablo naman ay nagtatatag rin ng isang kapilya sa tabi nito.” Sa madaling

salita, laging sinusubukan ni Satanas na salakayin ang tunay na Iglesia sa pamamagitan ng mga bulaan.

Mayroong tatlong aral na dapat nating tandaan tungkol sa mga bulaang guro.

***Ang mga bulaang guro ay mapanlinlang.***

Hindi ipinapahayag ng mga bulaang guro, "Ako ay nagtuturo ng maling aral! Sinisikap kong linlangin ang iglesia." Sa halip, sila'y kumikilos na katulad ng mga anghel ng liwanag (2 Corinto 11:13-14). Madalas silang nagsisimula sa mabuting katuruan ngunit unti-unti ring lumalayo mula sa katotohanan.

Ilan lamang mga bulaang mangangaral ang tumatanggi sa lahat ng biblikal na katotohanan. Sa halip, ang ginagawa nila ay binabaluktot ang ilang mga bahagi ng ebanghelyo. Ganito ang ginawa ng Simbahang Romano Katoliko nang binaluktot nila ang katuruan ni Pablo hinggil sa awtoridad ng simbahan upang ipahayag na hawak daw ng santo papa ang mga susi sa kalangitan para sa lahat ng tao. Gayundin naman, binabaluktot rin ng mga bulaang guro ngayon ang katuruan ni Jesus upang palabasin na ang mga Kristiyano raw ay may karapatang iutos sa Diyos na pagalingin ang lahat ng uri nilang karamdaman na hindi kinakailangang magpasakop sa kanyang kalooban. Ang mga salitang ito ay tila *malapit* sa katotohanan, subalit ang turong ito ay mapanlinlang.

***Ang mga bulaang guro ay umaapela sa mga pagnanais ng tao.***

Ang mga bulaang guro ay umaapela o nagsusumamo sa makalamang pagnanasa sa halip na sa katotohanan. Ngunit babala ni Pablo, "Sapagkat darating ang panahon na hindi nila matitiis ang wastong aral; kundi, sa pagkakaroon nila ng makakating tainga, ay mag-iipon sila para sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling pagnanasa, at tatalikod sa pakikinig sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at babaling sa mga kathang-isip" (2 Timoteo 4:3-4). Sa madaling salita, nakita ni Apostol Pablo ang panahon na ang mga tao ay maghahanap ng mga tagapagturong umaakit sa kanilang makalamang pagnanasa.

Hindi magtatanong ang mga bulaang guro na, "Ano ang *kailangan* ng aking mga tagasunod?" Sa halip, tinatanong nila, "Ano ang gusto ng aking mga tagasunod?" Sinusubukan nilang bigyang lugod ang mga pagnanasa ng mga nakikinig sa kanila. Subalit kontra rito, ang tunay na pastor ay magtatanong ng ganito, "Ano ang kailangan ng aking simbahan na marinig mula sa Diyos?"

***Ang katapatan sa Biblia ang siyang sagot sa mga bulaang guro.***

Ang pinakamadilim na yugto ng kasaysayan ng iglesia ay yaong panahon na tinalikuran ng simbahan ang awtoridad ng Biblia. Sa nakaraang mga panahon, ang mga obispo ng Romano Katoliko ay nagpahayag ng awtoridad na kapantay sa Biblia. Sa ika-20 siglo, may ilang mga theologian na tumalikod sa awtoridad ng Biblia. Sa bawat pagkakataon, ang simbahan ay nalalagay sa paghihirap kapag ang Salita ng Diyos ay binabalewala.

Noong ika-20 siglo, ang mga ebanghelikal na simbahan na tapat sa Biblia ay nakakita ng malawakang paglago. Ang mga malalaki at matatandang mga denominasyon na tumalikod sa Biblia upang maging angkop sa kultura ay nanliit hindi lamang sa espirituwal kundi maging sa bilang. Pinaparangalan ng Diyos ang simbahan na nagpaparangal sa kanyang Salita.

**(4) Dapat na konprontahin ng iglesia ang sanlibutan gamit ang katotohanan ng Biblia.**

Ang tukso na umiwas sa isang makasalanang lipunan ay maaaring maging kaakit-akit na hakbang para sa isang matapat na Kristiyano. Sa oras ng kaguluhan, mas madaling umatras at pumasok na lang sa mga pader ng simbahan at iwan ang sanlibutan sa kanyang kapalaran.

Subalit, ipinapakita sa pag-aaral ng biblikal na kasaysayan na ang Diyos ay nagbangon ng mga kalalakihan na tulad ni Daniel upang harapin ang isang paganong pinuno. Ginamit ng Diyos si Elias upang konprontahin si Haring Ahab. Tinawag ng Diyos si Pablo upang magpatotoo sa harapan ng Romanong si Caesar. Tinatawag ng Diyos ang kanyang bayan upang harapin ang mundo gamit ang kanyang mensahe.

> "Nais kong maranasan
> parehas na sakit at kahirapan
> ni Jesus sa krus ay pinagdaanan;
> ang sibat sa Kanyang tagiliran
> ang hapdi sa Kanyang puso't kalooban.
> mas nanaisin ko pang maramdaman
> paang nakakadena sa kahirapan
> sa halip na magtungo sa Ehipto
> sakay ng karwahe ni Faraong
> ubod ng yaman."
> - Simon Zhao,
> Isang himno mula sa bilangguan,
> Hinalaw mula sa *Back to Jerusalem*

Ang pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia ay nagpapakita na ang Diyos ay patuloy na tumatawag sa kanyang iglesia na harapin ang sanlibutan gamit ang mensahe ng Biblia. Sa *Surbey ng Kasaysayan ng Iglesia 1,* pinag-aralan natin si Athanasius na halos mag-isang tumayo laban sa maling doktrina, na para na ring isang paninindigan laban sa buong sanlibutan. Sa pamamagitan ni Athanasius, ang orthodox na doktrina ay naingatan laban sa mga atake ng mga tagasunod ni Arius. Sa ganito ring paraan, si William Wilberforce ay tumayo rin laban sa sanlibutan gamit ang mensahe ng Biblia at hinatulan ang pangangalakal ng mga alipin sa pamamagitan nito. Paulit-ulit nating makikita na ibinabangon ng Diyos ang kanyang Iglesia upang ipahayag ang kanyang katotohanan sa ating sanlibutan. Kaya't hindi tayo dapat magtago sa pribado nating pananampalataya; kundi dapat nating ipahayag ang katotohanan sa madla.

## Konklusyon

Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng Iglesia, nakikinabang tayo sa maraming paraan. Natututo tayo ng mga positibong aral mula sa mga bayani ng nakaraan; nakakatanggap tayo ng mga babala mula sa mga pagkakamali ng nakaraan. Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng Iglesia, nauunawaan natin ng maigi kung saan nag-ugat sa kasaysayan ang ating lokal na simbahan at theolohikal na pananaw. Sa ating pag-aaral ng kasaysayan ng Iglesia, natututo tayong bigyang ng pagkakaiba ang mga paniniwala na sentral sa Kristyanong pananampalataya at yaong mga paniniwala na maituturing na sekondarya at nakaugnay sa mga popular na tradisyon o panahon sa kasaysayan.

Magpatuloy ka sa pagbabasa ng kasaysayan ng iglesia at magbasa ng mga talambuhay ng mga dakilang Kristiyano. At sa iyong pagbabasa, hilingin mo sa Diyos na ituro sa iyo ang mga aral na tutulong sa iyo upang maging mabisang lider ng kasalukuyang simbahan.

►Talakayin ninyo ang mga aral na inyong natutunan sa pag-aaral ng kasaysayan ng iglesia. Ano ang ilan sa mga positibong aral na gagabay sa inyong ministeryo? Ano ang ilan sa mga babala na mag-iingat sa inyo na magkamali? Maghanap ng mga paraan na mailalapat mo ang mga aral sa kasaysayan ng iglesia sa iyong ministeryo.

## Pagtatapos ng Kursong Proyekto

Ibibigay sa iyo ng iyong tagapagturo ang takdang petsa para sa proyekto ng kurso. Magpasa ng 6-8 pahinang papel hinggil sa paglaganap ng Kristiyanismo sa iyong bansa o sa iyong kinabibilangang grupo. Ang papel na ito ay dapat na naglalaman ng tatlong bahagi:

1. Ang kwento ng pagdating ng ebanghelyo sa iyong mga kababayan
2. Isang pagsusuri sa kalakasan ng simbahan sa iyong pamayanan
3. Isang pangitain o hangarin para sa pagpapaunlad at impluwensya ng simbahan sa susunod na 20 taon

Kung aaprubahan ng inyong tagapamuno, maaari mong gawin ang paghahanda ng papel na ito na kasama ang iyong kaklase.

# Mga Mungkahing Babasahin

### Na Suplemento para sa Buong Kurso

Ang kurso na ito ay nasa pambungad na antas ng kurso. Magbibigay ito sa iyo ng pangunahing balangkas ng kasaysayan ng iglesia. Ang mga mapagkukunan sa pahinang ito ay tutulong sa iyo para sa higit pang pag-aaral. Ang mga susunod na aralin ay magtatala ng karagdagang mga mapagkukunan para sa higit pang malalim na pag-aaral sa bawat yugto ng kasaysayan.

Ang mga ito ay mga primaryong mapagkukunan para sa mga araling ito. Ang mga aklat na ito ay ginamit ng madalas sa buong mga aralin. Maliban sa mga partikular na pagsisipi, ang mga aklat na ito ay hindi inilagay sa footnote.

Cairns, Earle E. *Christianity through the Centuries.* MI: Zondervan, 1996.

*Christian History Institute.* Available ang mga magazine nang libre online sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issues/

Galli, Mark and Ted Olsen. *131 Christians Everyone Should Know.* TN: Broadman and Holman Publishers, 2000.

Gonzalez, Justo L. *The Story of Christianity.* MA: Prince Press, 1999.

Jones, Timothy Paul. *Christian History Made Easy.* CA: Rose Publishing, 2009.

Noll, Mark A. *Turning Points: Decisive Moments in the History of Christianity.* MI: Baker, 2012.

Shelley, Bruce L. *Church History in Plain Language, 3rd ed.* USA: Thomas Nelson, 2008.

Vos, Howard F. *Introduction to Church History*. IL: Moody Press, 1984.

Woodbridge, John D., (ed.) *Great Leaders of the Christian Church*. IL: Moody Press, 1988.

### Aralin 2

Para sa higit pang kaalaman tungkol sa Repormasyon, tingnan ang mga sumunod na mapagkukunan.

Christian History Institute: The Anabaptists. Matatagpuan sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/radical-reformation-the-anabaptists/

Christian History Institute: *Zwingli, Father of the Swiss Reformation.* Matatagpuan sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/zwingli-father-of-the-swiss-reformation/

Christian History. http://www.christianitytoday.com/ch/byperiod/earlymodern

Noll, Mark A. *Turning Points: Decisive Moments in the History of Christianity.* MI: Baker, 2012. Chapters on the Diet of Worms, the English *Act of Supremacy*, and the Founding of the Jesuits.

**Aralin 3**

Para sa higit pang kaalaman tungkol sa panahong ito, tingnan ang mga sumunod na mapagkukunan.

Pearse, Meic. *Baker History of the Church: The Age of Reason*. Baker Books, 2006.

Stark, Rodney. *For the Glory of God*. Princeton University Press, 2004. Ito ay isang mahusay na gawa hinggil sa kung paano itinatag ng Kristiyanismo ang pundasyon para sa modernong agham at kalayaan.

Christian History Institute: *18th Century Hymns.* Matatagpuan sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/golden-age-of-hymns/

Christian History Institute: *Jonathan Edwards and the Great Awakening.* Matatagpuan sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/jonathan-edwards-puritan-pastor-and-theologian/

Christian History Institute: *The Wesleys.* Matatagpuan sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/the-wesleys-founders-of-methodism/

**Aralin 4**

Para sa higit pang kaalaman tungkol sa panahong ito, tingnan ang mga sumunod na mapagkukunan.

Christian History Institute: African Apostles: Black Evangelists in Africa. Matatagpuan sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/african-apostles-black-evangelists-in-africa/

Christian History Institute: Hudson Taylor and Missions to China. Matatagpuan sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/hudson-taylor-and-missions-to-china/

Christian History Institute: David Livingstone. Matatagpuan sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/david-livingstone-missionary-explorer-in-africa/

Christian History Institute: *William Carey and the Great Missions Century.* Matatagpuan sa: https://www.christianhistoryinstitute.org/magazine/issue/william-carey-19th-c-missionary-to-india/

Duewel, Wesley L. *Revival Fire.* MI: Zondervan, 1995.

**Aralin 5**

Para sa higit pang kaalaman tungkol sa kasaysayan ng Wesleyan na tradisyon, tingnan ang mga sumunod na mapagkukunan.

Bassett, Paul M. and William M. Greathouse. *Exploring Christian Holiness, Vol. 2: The Historical Development.* Beacon Hill Press, 1985.

Dieter, Melvin. *The Holiness Revival of the Nineteenth Century*. Scarecrow Press, 1996.

# Tala ng mga Takdang-Aralin

Pangalan ng mag-aaral ______________________________

Lagda sa tuwing natatapos ang bawat takdang-aralin. Lahat ng takdang-aralin ay dapat na tapusin ng maayos upang makatanggap ng katibayan o sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Aralin | Takdang-aralin 1 | Takdang-aralin 2 | Takdang-aralin 3 | Takdang-aralin 4 |
|---|---|---|---|---|
| 1 | | | | |
| 2 | | | | |
| 3 | | | | |
| 4 | | | | |
| 5 | | | | |
| 6 | | | | |
| Proyekto ng Kurso | | | | |

Ang paghingi ng Katibayan ng Pagtatapos ay maaaring hilingin mula sa Shepherds Global Classroom na matatagpuan sa ating webpage www.shepherdsglobal.org. Ang mga katibayan ay ipapadala sa digital na paraan mula sa pangulo ng SGC patungo sa mga guro at tagapangasiwa na siyang nagsasaayos ng aplikasyon ng kanilang (mga) mag-aaral na humihingi ng Katibayan ng Pagtatapos.